KAGAWARAN NG MGA PANGKALAHATANG SERBISYO
OPISINA NG MGA PAGDINIG NA PAMPANGASIWAAN

PAG-UNAWA SA

ANGKOP NA PARAAN NG PAGDINIG SA ESPESYAL NA EDUKASYON

IPINAGKAKALOOB NG

OPISINA NG MGA PAGDINIG NA PAMPANGASIWAAN

2009

PAG-UNAWA SA

ANGKOP NA PARAAN NG PAGDINIG SA ESPESYAL NA EDUKASYON

IPINAGKAKALOOB NG

OPISINA NG MGA PAGDINIG NA PAMPANGASIWAAN

RON DIEDRICH
Direktor at Punong Hukom ng Batas ng Pampangasiwaan

Linda A. Cabatic
Kinatawang Direktor at Katulong na Punong Hukom ng Batas na Pampangasiwaan

Inihanda ng Opisina ng mga Pagdinig na Pampangasiwaan
Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon

Richard Clark
Namumutnugot na Hukom ng Batas ng Pampangasiwaan ng Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon

Debra Huston, Ann MacMurray at **Tim Newlove**
Mga Namamatnugot na Hukom ng Batas na Pampangasiwaan

Inihanda nina

Richard Clark
Peter Paul Castillo
Robert Iafe
Elsa Jones
Darrell Lepkowsky
Mga Hukom ng Batas na Pampangasiwaan

Maligayang paggamit ng unang edisyon ng Patnubay sa Gumagamit ng Opisina ng mga Pagdinig na Pampangasiwaan ng California. Sana ay maging kapaki-pakinabang sa inyo ang Patnubay na ito sa pag-unawa sa paraan at mga pamamaraan na ginagamit ng Opisina ng mga Pagdinig na Pampangasiwaan kapag humahawak ng mga bagay na may kaugnayan sa espesyal na edukasyon.

Lubos na ikinararangal ko ang ginawa ng aking mga tauhan upang makumpleto ang Patnubay na ito at gustong pasalamatan kayo at bigyan ng pagkikala ang mga matatalinong hukom na tumulong na gawin ito. Sa partikular, gusto kong pasalamatan sina Namamatnugot na Hukom Ann MacMurray at Debra Huston para sa kanilang tulong sa pagpatnubay, pagtitipon at pag-aayos nitong Patnubay sa Gumagamit. Gusto ko ring bigyan ng pagkilala at pasalamatan ang mga Hukom ng Batas na Pampangasiwaan na naglaan ng hindi-mabilang na oras upang matiyak na ang Patnubay ng Gumagamit ay kumpleto at kasama ang magagamit na impormasyon na kailangan upang gawin ito na isang tunay na masaklaw at kapaki-pakinabang na instrumento para sa partidong kalahok sa mga bagay na kaugnay ng espesyal na edukasyon. Ang mga hukom na nagtrabaho sa manwal na ito ay sina: Richard Breen, Peter Paul Castillo, Robert Iafe, Elsa Jones, at Darrell Lepkowsky. Kung wala ang kanilang pagtatalaga ng sarili at dedikasyon sa lugar na ito ng batas, ang Patnubay na ito ay hindi sana nagawa. Pangwakas, gusto ko ring bigyan ng pagkilala ang lahat ng ating mga Hukom na Batas na Pampangasiwaan sa Espesyal na Edukasyon na walang-pagod na nagtatrabaho. Sila ay mga dedikado at nakalaang tiyakin na ang mga kabilang sa komunidad ng espesyal na edukasyon ay pantay-pantay na napaglilingkuran sa ilalim ng pang-estado at pederal na batas.

Noong simulan namin ang paglalathala ng Patnubay sa Gumagamit para sa mga angkop na paraan ng mga bagay sa espesyal na edukasyon sa California, ito ay isang mahirap na gawain at may mga pagkakataon na hindi namin matiyak kung ano ang magiging anyo ng pangwakas na produkto. Ang pangwakas na bersiyon ng Patnubay sa Gumagamit ay humigit sa inaasahan, at matapat kong hangarin na ang Patnubay na ito ay makapagbukas ng mga pinto ng paggamit sa sistema ng angkop na paraan sa espesyal na edukasyon sa California.

Matapat,

RON DIEDRICH
DIREKTOR AT PUNONG HUKOM NG BATAS NA PAMPANGASIWAAN

Mga Panrehiyong Opisina				
Los Angeles **320 West Fourth Street** **Suite 639** **Los Angeles, CA 90013** **(213) 576-7200** **(213) 576-7244 fax**	**Oakland** **115 Clay Street** **Suite 206** **Oakland, CA 94612** **(510) 622-2722** **(510) 622-2743 fax**	**San Diego** **1350 Front Street** **Suite 6022** **San Diego, CA92101** **(619) 525-4475** **(619) 525-4419 fax**	**Laguna Hills** **23046 Avenida de la Carlota** **Suite 750** **Laguna Hills, CA 92653** **(949) 598-5850** **(916) 376-6319 fax**	**Van Nuys** **15350 Sherman Way** **Suite 300** **Van Nuys, CA 91406** **(818) 904-2383** **(916) 376-6319 fax**

Ano ang nasasakop ng patnubay na ito?

Ang patnubay na ito ay nagtataglay ng mga sagot sa mga madalas itanong tungkol sa paraan ng pagdinig upang tulungan ang mga magulang na higit na maintindihan ang sistema ng California sa paglutas ng hidwaan sa espesyal na edukasyon. Hindi ninyo kailangang basahing lahat ito upang simulan ang paraan, pero maaaring makatulong sa inyo na magkaroon ng karagdagang kaalaman o mas mabuting pangkalahatang pagkaunawa sa paraan bago ninyo kumpletuhin ang mga pormularyo upang iharap ang inyong kaso. Ang mga pormularyong ito – makukuha sa pamamagitan ng Opisina ng mga Pagdinig na Pampangasiwaan (Office of Administrative Hearings, OAH) – ay nagpapaliwanag sa sarili, at maaari ninyong makita na ang mga ito ay nagtataglay ng lahat ng mga tagubilin na kailangan ninyo upang masimulan ang paraan.

Bagaman ang patnubay na ito ay hindi nag-aalay ng payong pambatas, ito ay nagbibigay ng balangkas kung paano ang paghiling, paghahanda, at paglahok sa pamamagitan at angkop na paraan ng pagdinig sa espesyal na edukasyon. Mas maintindihan ninyo ang tungkol sa paraan, mas mabisang makakapaghanda kayo at makakapagharap ng inyong kaso. Para sa ilan, ang mga paraang ito ay maaaring nakakatakot kung minsan, at inaasahan namin na ang publikasyong ito ay tutulong na sagutin ang anumang mga tanong at lilikha ng positibong karanasan para sa mga kalahok.

Kung ang inyong mga tanong ay hindi nasagot dito, makipag-ugnayan po lamang sa aming mga tauhan sa opisina ng Espesyal na Edukasyon sa Sacramento sa (916) 263-0880. Ang impormasyon ay makukuha rin sa Web site ng OAH sa http://www.oah.dgs.ca.gov/Special+Education/Default.htm at sa pamamagitan ng aming outreach training sessions.

Ang unang seksyon – "Ang mga Basiko" – ay kukuha ng isang halimbawang kaso at dadalhin ito sa paraan upang makita ninyo kung paano ito dumadaloy. Ang ikalawang seksyon ay hinati sa isang detalyadong tanong-at-sagot na anyo. Maaari ninyong basahin ang mga pahina upang matagpuan ang impormasyong hinanahap ninyo o gumawa ng isang paghahanap sa pamamagitan ng isang pangunahing salita. At tandaan, ang aming mga tauhan ay isang telepono lamang ang layo para sa karagdagang patnubay.

Makukuha sa ibang mga wika o anyo: Ang patnubay na ito ay makukuha sa Ingles, Kastila, Biyetnamis, Kantones, Tagalog, at Hmong. Maaari ninyong hilingin ito sa isang wikang iba sa mga wikang ito sa pamamagitan ng pagpapadala ng isang nakasulat na kahilingan sa OAH. Maaari ninyong ihanda ang inyong kahilingan sa inyong katutubong wika. Maihahanda rin ng OAH ang patnubay na ito sa ibang mga typface, sa mas malaking mga letra o sa teyp. Kung kailangan ninyong matanggap ang patnubay sa ibang paraan, makipag-ugnayan lamang sa OAH.

Mga pagpapakahulugan ng mga katawagan na ginamit sa patnubay: Sa katawagang "magulang," gaya ng pagkakagamit sa patnubay na ito, ay kabilang ang mga magulang, legal na tagapangalaga, o ang humahawak ng mga karapatang pang-edukasyon ng isang estudyante na may kapansanan o hinihinalang nagtataglay ng kapansanan. Kabilang din dito ang isang estudyante na nagtataglay, o hinihinalang nagtataglay, ng kapansanan at 18 taong gulang o mas matanda. Sa katawagang "distrito ng paaralan" ay kabilang ang mga lokal na ahensiyang pang-edukasyon, na kabilang ang lahat ng mga ahensiyang pang-edukasyon na kaugnay sa mga desisyong pang-edukasyon tungkol sa isang estudyanteng may kapansanan, tulad ng mga distrito ng paaralan at mga opisina ng ng edukasyon ng county. Sa katawagang "distrito ng paaralan" ay maaaring kabilang din ang isang kagawaran ng kalusugan ng county kung ito ay nagkakaloob ng mga serbisyo sa isang estudyanteng may kapansanan, isang lokal na lugar ng plano sa espesyal na edukasyon (special education local plan

area, SELPA) o isang nakakontratang paaralan Ang katawagang "partido" ay nangangahulugang isang tao o entidad (isang distrito ng paaralan, halimbawa) na kalahok sa isang angkop na paraan na pagdinig na apektado ng mga aksyon o bunga nito.

Ang inyong mga karapatang pang-edukasyon: Ang *Batas sa Edukasyon ng mga Indibidwal na May mga Kapansanan (Individuals with Disabilities Education Act,* IDEA) (20 U.S.C. § 1400 *at kasunod*) ay isang pederal na batas na nag-aatas (1) na ang lahat ng mga batang may mga kapansanan ay dapat tumanggap ng isang libreng angkop na pampublikong edukasyon (free appropriate public education, FAPE) na nagbibigay-diin sa espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo na idinisenyo upang matugunan ang kanilang mga hindi pangkaraniwang pangangailangan, at upang ihanda sila para sa higit pang edukasyon, trabaho, at independiyenteng pamumuhuhay; at (2) na ang mga karapatan ng mga batang may mga kapansanan at ng mga magulang ng mga naturang bata ay pinoprotektahan.

***Pagtanggi**: Ang layunin ng patnubay na ito ay hindi upang magkaloob ng payong pambatas at hindi dapat ipakahulugan na gayon. Ito ay hindi nagpapalawak o naglilimita ng hurisdiskiyon ng OAH gaya ng itinatag ng batas at regulasyon. Wala sa manwal na ito na dapat maglimita sa pagpapasiya ng mga hukom na batas na pampangasiwaan na kumilos nang ayon sa batas at regulasyon.*

***Mga Pagbabago**: Pinananatili ng OAH ang karapatang baguhin, suspendihin, o pawalang-bisa ang teksto ng manwal na ito anumang oras na ipasiya nito. Para sa impormasyon tungkol sa kung paano makakakuha ng pinakabagong bersiyon ng patnubay na ito o magbigay ng mga komentaryo tungkol dito, makipag-ugnayan sa Opisina ng mga Pagdinig na Pampangasiwaan sa (916) 263-0880.*

Bagaman ang Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon ay may tatlong panrehiyong opisina na matatagpuan sa Sacramento, Van Nuys, at Laguna Hills, ito ay tumatakbo bilang isang ahensiyang naglilingkod sa mga pangangailangan ng mga partido sa buong estado. Ang Sacramento ay ang sentral na opisina, at lahat ng mga paghiling ng pagdinig at pamamagitan at mga dokumento ay dapat iharap sa Sacramento, kahit saan ka man naninirahan. Ang impormasyon tungkol sa matatawagan para sa OAH ay nakalista sa ibaba:

Mga Opisina ng Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon
Direksiyong pangkoreo para sa lahat ng mga dokumento sa espesyal na edukasyon:
2349 Gateway Oaks Drive, Suite 200
Sacramento, CA 95833-4231
Numero ng Fax (para sa lahat ng mga opisina): (916) 376-6319
Pambuong-estadong linya ng pagkansela pagkatapos ng mga regular na oras/pakikipag-ayos:
(916) 274-6035
Opisina sa Sacramento (916) 263-0880
Opisina sa Van Nuys (818) 904-2383
Opisina sa Laguna Hills (949) 598-5850

Ano ang Opisina ng mga Pagdinig na Pampangasiwaan (Office of Administrative Hearing, OAH)?

Ang OAH ay isang independiyenteng ahensiya ng estado na nagkakaloob ng mga serbisyong paglutas para sa mga indibidwal at mga ahensiya ng pamahalaan na nasa isang hidwaan. Ang OAH ay nagsasagawa ng mga pagdinig na kaayon ng ating pahayag ng misyon upang magkaloob ng isang walang-kinikilingang talakayan para sa makatarungan at independiyenteng paglutas ng mga bagay sa isang propesyonal, mabisa, at bagong paraan, tinitiyak ang angkop na paraan at iginagalang ang dignidad ng lahat.

Ang OAH ay hinati sa dalawang bahagi: Ang Dibisyon ng Pangkalahatang Hurisdiksiyon at ang Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon. Ang Dibisyon ng Pangkalahatang Hurisdiksiyon ay humaharap ng maraming magkakaibang uri ng mga bagay sa paglilisensiya, tulad ng mga lisensiya sa tunay na ari-arian, kontratista, at kosmetolohiya, kapag ang estado ay nagkakait ng lisensiya o naghahangad na disiplinahan ang isang taong humahawak ng lisensiya. Ang Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon ay nagkakaloob ng mga serbisyong paglutas ng hidwaan sa California para sa mga angkop na paraan ng pagdinig sa espesyal na edukasyon. Ang OAH ay nagsasagawa ng mga serbisyong pagdinig, pamamagitan, at pag-aayos sa buong estado sa mga partidong kasangkot sa mga hidwaan sa espesyal na edukasyon, kabilang ang mga magulang ng mga estudyanteng may mga kapansanan, mga distrito ng paaralan, mga lokal na plano ng lugar sa espesyal na edukasyon (special education local plan areas, SELPAs), mga kagawaran sa kalusugan ng isip ng county at mga nakakontratang paaralan. Ang OAH ay nagkakaloob ng mga tagapamagitan at hukom na masipag na nagtatrabaho bilang isang walang-kinikilingang partido na tumutulong sa mga magulang at mga distrito ng paaralan na ayusin ang kanilang mga pinagtatalunan habang sumusunod sa itinatag na mga tuntunin ng batas. Ang hangarin ng bawat isa ay tiyakin na ang mga estudyanteng may mga kapansanan ay tumatanggap ng mga pagkakataong pang-edukasyon sa loob ng balangkas ng mga batas at regulasyon na namamahala sa espesyal na edukasyon sa loob ng estado ng California. Ang pangunahing hangarin ng OAH ay tiyakin na ang batas ay sinusunod at ang parehong panig ay tumatanggap ng isang makatarungan at walang-pinapanigang paraan ng pagdinig.

TALAAN NG MGA NILALAMAN

Ang mga Basiko…….....…….1

Halimbawa
Pamamagitan lamang O Pamamagitan na susundan ng isang angkop na paraan ng pagdinig
Pagkuha ng iyong mga pormularyo
Paghaharap ng iyong kaso
Pamamagitan laban sa angkop na paraan ng pagdinig.
Ang "angkop na paraan ng pagdinig"

BAHAGI 1: Angkop na paraan……...…….……5

Ako ba ay inaatasang gumamit ng abugado o tagapagtaguyod sa mga pamamaraan sa harap ng OAH?
Paano ako makakahanap ng isang libre o murang abugado o tagapagtaguyod?
Paano kung kailangan ko ng isang interpreter o ibang mga kaluwagan?

BAHAGI 2: Mga uri ng mga pamamaraan……6

Ano ang paghiling ng pamamagitan at angkop na paraan ng pagdinig?
Ano ang pagkakaiba ng paghiling ng "pamamagitan lamang" at paghiling ng pamamagitan *at* angkop na paraan ng pagdinig?
Ano ang pinadaling angkop na paraan ng pagdinig?
Sino ang nagpapasiya kung ang isang bagay ay magiging "pinadali"?
Mayroon bang nakahiwalay na pormularyong magagamit para sa isang pinadaling angkop na paraan ng pagdinig?
Sino ang maaaring magharap ng kahilingan para sa pamamagitan lamang o kahilingan para sa pamamagitan at angkop na paraan ng pagdinig?
Saan ako makakakuha ng pormularyo ng kahilingan para sa pamamagitan o kahilingan para sa pamamagitan at angkop na paraan ng pagdinig?
Inaatasan ba ako na gamitin ang mga pormularyo?
Anong impormasyon ang dapat isama sa pormularyo?
Paano kung kailangan ko ng tulong sa pagkumpleto ng isang pormularyo?
Paano at saan ko ihaharap ang mga kinumpletong pormularyo?
Maaari bang magharap ang isang distrito ng paaralan ng kahilingan para sa pamamagitan lamang o kahilingan para sa pamamagitan at angkop na paraan ng pagdinig?
Inaatasan ba ang distrito ng paaralan na sumagot sa aking kahilingan para sa pamamagitan at angkop na paraan ng pagdinig?

BAHAGI 3: Ang utos na pagtatakda……11

Ano ang mangyayari pagkatapos iharap ang isang kahilingan para sa isang angkop na paraan ng pagdinig o kahilingan para sa pamamagitan lamang?
Ang mga takdang panahon at pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa iniharap-ng-magulang na mga kahilingan para sa pamamagitan at angkop na paraan ng pagdinig
Ang mga takdang panahon at pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa iniharap-ng-distrito na mga kahilingan para sa pamamagitan at angkop na paraan ng pagdinig
Ang mga takdang panahon at pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa kahilingan para sa mga "pinadaling" angkop na paraan ng pagdinig na iniharap ng isang distrito o isang magulang
Ang mga takdang panahon at pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa mga kahilingan para sa pamamagitan lamang na iniharap ng isang distrito o isang magulang

BAHAGI 4: Ang sesyon ng paglutas……13

Ang sesyon ba ng paglutas ay maaaring kanselahin o talikdan?
Inaatasan ba ako na lumahok sa sesyon ng paglutas?
Ano ang layunin ng isang sesyon ng paglutas?
Sino ang dumadalo sa sesyon ng paglutas?
Paano ako maghahanda para sa sesyon ng paglutas?
Maaari ba akong magdala ng abugado o tagapagtaguyod sa sesyon ng paglutas?
Paano kung kailangan ko ng isang interpreter sa sesyon ng paglutas?
Paano kung ang kaso ay naayos sa sesyon ng paglutas?
Paano kung sumang-ayon ako sa isang bagay sa sesyon ng paglutas, at saka nagbago ang aking isip at gustong kanselahin ito?
Paano kung ang kaso ay hindi naayos sa sesyon ng paglutas?
Paano kung ang distrito ng paaralan ay hindi nagpapatupad ng kasunduang nagawa sa sesyon ng paglutas?
Ano ang pagkakaiba ng isang sesyon ng paglutas at pamamagitan?
Ano ang nangyayari sa angkop na paraan ng pagdinig kapag ang isang kasunduan ay nagawa sa isang sesyon ng paglutas?

BAHAGI 5:
Pamamagitan……..…19

Ano ang mga benepisyo ng pamamagitan?
Ano ang "pamamagitan lamang" at kailan ito ginaganap?
Kailan pangkaraniwang ginaganap ang pamamagitan?
Paano ko babaguhin ang petsa ng pamamagitan kung hindi ako makakadalo sa nakatakdang petsa?
Paano kung ang isa sa mga partido ay ayaw lumahok sa pamamagitan?
Ano ang tagapamagitan?
Ano ang tungkulin ng tagapamagitan?
Sino ang pangkaraniwang dumadalo sa pamamagitan?
Maaari ko bang irekord sa teyp ang pamamagitan?
Paano ako maghahanda para sa pamamagitan?
Ano ang mga benepisyo ng pamamagitan?
Ano ang nangyayari sa panahon ng pamamagitan?
Ano ang mangyayari kung maayos namin ang hindi pinagkakasunduan sa pamamagitan?
Ano ang mangyayari kung walang kasunduang nagawa sa pamamagitan?
Paano kung hindi namin nalutas ang kaso sa pamamagitan, pero gustong subukan ang isa pang pamamagitan?

BAHAGI 6: Ang komperensiya sa boluntaryong pag-aayos……23

Ano ang pagkakaiba ng komperensiya sa boluntaryong pag-aayos sa pamamagitan?
Paano ako hihiling ng isang komperensiya sa boluntaryong pag-aayos?
Saan ginaganap ang komperensiya sa pag-aayos?
Ano ang mga pahayag ng komperensiya sa pag-aayos?
Ano ang dapat kong dalhin sa komperensiya sa pag-aayos?
Kompidensiyal ba ang komperensiya sa pag-aayos?
Maaari ko bang irekord sa teyp ang komperensiya sa pag-aayos?
Ano ang mangyayari sa katapusan ng komperensiya sa pag-aayos?

BAHAGI 7: Ang komperensiya bago ang pagdinig……25

Paano kung ipasiya ko na kumuha ng isang abugado o tagapagtaguyod bago ang komperensiya bago ang pagdinig?
Paano ko malalaman kung kailan gaganapin ang komperensiya bago ang pagdinig?
Ano ang mangyayari kung wala akong komperensiya bago ang pagdinig?
Kailangan ko bang dumalo sa komperensiya bago ang pagdinig?
Sino ang mamamatnugot sa komperensiya bago ang pagdinig?
Irerekord ba ang komperensiya bago ang pagdinig?
Maaari ko bang irekord ang komperensiya bago ang pagdinig gamit ang aking sariling kagamitan?
Kailangan ko bang maghanda para sa komperensiya bago ang pagdinig?
Ano ang tinatalakay sa komperensiya bago ang pagdinig?
Ano ang utos na kasunod ng komperensiya bago ang pagdinig?
Maaari ba akong humiling ng pamamagitan sa komperensiya bago ang pagdinig?
Ano ang aking mga mapipili kung hindi ko maihanda ang aking pahayag sa komperensiya bago ang pagdinig at maihain tatlong araw bago ang komperensiya bago ang pagdinig, o kung hindi ako makadalo sa komperensiya bago ang pagdinig?

BAHAGI 8: Mga mungkahi at mga paunawa ng di-kasapatan……29

Ano ang dapat taglayin ng isang mungkahi?
Saan ako maghaharap ng isang mungkahi?
Paano ako sasagot sa isang mungkahing iniharap ng distrito?
Ano ang ilang halimbawa ng mga mungkahi?
Ano ang paunawa ng di-kasapatan (notice of insufficiency, NOI)?
Mga halimbawa ng mga pahayag ng di-kasapatan

BAHAGI 9: Paghahanda para sa angkop na paraan ng pagdinig……33

Ano ang angkop na paraan ng pagdinig?
Ano ang pasanin ng pagpapatunay at sino ang may pasanin ng pagpapatunay sa pagdinig?
Ano ang pamantayan ng pagpapatunay sa pagdinig?
Ano ang mga eksibit at paano inihahanda ang mga ito?
Maaari ba akong gumamit ng audio na pagrekord ng isang pulong ng IEP bilang isang eksibit sa angkop na paraan ng pagdinig?
Maaari ko bang iharap ang mga rekord ng aking anak bilang ebidensiya sa pagdinig?
Paano ko magagamit ang mga rekord ng aking anak sa paaralan?
Paano kung hindi ibigay sa akin ng distrito ng paaralan ang mga rekord?
Paano ko makukuha ang mga dokumentong walang kaugnayan sa paaralan?
Ano ang kailangan kong malaman tungkol sa mga testigong gusto kong magbigay ng testimonya sa angkop na paraan ng pagdinig?
Paano ko mapapaharap ang isang testigo kung hindi siya sumasang-ayon na humarap?
Magkakaroon ba ng interpreter para sa pagdinig?
Makakagamit ba ako ng mga testigo sa pagdinig at paano ko gagawin iyon?
Paano kung gusto kong gumamit ng isang ekspertong testigo?
Paano kung kailangan kong ipagpatuloy (ipagpaliban) ang mga unang petsang nakatakda para sa angkop na paraan ng pagdinig?
Ano ang ilang halimbawa ng "magandang dahilan" para sa pagpapaliban?
Paano kung kailangan ko ng karagdagang pagpapaliban?
Mayroon bang ibang mahalagang bagay na dapat kong malaman bago ang angkop na paraan ng pagdinig?
Saan ginaganap ang angkop na paraan ng pagdinig?
Ano ang dapat kong gawin kung mahuhuli na ako sa pagdinig?

Kailan ako magkakaloob ng kopya ng aking tagabigkis ng eksibit sa hukom at isang kopya para gamitin ng mga testigo na magbibigay ng testimonya sa pagdinig?
Saang lugar ko patitigilin ang aking mga testigo sa panahon ng pagdinig?
Ang mga selular na telepono ay ipinahihintulot ba sa silid ng pagdinig?
Irerekord ba ang pagdinig?
Maaari ko bang irekord ang pagdinig gamit ang aking sariling kagamitan?
Paano kung ipasiya ko na kumuha ng isang abugado o tagapagtaguyod bago ang angkop na paraan ng pagdinig?
Paano kung ipasiya ko na ang isa pang pamamagitan ay maaaring lumutas ng kaso bago ang angkop na paraan ng pagdinig?

BAHAGI 10: Ano ang nangyayari sa angkop na paraan ng pagdinig.....42

Kailan opisyal na magsisimula ang angkop na paraan ng pagdinig, at ito ba ay inirerekord?
Ano ang "mga pagharap ng partido para sa rekord" at ang "panunumpa"?
Ano pa ang dapat kong malaman tungkol sa mga pamamaraan?
Ano ang mga pambungad na pahayag?
Paano gumagana ang testimonya ng testigo?
Paano hinahawakan ang aking testimonya?
Ano ang kailangan kong ipakita upang tanggapin bilang ebidensiya ang dokumento mula sa aking tagabigkis ng eksibit sa angkop na paraan ng pagdinig?
Paano ko sasalungatin ang mga dokumento o testimonya?
Ano ang gagawin ko kung hindi ako sumasang-ayon sa isang tanong na itinatanong ng ibang tao o sa isang dokumentong binanggit ng isang testigo o ibang partido?
Maaari bang ibigay ang testimonya sa pamamagitan ng telepono sa pagdinig?
Ano ang dapat kong gawin sa katapusan ng araw ng pagdinig?
Paano tinatapos ang pagdinig?
Kailan ko dapat asahan ang isang desisyon?
Paano kung hindi ako sumasang-ayon sa desisyon?

BAHAGI 11: Ang pagtatalaga ng ukom ng batas na pampangasiwaan (administrative law judge, ALJ) at paano sasalungatin ito….50

Paano ko sasalungatin ang pagtatalaga ng hukom ng batas na pampangasiwaan?
Ano ang paunang pagsalungat?
Ano ang isang hamon para sa dahilan?

BAHAGI 12: Paghahanap ng mga batas na angkop sa mga pagdinig sa espesyal na edukasyon……..…52

Ano ang mga pinagkukunan ng batas sa espesyal na edukasyon?
Paano ko mahahanap ang mga batas, regulasyon at desisyon?
Mga tagatulong sa internet
Paano ko gagawin ang mga pananaliksik ng batas?

BAHAGI 13: Mga akronima sa espesyal na edukasyon at glosaryo ng mga katawagan…….56

BAHAGI 14: Mga pormularyo sa espesyal na edukasyon…….64

Pormularyo 1: Kahilingan para sa pamamagitan lamang

Pormularyo 2: Kahilingan para sa pamamagitan at angkop na paraan ng pagdinig
Pormularyo 3: Katunayan ng paghahain
Pormularyo 4: Utos na pagtatakda at paunawa ng angkop na paraan ng pagdinig at pamamagitan
Pormularyo 5. Kahilingan para sa pagpapaliban ng unang petsa ng pagdinig sa espesyal na edukasyon
Pormularyo 6: Kahilingan para sa pagpapaliban batay sa magandang dahilan
Pormularyo 7. Utos na pagtatakda at paunawa ng DOBLENG angkop na paraan ng pagdinig at pamamagitan
Pormularyo 8: Utos na pagtatakda para sa pamamagitan lamang
Pormularyo 9: Pinagsamang pagtalikdan sa pulong ng paglutas
Pormularyo 10: Kahilingan na agahan ang mga petsa ng pagdinig
Pormularyo 11: Paunawa ng komperensiya sa pag-aayos
Pormularyo 12: Halimbawang pahayag sa komperensiya bago ang pagdinig
Pormularyo 13: Subpoena
Pormularyo 14: Halimbawang utos kasunod ng komperensiya bago ang pagdinig
Pormularyo 15: Halimbawang kahilingan para sa pagpapaliban ng komperensiya bago ang pagdinig
Pormularyo 16: Halimbawang paunawa ng di-kasapatan (notice of insufficiency, NOI)?
Pormularyo 17: Halimbawang mungkahi para manatili

Ang mga Basiko

Halimbawa:

Sabihin natin na mayroon kang 8-taong-gulang na anak na may kapansanan. Ang huling pagtaya ay nagrekomenda na ilagay siya sa mga klase sa espesyal na edukasyon para sa lahat ng mga asignatura. Gayunman, nadama mo na dapat siyang ilagay sa mga regular na klase na may espesyal na isa-sa-isang tulong. Hindi sumasang-ayon ang paaralan at hindi susunod sa iyong kahilingan.

Kapag nagkaroon ng hindi pagkakasundo tungkol sa isang batang may (o hinihinalang may) mga pangangailangan ng espesyal na edukasyon, may ilang mapipili ka sa pamamagitan ng OAH. Maaari kang magharap ng kahilingan para sa:

Pamamagitan na susundan ng isang angkop na paraan ng pagdinig
O
Pamamagitan lamang

Anuman ang ipasiya mo, ang iyong kahilingan ay dapat na nakasulat, at ang OAH ay may mga pormularyo para sa layuning ito.

Pamamagitan na susundan ng isang angkop na paraan ng pagdinig

Karamihan ng mga tao ay humihiling ng Pamamagitan na susundan ng isang angkop na paraan ng pagdinig Ang ganitong uri ng pagharap ay ang pinakatanyag dahil ito ay nagkakaloob ng mga benepisyo ng pamamagitan at, kung ang kaso ay hindi nalutas sa pamamagitan, ang kaso ay tutuloy kaagad sa pagdinig pagkatapos ng nakatakdang pamamagitan.

Pamamagitan

Karamihan sa mga kaso sa espesyal na edukasyon ay nilulutas sa pamamagitan. Ang pinakatanyag at matagumpay na mapipili ay pamamagitan. Ang totoo, hindi lamang OAH ang malakas na humihimok ng pamamagitan, kundi ang pang-estado at pederal na batas din. Ang pamamagitan ay isang boluntaryo, kompidensiyal, di-pormal na pulong kung saan ang mga partido at isang makaranasan, walang-pinapanigang tagapamagitan ay nagsisikap na lutasin ang hidwaan sa isang nagtutulungang atmospera. Ang tagapamagitan ay pumapatnubay sa mga pag-uusap mo at ng mga kinatawan ng distrito ng paaralan. Ang paggamit ng pamamagitan ay naging lubos na matagumpay sa pagtulong sa mga magulang at distrito na ayusin ang kanilang mga pinagtatalunan at humantong sa isang resulta na kasiya-siya sa bawat isa.

Ang hangarin ng tagapamagitan, na itinalaga ng OAH, ay tumulong na lutasin ang hidwaan sa pamamagitan ng pagpapadali sa talakayan at negosasyon – pinahihintulutan ang parehong partido na masabi ang gustong sabihin at magbigay ng mga opinyon. Maaari ka ring humiling ng ibang tagapamagitan kung ayaw mo ng itinalaga ng OAH. Maaari ka ring bigyan ng isang interpreter kung hindi Ingles ang iyong pangunahing wika.

Ang tagapamagitan ng OAH ay ang walang-pinapanigang gumigitna, nagsisikap na ipaliwanag sa bawat kalahok kung saan nanggagaling ang kabilang partido, humahanap ng isang panggitnang

posisyon na maaaring magkasundo ang lahat, at humahanap ng isang landas na pasulong para sa lahat, at pinakamahalaga, para sa iyong anak.

Ang pamamagitan ay mas madali kaysa malamang ipalagay tungkol dito. Ito ay bahagi ng pang-araw-araw na buhay. Sumasailalim tayo sa pamamagitan upang bumili ng kotse, gumagawa tayo sa pamamagitan sa ating mga bata pang anak tungkol sa kung gaano katagal siya maaaring manatiling gising at gumagawa tayo sa pamamagitan sa ating mga asawa tungkol sa mga gawaing-bahay. Ito ay isang tanyag na paraan dahil walang paghihintay para sa isang nakasulat na desisyon mula sa isang hukom, ang mga magulang ay mas may kontrol sa bunga at mga resulta na maaaring bigyan ng bisa kaagad.

Ang pamamagitan ay laging magagamit ninyo kahit kailan sa panahon ng paraan, humingi man kayo ng pamamagitan lamang o nagharap ng kahilingan para sa pamamagitan at angkop na paraan ng pagdinig.

Ang "angkop na paraan ng pagdinig:"

Ito ang kasunod na hakbang kung ang isang kasunduan ay hindi nagawa sa panahon ng pamamagitan, o, kung pinili mo na dumiretso sa yugtong ito nang walang pamamagitan. Kabilang sa ilang pangunahing punto ang mga sumusunod:

- Ang mga pagdinig ay digital na nakarekord
- Ang mga pagdinig ay pangkaraniwang ginaganap sa isang lugar na makatwirang maginhawa sa magulang, pangkaraniwang ang lugar ng paaralan o opisina ng distrito
- Ang alinmang panig ay maaaring kumuha ng abugado o tagapagtaguyod upang kumatawan sa, o katawanin ang mga sarili
- Ang mga interpreter ay ipinagkakaloob ng OAH pagkatapos hilingin
- Ang isang pangwakas na nakasulat na desisyon ay inilalabas pagkatapos isumite ang kaso
- Kung hindi ka sumasang-ayon sa mga ipinasiya ng hukom, maaari kang magharap ng apela sa loob ng 90 araw sa pang-estado o pederal na hukuman

Ang isang angkop na paraan ng pagdinig ay isang mas pormal, parang-paglilitis na pamamaraang pambatas kung saan ang mga partido ay binibigyan ng pagkakataon na magharap ng ebidensiya at mga pangangatwiran sa harap ng isang walang-pinapanigang hukom ng batas na pampangasiwaan (administrative law judge, ALJ). Ang ALJ ay maglalabas naman ng isang nakasulat na desisyon, na isang pangwakas na desisyong pampangasiwaan tungkol sa mga isyu. Sa isang angkop na paraan ng pagdinig, ipinauubaya mo ang kontrol sa bunga, iniiwan ito sa mga kamay ng isang ALJ na siyang gagawa ng desisyon. Bagaman ang ALJ ay lubos na sinanay upang magtaya ng kalagayan at makagawa ng isang makatarungang desisyon, ang desisyon gayunman ay wala sa iyong mga kamay. Hinihimok ng OAH ang mga partido na ayusin ang kanilang mga hidwaan sa pamamagitan ng pamamagitan bago ang isang pagdinig dahil hindi kilala ng ALJ ang iyong anak na tulad ng pagkakakila mo, at maaaring hindi ka masiyahan sa desisyon ng ALJ. Kapag kayo mismo ang nag-ayos ng hidwaan, may kontrol kayo sa bunga at sa mangyayari sa programang pang-edukasyon ng iyong anak.

Pamamagitan lamang

Maaari kayong humingi ng isang tagapamagitan upang tumulong sa inyo na talakayin at lutasin ang mga pinagtatalunan ninyo ng distrito ng paaralan sa pamamagitan ng paghaharap ng kahilingan para sa pamamagitan lamang. (Tingnan ang Pormularyo 1.) Sa pamamagitan lamang, hindi kayo naghaharap ng isang kaso o kahilingan para sa angkop na paraan ng pagdinig laban sa alinmang partido, pero kinikilala na kailangan ninyo ng tulong sa pagtalakay sa hidwaan ninyo ng distrito. Sa pamamagitan lamang, walang ipinahihintulot na mga abugado. Ito ay sa pamamagitan lamang ninyo at ng kinatawan ng distrito. At, may isang lubos na walang-pinapanigang tao – ang tagapamagitan – na naroon upang tumulong sa paglalabas ng lahat ng mga isyu at upang talakayin ang mga solusyon. Kung talagang hindi ninyo maayos ang mga pinagtatalunan sa pamamagitan, makakapili kayo na magharap ng kahilingan para sa pamamagitan at angkop na paraan ng pagdinig. (Tingnan ang Pormularyo 2.) Gaya ng nakatala sa itaas, karamihan sa mga pamamagitan ay nangyayari bilang bahagi ng angkop na paraan ng pagdinig.

Pagkuha ng inyong forms**:**

Ang OAH at ang Kagawaran ng Edukasyon ng California (California Department of Education, CDE) ay bumuo ng isang pormularyong tinatawag na "Kahilingan para sa Pamamagitan at Angkop na Paraan ng Pagdinig(Request for Mediation and Due Process Hearing)" (Pormularyo 2) para sa layunin ng paghiling ng isang pagdinig. Mayroon ding isang pormularyo upang humiling ng pamamagitan lamang na may titulong "Pormularyo ng Kahilingan para sa Pamamagitan Lamang (Mediation Only Reqest Form)" (Pormularyo 1.) Maaari ninyong makuha ang mga pormularyong ito sa Web site ng OAH sa http://www.oah.dgs.ca.gov/Special+Education/default.htm o sa pamamagitan ng pagsulat o pagtawag sa OAH, Special Education Division, 2349 Gateway Oaks Drive, Suite 200, Sacramento, CA 95833, (916) 263-0880. Ang mga pormularyo ay maaaring makuha sa pamamagitan ng pagtawag sa CDE at (916) 319-0800 o sa pagbisita sa Web site ng CDE sa http://www.cde.ca.gov/sp/se/qa/.

Paghaharap ng iyong kaso:

Pagkatapos mong ipasiya na gusto mong humiling ng pamamagitan lamang o upang magharap ng kahilingan para sa pamamagitan at angkop na paraan ng pagdinig, ang susunod na hakbang ay kumpletuhin ang mga pormularyo. Pagkatapos mong kumpletuhin ang mga pormularyo, ihaharap mo ang mga pormularyo sa pamamagitan ng pagpapadala sa mga ito sa OAH sa pamamagitan ng fax o koreo sa opisina sa Sacramento ng OAH, at ipamahagi ang mga kopya sa pamamagitan ng koreo o fax sa lahat ng mga partido (tulad ng mga distrito ng paaralan) na lalahok. Kapag nagharap ka ng anumang mga dokumento sa OAH, dapat kang magkaloob sa ibang partido ng katulad na kopya ng ipinadala mo sa OHA, at katunayan na ibinigay mo ang kopyang iyon, na pangkaraniwang ibinibigay sa pamamagitan ng isang "katunayan ng paghahain." Mas gusto ng OAH na iharap mo ang lahat ng mga kahilingan sa pamamagitan ng fax sa (916)376-6319. Gayunman, hindi mo kailangang magharap sa pamamagitan ng parehong koreo at fax; pumili ng isang paraan ng paghaharap at iyon lamang ang kailangan. Kahit na may mga opisina ng espesyal na edukasyon sa buong estado, dapat mong iharap ang lahat ng mga dokumento sa opisina sa Sacramento ng OAH.

Kung gusto mong subukan na lutasin ang kalagayan sa pamamagitan (ang isang kompidensiyal, di-pormal na paraan ng talakayan na pinadali ng isang sinanay na tagapamagitan) na walang mga abugado at walang pormalidad ng isang angkop na paraan ng pagdinig, maaari kang magharap ng kahilingan para sa "pamamagitan lamang." (Pormularyo 1.) Kung ang bagay ay hindi nalutas sa pamamagitan, maaari ka pa ring magharap ng isang kahilingan para sa pamamagitan at angkop na paraan ng pagdinig (Pormularyo 2) pagkaraan.

Makakapili ka rin na laktawan ang mga pagsisikap na pamamagitan at dumiretso sa isang pagdinig sa pamamagitan ng pagmarka sa kahon na "pagdinig lamang" sa kahilingan para sa pormularyo sa pamamagitan o angkop na paraan ng pagdinig. (Pormularyo 2.) Gayunman, hinihimok ng OAH ang lahat ng mga partido na subukang lutasin ang kanilang mga hidwaan sa pamamagitan at dapat mong isaalang-alang na mabuti ang mga benepisyo ng pamamagitan sa halip na dumiretso sa pagdinig.

Kakailanganin mong isulat ang mga detalye kung bakit humihiling ka ng pagdinig sa seksyon na "problema/reklamo". Halimbawa, sa halimbawang kaso na nabanggit, maaari mong sabihin: "Ang pagtaya ng paaralan noong (petsa) ay nagrekomenda na ang aking anak ay ilagay sa mga klase sa espesyal na edukasyon para sa lahat ng mga asignatura at gusto ng distrito na ituloy ito nang laban sa aking kagustuhan." Kailangan mo ring isama ang ilang maikling impormasyong nakapaligid na naglalarawan sa problema. Para sa halimbawang ito, maaari mong sabihin kung ang iyong anak ay nasa silid-aralan ng regular na edukasyon bago ang pagtaya at paano gumaganap ang iyong anak sa paaralan. Pagkatapos ilista ang problema, maaari mo ring isama ang isang posibleng kalutasan sa bagay. Para sa kalutasan, maaari mong sabihin na naniniwala ka na ang iyong anak ay may kakayahan na makuha ang kanyang edukasyon sa mga regular na klase na may tulong ng isang tutor.

Dapat ka ring maglakip ng "katunayan ng paghahain" (Pormularyo 3) sa iyong pormularyo, at kumpletuhin ang katunayan ng paghahain upang ipakita na hinainan mo ang kabilang partido ng isang kopya ng iyong kahilingan para sa pamamagitan o kahilingan para sa pamamagitan at angkop na paraan ng pagdinig. Dapat ninyong kumpletuhin ang isang katunayan ng paghahain para sa bawat dokumentong inihain ninyo sa kabilang partido, kumpletuhin ang katunayan ng paghahain, at ilakip ito sa dokumentong inihain ninyo.

Iyon ang paraan "sa maikli." Ang ibang bahagi ng patnubay na ito ay nagtataglay ng maraming madalas itanong (ang ilan ay maaaring angkop sa inyong kaso at ang ilan ay maaaring hindi angkop) at nagpapaliwanag ng mga takdang panahon at paraan nang mas detalyado. Dapat ninyong basahin ang buong patnubay upang makakuha ng mas mabuting pagkaunawa sa paraan. Ang Web site ng OAH ay isa pang mabuting pinagkukunan ng impormasyon, tulad ng mga tauhan sa aming opisina sa Sacramento. Sa sandaling magharap kayo ng kahilingan sa angkop na paraan, dapat ninyong tawagan muna ang klerk ng kalendaryo ng OAH tungkol sa anumang mga pangkalahatang tanong sa pamamaraan.

BAHAGI 1: Angkop na paraan

Ang angkop na paraan ay ang pangalang ibinigay sa pormal na paraan at mga pagdinig na sinusunod ng mga ahensiya ng pamahalaan kapag may hidwaan sa mga indibidwal na karapatan. Ang angkop na paraan ay nag-aatas sa pamahalaan na sundin ang mga itinatag na batas, tuntunin at mga prinsipyong pambatas. Ang bawat tao sa California ay ginagarantiyahan ng "angkop na paraan" ng pareho ng pang-estado at pederal na mga Saligang-batas. Ang pangunahing bahagi ng angkop na paraan ay:

- Paunawa na ang isang paghahabol/reklamo ay iniharap laban sa inyo o sa inyong organisasyon
- Ang mga detalye ng mga paratang
- Paunawa ng petsa at oras ng pagdinig
- Ang pagkakataon na marinig at magtanggol laban sa mga paratang sa isang maayos na paraan

Ang angkop na paraan ay nag-aatas na ang bawat tao ay may proteksiyon ng kanyang araw sa hukuman at ng benepisyo ng batas.

Ang karapatan sa angkop na paraan ay angkop din sa espesyal na edukasyon. May mga pang-estado at pederal na batas na nagtatatag ng karapatan sa mga serbisyo ng espesyal na edukasyon kapag ang isang estudyante ay kuwalipikado o malamang na maging kuwalipikado para sa mga ito. Ang angkop na paraan ay tumitiyak na ang mga magulang ay may paraan na igiit ang kanilang mga karapatan at ang mga karapatan ng kanilang anak ukol sa espesyal na edukasyon.

Sa angkop na paraan sa OAH ay kabilang ang mga serbisyong paglutas ng hidwaan, kabilang ang pamamagitan, gayon din ng pagsasagawa ng angkop na paraan ng pagdinig kung sakaling ang hidwaan ay hindi nalutas ng mga partido bago ang petsa ng pagdinig. Pagkatapos ng angkop na paraan ng pagdinig, ang isang hukom ng batas na pampangasiwaan (administrative law judge, ALJ) ay maglalabas ng isang nakasulat na desisyon. Kung ang isa sa mga partido ay hindi sumang-ayon sa nakasulat na desisyon, sa angkop na paraan ay kabilang ang karapatan ng partido na iapela ang desisyon sa pang-estado o pederal na hukuman para sa pagrepaso.

Ako ba ay inaatasang gumamit ng abugado o tagapagtaguyod sa mga pamamaraan sa harap ng OAH?

Hindi.

Paano ako makakahanap ng isang libre o murang abugado o tagapagtaguyod?

Ang OAH ay makakapagbigay sa inyo ng isang listahan ng libre o murang mga abugado at tagapagtaguyod, pero kayo ang bahalang tumawag sa kanila at itanong ang mga bayad sa kanila. Ang mga abugado at tagapagtaguyod sa listahan ay nagpapatunay sa sarili na sila ay libre o mura; hindi pinatitibayan ng OAH na sila ay libre o mura. Ang listahang ito ay makukuha rin sa Web site ng OAH sa www.oah.dgs.ca.gov.

Ang *Batas sa Edukasyon ng mga Indibidwal na May mga Kapansanan (Individuals with Disabilities Education Act,* IDEA) at batas ng estado ay nagtataglay ng paglilipat-ng-bayad na mga batas na maaari, sa mga

partikular na kalagayan, na mag-atas sa distrito ng paaralan na bayaran ang inyong mga bayad sa abugado. Ang mga magulang na mga abugado at siya ring abugado para sa kaso ay hindi karapat-dapat sa mga bayad, ang mga tagapagtaguyod ay hindi rin karapat-dapat sa mga bayad sa ilalim nitong paglilipat-ng-bayad na mga tadhana.

Paano kung kailangan ko ng isang interpreter o ibang mga kaluwagan?

Kung kailangan ninyo ng isang interpreter o ibang kaluwagan, tiyakin lamang na isama ang impormasyon sa inyong kahilingan na iniharap ninyo sa OAH. Ang isang interpreter ay ipagkakaloob nang walang bayad sa magulang.

BAHAGI 2: Mga Uri ng mga Pamamaraan

Ang magulang o distrito ng paaralan ay maaaring magharap sa OAH: (1) ng isang kahilingan para sa "pamamagitan lamang;" (2) isang kahilingan para sa angkop na paraan ng pagdinig; o (3) isang kahilingan para sa pamamagitan at angkop na paraan ng pagdinig.

Ano ang "kahilingan para sa pamamagitan at angkop na paraan ng pagdinig"?

Ito ay isang kahilingang iniharap ng isang magulang o isang distrito ng paaralan na nagtataglay ng mga reklamo at mga iminungkahing kalutasan. (Tingnan ang Pormularyo 2.) Ang isang partido ay may karapatang magharap ng kahilingan para sa angkop na paraan ng pagdinig tungkol sa anumang bagay na may kaugnayan sa pagtukoy, pagtaya, o paglalagay na pang-edukasyon ng isang bata, o ang pagkakaloob ng isang libreng angkop na pampublikong edukasyon (free appropriate public education, FAPE) sa isang bata. Ang isang partido ay may karapatang magharap ng isang kahilingan para sa angkop na paraan ng pagdinig tungkol sa mga bagay na nauukol sa isang *mungkahi o pagtangging simulan o baguhin* ang pagtukoy, pagtaya, o paglalagay na pang-edukasyon ng isang bata; ang pagkakaloob ng isang FAPE sa isang bata; ang pagtanggi ng isang magulang o tagapangalaga na sumang-ayon sa isang pagtaya ng isang bata; o isang pagtatalo sa pagitan ng isang magulang o tagapangalaga at ng ahensiya ng pampublikong edukasyon tungkol sa kahandaan ng isang programang angkop sa isang bata, kabilang ang usapin sa responsibilidad sa pananalapi.

Ano ang pagkakaiba ng kahilingan para sa "pamamagitan lamang" at kahilingan para sa pamamagitan *at* angkop na paraan ng pagdinig?

Ang isang kahilingan para sa pamamagitan lamang (tingnan ang Pormularyo 1) ay isang kahilingan ng alinman sa isang magulang o isang distrito ng paaralan na magsagawa ang OAH ng pamamagitan upang lutasin ang hidwaan na pinahihintulutang dinggin ng OAH sa ilalim ng IDEA at batas ng estado.

Kapag ang isang partido ay nagharap ng kahilingan para sa pamamagitan lamang, iyon lamang ang iniaalay sa kanila sa panahong iyon at walang nakatakdang angkop na paraan ng pagdinig. Ang batas ay partikular na hindi nagsasama sa mga abugado at mga tagapagtaguyod na pang-edukasyon sa pagdalo sa "pamamagitan lamang." Ang mga partido ay humihiling ng

"pamamagitan lamang" kapag sila ay may hidwaan tungkol sa espesyal na edukasyon, pero hindi nakahandang simulan ang pormal na angkop na paraan ng pagdinig.

Kapag ang isang partido ay nagharap ng kahilingan para sa pamamagitan *at* angkop na paraan ng pagdinig (tingnan ang Pormularyo 2), ang OAH ay mag-aalok ng pamamagitan at magsasagawa rin ng isang angkop na paraan ng pagdinig maliban kung ang mga partido ay nakagawa ng pag-aayos bago ang pagdinig.

Ang pamamagitan ay isang boluntaryo, kompidensiyal, di-pormal na pulong kung saan ang mga partido at isang makaranasan, walang-pinapanigang tagapamagitan ay nagsisikap na lutasin ang hidwaan sa isang nagtutulungan, hindi naglalabang atmospera. Ang tagapamagitan ay hindi nagkakaloob ng pagtataguyod o payong pambatas sa alinmang partido, kundi pumapatnubay sa mga partido sa pamamagitan ng talakayan at mga negosasyon upang matulungan sila na makagawa ng boluntaryong kalutasan sa mga kondisyon na sinasang-ayunan ng lahat ng mga partido. Ang pamamagitan ay nagtataas ng kalamangan na ang mga partido ay makakagawa ng isang kasiya-siyang kalutasan.

Ano ang pinadaling angkop na paraan ng pagdinig?

Ang *Batas sa Edukasyon ng mga Indibidwal na May mga Kapansanan* ay nag-aatas, sa mga kasong kaugnay ng mga partikular na bagay na pandisiplina, na ang isang pinadali – o pinabilis – na angkop na paraan ng pagdinig sa loob ng 20 araw ng paaralan mula sa petsa ng kahilingan para sa angkop na paraan ng pagdinig ay iniharap sa OAH, at ang desisyon ng OAH ay ilalabas sa loob ng 10 araw ng paaralan pagkatapos ng angkop na paraan ng pagdinig. Ang mga Sabado, Linggo, at mga pang-estado at pederal na piyesta opisyal ay hindi ibinibilang sa mga araw ng paaralan para sa layuning ito. Kung ang isang araw ay isang "araw ng paaralan" ay ipinapasiya ng kalendaryo ng paaralan na pinapasukan ng estudyante noong mangyari ang insidente na naglitaw sa bagay na pandisiplina. Ang kalendaryo ng paaralan ay maaaring makuha mula sa paaralan, at kung minsan mula sa Internet.

Sino ang nagpapasiya kung ang isang bagay ay magiging "pinadali"?

Ang OAH ay nagpapasiya kung ang isang bagay ay pinadali. Anumang mga paghahabol sa loob ng kahilingan na hindi iniaatas na padaliin ay itatakda alinsunod sa mga angkop na takdang panahon. Mahalagang malaman na ang isang kaso ay maaaring may "doble" o dalawang, takdang panahon. Kung ang isang kaso ay may "dobleng" takdang panahon, ang isang utos na pagtatakda, inilarawan sa BAHAGI 3, ay ilalabas sa mga takdang panahon para sa mga pinadaling pahayag o paghahabol at para sa mga di-pinadaling pahayag.

Narito ang ilang halimbawa ng mga pahayag na padadaliin ng OAH:

- Isang pahayag ng isang magulang na ang isang estudyanteng may kapansanan ay tinanggal mula sa paaralan ng higit sa 10 araw dahil sa isang paglabag sa isang kodigo ng pagkilos ng estudyante na ipinasiyang walang kaugnayan sa kanyang kapansanan o hindi dahil doon.

- Isang pahayag na ang isang estudyanteng may kapansanan ay maaaring suspendihin ng 45 araw ng paaralan dahil ang kilos ng estudyante ay may kaugnayan sa isang mapanganib na

sandata, mga bawal na droga, o seryosong pinsala ng katawan, at ang magulang ay hindi sumang-ayon sa pagpapasiya.

- Isang pahayag ng magulang ng isang anak na may kapansanan na siya ay hindi sumasang-ayon sa "pagpapasiya ng pagpapakita" tungkol sa kung ang kilos ng bata sa paglabag sa kodigo ng pagkilos ng estudyante ay isang pagpapakita ng (dahil sa) kapansanan ng estudyante.

- Isang pahayag, gaya ng inilarawan sa itaas, na may kaugnayan sa isang estudyante na hindi ipinasiyang karapat-dapat para sa espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo at gumagawa ng kilos na lumalabag sa isang kodigo ng pagkilos ng estudyante. Kung ang distrito ng paaralan ay may "batayan ng kaalaman," gaya ng nilinaw sa batas, ang estudyante ay may kapansanan bago nangyari ang kilos na nagresulta sa aksyong pandisiplina.

- Isang pahayag ng isang distrito ng paaralan na ang OAH ay dapat mag-utos na ang distrito ng paaralan ay maaaring magbago sa paglalagay ng isang estudyanteng may kapansanan dahil naniniwala ang distrito na ang pagpapanatili sa kasalukuyang kinalalagyan ng estudyante ay malamang na magresulta sa pinsala sa estudyante o sa iba.

Mayroon bang nakahiwaly na pormularyong magagamit para sa isang pinadaling angkop na paraan ng pagdinig?

Hindi. Ginagamit ninyo ang kahilingan para sa pamamagitan at pormularyo ng angkop na paraan ng pagdinig (Pormularyo 2) upang humiling ng isang pinadaling angkop na paraan ng pagdinig.

Sino ang maaaring magharap ng kahilingan para sa pamamagitan lamang o kahilingan para sa pamamagitan at angkop na paraan ng pagdinig?

Ang isang magulang o legal na tagapangalaga ng isang estudyante na may kapansanan, o hinihinalang nagtataglay ng kapansanan, ay maaaring magharap sa isang OAH ng isang kahilingan para sa pamamagitan lamang (Pormularyo 1) o ng isang kahilingan para sa pamamagitan at angkop na paraan ng pagdinig (Pormularyo 2). Ang isang distrito ng paaralan o ibang ahensiyang pang-edukasyon, tulad ng kagawaran ng kalusugan ng isip ng county, ay maaaring magharap ng mga kahilingang ito. Sa ilang kaso, katulad ng kapag ang estudyante ay 18 o mas matanda at walang isang conservator (isang taong responsable para sa kanyang pangangalaga), ang estudyante ay maaaring magharap ng kahilingan. Kung ang isang estudyante ay higit sa 18, ang partidong naghaharap sa OAH ay dapat magsama ng impormasyon tungkol sa kung ang mga karapatang pang-edukasyon ay inilipat sa isang taong iba sa estudyante.

Saan ako makakakuha ng pormularyo ng kahilingan para sa pamamagitan o kahilingan para sa pamamagitan at angkop na paraan ng pagdinig?

Ang mga pormularyo ay makukuha sa Web site ng OAH sa www.oah.dgs.ca.gov/Special+Education/default.htm o maaaring makuha sa pamamagitan ng

pagsulat o pagtawag sa Special Education Division, 2349 Gateway Oaks Drive, Suite 200, Sacramento, CA 95833, (916) 263-0880. Ang mga pormularyo ay maaari ring makuha sa pamamagitan ng pagtawag sa California Department of Education sa (916) 319-0800 o sa pagbisita sa http://www.cde.ca.gov/sp/se/qa/. Ang mga pormularyo ay kasama rin sa patnubay na ito bilang Pormularyo 1 at Pormularyo 2.

Inaatasan ba ako na gamitin ang mga pormularyo?

Hindi, pero sa paggamit ng mga pormularyong inilarawan sa itaas, matitiyak na ang kinakailangang impormasyon ay isasama.

Anong impormasyon ang dapat isama sa pormularyo?

- Ang pangalan, ang direksiyon ng tirahan ng estudyante, at ang pangalan ng paaralan na pinapasukan ng estudyante.

- Isang paglalarawan ng problema o mga problemang lulutasin, kabilang ang mga bagay na may kaugnayan sa bawat problema.

  Maging tiyak at ilarawan ang paano, ano, kailan, saan at bakit ng bawat problemang lulutasin. Tiyakin na isama ang mga petsa, tulad ng aling taon o mga taon ng paaralan ang kaugnay, at ang petsa o mga petsa ng programang ibinabagay na edukasyon (individualized educational program, IEP) na kaugnay.

- Isang paglalarawan ng iminungkahing kalutasan. Halimbawa, ilarawan ang paglalagay o mga serbisyo o ibang kalutasan na gusto ninyo.

Paano kung kailangan ko ng tulong sa pagkumpleto ng isang pormularyo?

Ang mga tauhan ng opisina ng OAH ay makakasagot sa mga basikong tanong, pero hindi sila makakapagbigay ng mga payong pambatas. *Magagawa* ninyong humiling – sa sulat – na magbigay sa inyo ang OAH ng mga serbisyo ng isang tagapamagitan upang tulungan kayo sa pagkumpleto ng pormularyong ito. Bilang karagdagan, ang OAH ay nagpapanatili sa Web site nito ng isang listahan ng mga abugado at tagapagtaguyod na nagpapatunay sa sarili na nagkakaloob sila ng libre o binawasan-ang-halaga na mga serbisyo.

Paano at saan ko ihaharap ang mga kinumpletong pormularyo?

Ang mga kinumpletong pormularyo ay dapat iharap (ipadala) sa pamamagitan ng fax o koreo sa opisina sa Sacramento ng OAH, Special Education Division, 2349 Gateway Oaks Drive, Suite 200, Sacramento, CA 95833-4231. FAX: (916) 376-6319. Maaari rin ninyong ihatid ang inyong mga dokumento sa direksiyong ito. Mas gusto ng OAH na ang lahat ng mga dokumento ay ihain sa pamamagitan ng fax kung posible. Huwag ipakoreo at i-fax ang iisang dokumento sa OAH. Ipadala ito sa pamamagitan ng fax o koreo, pero hindi sa pamamagitan ng pareho.

Gayon din, magbigay ng mga magkatulad na kopya ng ipinadala ninyo sa fax o koreo sa OAH sa bawat isa ng mga kabilang partido, tulad ng distrito ng paaralan o ng kagawaran ng kalusugan ng isip ng county. Ang distrito ng paaralan ay laging magiging isa sa mga partido. Dapat ninyong ilagay sa inyong liham o kahilingan na nagpadala kayo ng kopya nito sa lahat ng mga kabilang partido, at kung paano ninyo ipinadala ito. Ito ay tinatawag na "katunayan ng paghahain." (Tingnan ang Pormularyo 3.) Halimbawa, kung ang kahilingan ninyo ay ginawa sa pamamagitan ng liham, imanikinilya o isulat sa ilalim ng pahina ang pangalan at direksiyon ng tao o organisasyon na pinadalhan ninyo ng kopya. Maaari rin kayong gumamit ng isang pormularyong binuo para sa layuning ito sa Web site ng OAH.

Isaalang-alang ang pagpapadala ng inyong mga kopya na may hiniling na pagbabalik ng resibo ng pagtanggap o sa pamamagitan ng sertipikadong koreo upang kayo ay may rekord na nagpapakita ng ibang partido o mga partidong tumanggap nito.

Maaari bang magharap ang isang distrito ng paaralan ng kahilingan para sa pamamagitan lamang o kahilingan para sa pamamagitan at angkop na paraan ng pagdinig?

Oo. Pinakakaraniwan, ang distrito ng paaralan ay hihiling ng utos ng OAH na ang distrito ng paaralan ay pahintulutan na tayahin ang isang estudyante. Ang mga distrito ng paaralan ay inaatasan din na magharap ng isang kahilingan para sa angkop na paraan ng pagdinig kung hindi sumang-ayon ang magulang sa isang pagtaya ng distrito at humiling ng isang independiyenteng pagtayang pang-edukasyon (independent educational evaluation, IEE) sa gastos ng publiko, pero tinanggihan ng distrito ang kahilingang iyon. Kung minsan ang mga distrito ng paaralan ay naghaharap ng isang kahilingan para sa angkop na paraan pagkatapos tanggihan ng isang magulang ang isang alok na programang ibinabagay na edukasyon (individualized education program, IEP) na ginawa ng distrito ng paaralan sa isang estudyante. Sa ganitong kalagayan, ang distrito ng paaralan ay humihiling na ipasiya ng OAH na ang alok na ginawa sa IEP ay bubuo ng isang libreng angkop na pampublikong edukasyon (free appropriate public education, FAPE).

Kung ang distrito ng paaralan ay nagharap ng kahilingan, ito ay dapat magpadala ng kopya sa inyo. Bilang karagdagan, ang OAH ay magpapadala sa inyo ng liham na nagbibigay sa inyo ng impormasyon tungkol sa mga petsang nakakalendaryo para sa pamamagitan o pagdinig.

Kung ang distrito ng paaralan ay nagharap ng kahilingan para sa isang angkop na paraan ng pagdinig, kayo ay aatasan na magpadala ng isang nakasulat na sagot sa distrito ng paaralan sa loob ng 10 araw pagkatapos ng pagtanggap ninyo ng kopya nito. Sa inyong sagot, dapat ninyong tugunan ang mga isyung ipinahayag. Kayo ay inaatasan na magharap ng isang kopya ng sagot na ito sa OAH, pero dapat kayong mag-ingat ng isang kopya ng inyong nakasulat na sagot sa distrito ng paaralan para sa inyong mga rekord.

Inaatasan ba ang distrito ng paaralan na sumagot sa aking kahilingan para sa pamamagitan at angkop na paraan ng pagdinig?

Oo, sa loob ng 10 araw, maliban kung ang distrito ng paaralan ay nagbigay sa inyo ng "naunang nakasulat na paunawa" tungkol sa paksa.

Kapag ang isang distrito ng paaralan ay nagmungkahing magpasimula ng pagbabago, o *tumangging* magpasimula o magbago, ang pagtukoy, pagtaya, o paglalagay na pang-edukasyon ng isang bata, o ang pagkakaloob ng isang libreng angkop na pampublikong edukasyon (free approprate public education, FAPE) sa bata, ang distrito ng paaralan ay dapat magbigay ng nakasulat na paunawa sa mga magulang ng estudyante, pangkaraniwang tinatawag na "naunang nakasulat na paunawa." Dapat kabilang sa paunawa ang isang paglalarawan ng aksyong iminumungkahi o tinanggihan ng distrito ng distrito; isang paliwanag kung bakit ang distrito ng paaralan ay nagmumungkahi o tumatanggi na gumawa ng aksyon at isang paglalarawan ng bawat pamamaraan ng pagtimbang, pagtaya, pagrekord, o pag-uulat ng distrito ng paaralan na ginamit bilang batayan ng iminungkahi o tinanggihang aksyon; isang pahayag na ang mga magulang ng bata ay may proteksiyon sa ilalim ng mga pananggalang sa pamamaraan ng *IDEA* at, kung ang paunawa ay hindi unang pagrekomenda o pagtaya, ang paraan na maaaring makuha ang isang kopya ng paglalarawan ng mga pananggalang sa pamamaraan; mga tagatulong na matatawagan ng mga magulang upang makakuha ng tulong sa pag-unawa sa mga tadhana ng *IDEA*; isang paglalarawan ng ibang mga mapipili na isinaalang-alang ng pangkat ng IEP at ang dahilan kung bakit ang mga mapipiling ito ay tinanggihan; at isang paglalarawan ng mga bagay na may kaugnayan sa mungkahi o pagtanggi ng distrito ng paaralan. Ang mungkahing baguhin ang paglalagay na pang-edukasyon ay nagbubunsod ng obligasyon ng distrito ng paaralan upang tumawag ng pulong ng Pangkat ng IEP, pero ang distrito ng paaralan ay maaaring magsagawa ng pulong ng IEP *bago* ipadala ang naunang nakasulat na paunawa sa mga magulang ng bata. Kaya, sa katotohanan, ang paunawa ay hindi laging "nauna."

Hindi lahat ng mga pagbabago ay nag-aatas sa distrito ng paaralan na magbigay ng naunang nakasulat na paunawa. Halimbawa, ang pagbabago ng paglalagay ay nangyayari para sa mga layunin ng pagbubunsod ng pag-aatas ng distrito ng paaralan na magkaloob ng naunang nakasulat na paunawa kung ang mga pag-aakma sa mga serbisyo ay malamang na makaapekto nang malaki sa karanasan sa pag-aaral ng estudyante. Ang maliliit na desisyon ng isang distrito, tulad ng mga may kaugnayan sa kurikulum ng isang estudyante o pagtatalaga ng mga guro, ay hindi nangangailangan ng naunang nakasulat na paunawa. Ang kabiguan ng distrito ng paaralan na magkaloob na naunang nakasulat na paunawa, sa ilang pagkakataon, ay bumubuo ng isang

paglabag sa pamamaraan ng IDEA at maaaring maging batayan ng isang paghahabol sa isang angkop na paraan ng reklamo.

BAHAGI 3: Ang utos na pagtatakda

Ano ang mangyayari pagkatapos iharap ang isang kahilingan para sa isang angkop na paraan ng pagdinig o kahilingan para sa pamamagitan lamang?

Kapag ang OAH ay tumanggap ng isang kahilingan para sa pamamagitan at angkop na paraan ng pagdinig, ito ay maglalabas at magpapakoreo sa mga partido ng isang "utos na pagtatakda at paunawa ng angkop na paraan ng pagdinig at pamamagitan" (Pormularyo 4) pangkaraniwan sa loob ng 48 oras. Ang utos na ito ng pagtatakda ay magtataglay ng mahalagang impormasyon tungkol sa paraan, kabilang ang pangalan ng klerk ng kalendaryo ng OAH na nakatalaga sa inyong kaso. Ang klerk ng kalendaryo ng OAH ay ang inyong unang punto ng kontak para sa lahat ng mga tanong na may kaugnayan sa inyong kaso.

Ang inyong utos na pagtatakda ay magbibigay din sa inyo ng mahalagang impormasyon tungkol sa mga petsang itinalaga para sa pamamagitan, komperensiya bago ang pagdinig, at angkop na paraan ng pagdinig. Ang pang-estado at pederal na batas ay nag-aatas ng mabilis na paglutas ng mga bagay na may kaugnayan sa angkop na paraan sa mga kaso sa espesyal na edukasyon, at ang OAH ay inaatasan na sumunod sa mahihigpit na takdang panahon upang matiyak na ang inyong kaso ay hinahawakan mula sa simula hanggang sa katapusan sa isang napapanahong paraan. Ang bagay ay tutuloy sa mga petsa sa utos na pagtatakda maliban kung ang OAH ay naggawad ng isang "pagpapaliban" ng mga petsa ng pagdinig pagkatapos magpakita ng magandang dahilan. Ang mga pagpapaliban ay tinatalakay sa dakong huli sa patnubay na ito.

Basahing mabuti itong Utos na Pagtatakda at mag-ingat ng isang kopya nito sa buong panahon ng inyong kaso..

Ang mga takdang panahon at pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa inihaharap-ng-magulang na mga kahilingan para sa pamamagitan at angkop na paraan ng pagdinig

Sa ilalim ng pang-estado at pederal na batas, kapag ang isang magulang ay nagharap ng isang kahilingan para sa pamamagitan at angkop na paraan ng pagdinig, ang OAH ay may 75 araw upang maglabas ng desisyon nito. Pagkatapos magharap ng kahilingan ang isang magulang para sa pamamagitan at angkop na paraan ng pagdinig, ang mga sumusunod na pamamaraan ay sinusunod:

<u>Sesyon ng Paglutas</u>:

Ang pang-estado at pederal na batas ay nag-aatas ng isang 30-araw na panahon ng paglutas bilang bahagi ng inyong angkop na paraan ng pagdinig sa mga kasong iniharap ng magulang. Dahil dito, ang OAH ay hindi magtatakda ng pamamagitan o angkop na paraan ng pagdinig sa 30-araw na panahong ito ng paglutas. Sa panahong ito ng paglutas, ang distrito ng paaralan ay inaatasan na magtakda at magsagawa ng isang sesyon ng paglutas na kasama kayo. Ang layunin nitong sesyon ng paglutas ay bigyan kayo at ang distrito ng paaralan ng pagkakataon na lutasin ang hidwaan nang walang Angkop na Paraan ng Pagdinig. (Tingnan ang Bahagi 4 tungkol sa mga sesyon ng paglutas.) Ang OAH ay walang hurisdiksiyon o awtoridad sa sesyon ng paglutas.

Isasama ng OAH sa inyong utos na pagtatakda ang isang pormularyo upang iulat ninyo ang bunga ng inyong sesyon ng paglutas. Mangyaring ipakoreo o i-fax ang pormularyo sa OAH sa Sacramento.

Pamamagitan:

Ang OAH ay magkakalendaryo ng pamamagitan sa humigit-kumulang na ikatatlumpu't-limang (35) araw ng kalendaryo pagkatapos iharap ang kahilingan para sa pamamagitan at angkop na paraan ng pagdinig. (Tingnan ang Bahagi 5 tungkol sa pamamagitan.) Ang utos na pagtatakda ay magsasama ng pangalan ng tagapamagitang itinalaga sa inyong kaso, at ang petsa, oras, at lugar ng inyong pamamagitan.

Komperensiya Bago ang Pagdinig:

Ang isang komperensiya bago ang pagdinig ay ikakalendaryo sa isang Lunes o Miyerkoles humigit-kumulang na isang linggo bago ang petsang nakatakda para sa angkop na paraan ng pagdinig. (Tingnan ang Bahagi 7 tungkol sa mga komperensiya bago ang pagdinig.) Ang inyong utos na pagtatakda ay magsasama ng petsa at oras ng inyong komperensiya bago ang pagdinig, gayon din ng impormasyon tungkol sa iniaatas na iharap ninyo bago ang komperensiya bago ang pagdinig.

Angkop na Paraan ng Pagdinig:

Ang inyong angkop na paraan ng pagdinig ay pangkaraniwang itatakda sa ikalimampu't-limang (55) araw ng kalendaryo pagkatapos iharap ang inyong kahilingan para sa pamamagitan at angkop na paraan ng pagdinig. (Tingnan ang mga Bahagi 9 at 10 tungkol sa mga angkop na paraan ng pagdinig.) Ang inyong utos na pagtatakda ay magsasama ng petsa, oras, at lugar ng inyong angkop na paraan ng pagdinig.

Mga Pagpapaliban:

Bagaman ang OAH ay inaatasang sumunod sa mga takdang panahong itinatadhana ng batas, ang OAH ay maaaring magbago ng unang petsa ng pamamagitan batay sa kahilingan ng mga partido, at maaaring ipagpaliban ang mga petsa ng komperensiya bago ang pagdinig at angkop na paraan ng pagdinig kung ang mga partido ay sumang-ayon sa isang pagpapaliban. Ang inyong utos na pagtatakda ay sasamahan ng isang pormularyo upang humiling ng pagbabago ng petsa ng angkop na paraan ng pagdinig na unang itinalaga sa inyong kaso. (Tingnan ang Pormularyo 5.) Ang pormularyo ay makukuha sa website ng OAH. Ang isang pagpapaliban ay maaari ring igawad kung ang isang partido ay nagharap ng kahilingan para sa isang pagpapaliban batay sa magandang dahilan kahit na ang kabilang panig ay hindi sumang-ayon sa pagpapaliban. (Tingnan ang Pormularyo 6.)

Ang mga takdang panahon at pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa iniharap-ng-distrito na mga kahilingan para sa pamamagitan at angkop na paraan ng pagdinig

Sa ilalim ng pang-estado at pederal na batas, kapag ang isang distrito ng paaralan ay nagharap ng isang kahilingan para sa pamamagitan at angkop na paraan ng pagdinig, ang OAH ay may 45 araw upang maglabas ng desisyon nito. Ang takdang panahon ay mas maikli kaysa isang iniharap-ng-magulang na mga kaso dahil, sa mga kasong iniharap ng distrito, walang sesyon ng paglutas na

iniaatas. Ang Pamamagitan ay itatakda pangkaraniwan sa ikalabinlimang (15) araw pagkatapos iharap ang kahilingan at ang angkop na paraan ng pagdinig ay pangkaraniwang itatakda sa ikadalawampu't-limang (25) araw pagkatapos iharap ang kahilingan. Ang isang komperensiya bago ang pagdinig ay ikakalendaryo sa isang Lunes o Miyerkoles humigit-kumulang na isang linggo bago ang pagdinig.

Ang mga takdang panahon at pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa kahilingan para sa mga "pinadaling" angkop na paraan ng pagdinig na iniharap ng isang distrito o isang magulang

Sa mga kasong kaugnay ng mga "pinadaling" angkop na paraaan ng pagdinig, ang mga takdang panahon ay mas mahigpit kaysa mga inilarawan sa itaas. Ang isang pinadaling pagdinig ay pangkaraniwang may kaugnayan sa isang bagay na pandisiplina. Ang batas ay nag-aatas na ang isang pinadaling angkop na paraan ng pagdinig ay mangyari sa loob ng dalawampung (20) araw ng paaralan mula sa petsa na iniharap ang kahilingan, at ang isang desisyon ng OAH ay ilabas sa loob ng sampung (10) araw ng paaralan pagkatapos ng pagdinig. Ang inyong utos na pagtatakda sa anumang kasong may kaugnayan sa pinadaling angkop na paraan ng pagdinig ay tutukoy sa petsa ng pamamagitan, isang petsa ng komperensiya bago ang pagdinig, at petsa ng angkop na paraan ng pagdinig batay sa mga takdang panahon na angkop sa pinadaling angkop na paraan ng mga bagay. Sa mga kasong may kaugnayan sa mga "pinadaling" paraan ng pagdinig, ang pamamagitan ay itatakda sa ikasampung (10) araw pagkaraan ng paghaharap, ang isang komperensiya bago ang pagdinig ay itatakda sa ikalabing-apat (14) na araw pagkatapos ng paghaharap, at ang pinadaling angkop na paraan ng pagdinig ay itatakda sa humigit-kumulang na ikadalawampung (20) araw ng paaralan pagtapos ng paghaharap. Ang mga pinadaling bagay ay hindi maaaring ipagpaliban. Kung ang bagay ay iniharap bilang isang pinadaling kaso, ang mahihigpit na takdang panahon na nakabalangkas sa inyong utos na pagtatakda ay ipapatupad at dapat ninyong asahan ang pagkakaroon ng pagdinig sa mga petsang nakalista.

Kung ang inyong kaso ay may kaugnayan sa ilang pahayag na "pinadali" at ilan na hindi, ang inyong kaso ay itituring na isang "dobleng" kaso, at kayo ay tatanggap ng isang utos na pagtatakda para sa dobleng kaso na kabilang ang mga petsa para sa pamamagitan, komperensiya bago ang pagdinig, at angkop na paraan ng pagdinig para sa pareho ng pinadali at di-pinadaling mga isyu. (Tingnan ang Pormularyo 7.)

Ang mga takdang panahon at pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa mga kahilingan para sa pamamagitan lamang na iniharap ng isang distrito o isang magulang

Kapag ang OAH ay tumanggap ng isang kahilingan para sa pamamagitan lamang, ang OAH ay magpapadala sa lahat ng mga partido ng isang "Utos na Pagtatakda para sa Pamamagitan Lamang (Utos na pagtatakda for Mediation Only)." (Pormularyo 8.) Ang utos na pagtatakda na magtataglay ng petsa, oras, at lugar ng pamamagitan at ang pangalan ng tagapamagitan. Ang pamamagitan ay iniaatas na isagawa sa loob ng labinlimang (15) araw pagkatapos ng paghaharap ng kahilingan para sa pamamagitan lamang. (Tingnan ang Bahagi 5 tungkol sa "pamamagitan lamang" na mga paghaharap.) Ang inyong utos na pagtatakda sa isang pamamagitan lamang na kaso ay sasamahan ng isang pormularyo para sa inyo upang gamitin para sa paghiling ng pagpapaliban ng petsang itinalaga ng OAH para sa pamamagitan.

BAHAGI 4: Ang sesyon ng paglutas

Kapag ang isang kahilingan para sa pamamagitan at angkop na paraan ng pagdinig ay iniharap sa OAH ng isang magulang, ang distrito ng paaralan ay inaatasan na magsagawa ng pulong na tinatawag na "sesyon ng paglutas" sa loob ng 15 araw pagkatapos matanggap ang paunawa ng paghaharap. Hindi mahalaga kung ang paaralan ay nasa pahinga sa tag-init noong ang kahilingan para sa angkop na paraan ng pagdinig ay iniharap. Dapat isagawa ng distrito ng paaralan ang paglutas sa loob ng 15 araw pagkatapos matanggap ang paunawa ng paghaharap. Ang sesyon ng paglutas ay iniaatas ng pederal na batas, at ang layunin nito ay bigyan ang mga partido ng pagkakataon na lutasin ang hidwaan sa pinakamabilis na panahong magagawa. Ang isang sesyon ng paglutas ay hindi iniaatas kapag ang isang distrito ng paaralan ay nagharap ng kahilingan para sa pamamagitan at angkop na paraan ng pagdinig o kung ang alinman sa mga partido ay nagharap ng isang kahilingan para sa pamamagitan lamang. Sa isang kaso na iniharap sa isang pinadaling pagdinig, ang isang sesyon ng paglutas ay iniaatas na isagawa sa mga kaparehong takdang panahon, pero ang panahon para sa pinadaling pagdinig ay kasabay ng panahong iniaatas na isagawa sa sesyon ng paglutas.

Ang mga sesyon ng paglutas na ito ay sa pagitan ng distrito ng paaralan at mga magulang, at ang OAH ay hindi kalahok. Ang OAH ay hindi nagtatakda ng anumang mga pamamagitan o pagdinig sa loob ng unang 30 araw pagkatapos na ang isang kahilingan para sa angkop na paraan ng pagdinig ay iniharap ng isang magulang. Ang batas ay nag-aatas na ang mga partido ay may isang "pagpapalamig" na panahon na 30 araw sa isang pagsisikap na hindi pormal na lutasin ang bagay at kumpletuhin ang sesyon ng paglutas.

Ang sesyon ba ng paglutas ay maaaring kanselahin o talikdan?

Ang mga magulang at ang distrito ng paaralan ay maaaring magkasundo sa sulat na laktawan (talikdan) ang sesyon ng paglutas. Kapag tinalikdan ng mga partido ang sesyon ng paglutas, sila ay dapat magbigay sa OAH ng nakasulat na pagsang-ayon dito, pinirmahan ng parehong partido, at ang bagay ay didiretso sa pamamagitan at pagdinig. Ang isang pagtalikdan sa sesyon ng paglutas ay dapat na nakasulat at pinirmahan ng lahat ng mga partidong sumang-ayon sa pagtalikdan sa sesyon ng paglutas. (Pormularyo 9.) Kapag tinalikdan ninyo ang isang sesyon ng paglutas at binigyan ng nakasulat na paunawa ang OAH, malamang na ang mga petsa ng pagdinig ay agahan upang ang pagdinig ay maganap nang mas maaga.

Inaatasan ba ako na lumahok sa sesyon ng paglutas?

Oo, maliban kung kayo at and distrito ay nagkasundong laktawan ito (tingnan ang nasa itaas). Ang paraan ng paglutas ay sapilitan at ang mga magulang at ang distrito ng paaralan ay dapat na parehong dumalo. Kung ang alinman sa distrito o ang mga magulang ay tumangging lumahok sa paraan ng paglutas, ang mga partikular na bunga ay maaaring mangyari, gaya ng inilarawan sa ibaba.

Kung ang mga magulang ay hindi lumahok sa sesyon ng paglutas, at ang mga partido ay hindi gumawa ng nakasulat na pagtalikdan sa pulong, ang angkop na paraan ng pagdinig ay hindi maaaring mangyari hanggang isagawa ng mga partido ang pulong. Kung hindi mapalahok ng distrito ng paaralan ang mga magulang sa sesyon ng paglutas pagkatapos gumawa ang distrito ng paaralan ng mga makatwirang pagsisikap na gawin ito, at ang distrito ng paaralan ay maaaring magdokumento ng

mga pagtatangkang ito, ang distrito ay maaaring humiling na pawalang-saysay ng OAH ang kahilingan ng mga magulang sa angkop na paraan ng pagdinig. Gayon din, maaaring pawalang-saysay ng OAH ang kahilingan kung ang mga magulang ay hindi lalahok sa isang sesyon ng paglutas. Hindi pawawalang-saysay ng OAH ang kahilingan ng mga magulang nang hindi nagbibigay sa kanila ng tatlong araw ng trabaho upang sumagot sa mungkahi ng distrito ng paaralan. Ang mga Sabado, Linggo, at mga pang-estado at pederal na piyesta opisyal ay hindi ibinibilang sa mga araw ng trabaho para sa layuning ito. Ang mga pahinga sa tag-init at mga bakasyon ng paaralan ay ibinibilang na mga araw ng trabaho

Kung ang distrito ng paaralan ay hindi nagtakda ng isang sesyon ng paglutas sa loob ng iniaatas na panahon (15 araw) o ayaw lumahok sa pulong, ang mga magulang ay maaaring humiling na itakda kaagad ng OAH ang bagay para sa angkop na paraan na pagdinig (paagahin ang mga petsa ng pagdinig). Ang kahilingang ito ay maaaring gawin sa pamamagitan ng liham sa OAH na kasama ang isang katunayan ng paghahain (Pormularyo 3) na ang kahilingan ay naihain sa kabilang partido. (Pormularyo 10.)

Kung ang mga petsa ng pagdinig ay pinaaga batay sa kabiguan ng distrito ng paaralan na itakda o lahukan ang isang sesyon ng paglutas, ang angkop na paraan ng pagdinig ay maaaring isagawa bago lumampas ang 30 araw na ipinahihintulot para sa sesyon ng paglutas.

Ano ang layunin ng isang sesyon ng paglutas?

Ang layunin nitong sesyon ng paglutas ay bigyan kayo at ang distrito ng paaralan ng pagkakataon na magkasamang magtrabaho upang lutasin ang hidwaan na nakasaad sa inyong kahilingan para sa isang pagdinig bago isagawa ang pagdinig. Ang sesyon ng paglutas ay hindi gaanong pormal na tulad ng isang pagdinig, maaaring magresulta sa maagang paglutas ng hidwaan, at maaaring makatulong na ayusin ang mga relasyon at maaaring magbukas ng mga linya ng komunikasyon sa pagitan ninyo at ng distrito ng paaralan.

Kung kayo at ang distrito ng paaralan ay nagkasundo, mayroon kayong tatlong araw ng trabaho upang pawalang-saysay, o kanselahin, ang kasunduang ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng nakasulat na paunawa sa distrito ng paaralan. Kung ito ay hindi nakansela sa loob ng tatlong araw ng trabaho, ito ay may bisa sa batas at maipatutupad sa pang-estado o pederal na hukuman. Dapat ninyong malaman na ito ang tanging bahagi ng paraan kung saan may karapatan kayong magbago ng isip. Kung, halimbawa, nakagawa kayo ng pag-aayos sa pamamagitan o bago ang pagdinig, wala kayong karapatan na magbago ng isip.

Sino ang dumadalo sa sesyon ng paglutas?

Kayo at ang distrito ng paaralan ang nagpapasiya kung sinong mga miyembro ng pangkat ng IEP ang dadalo sa sesyon ng paglutas. Sa mga kalahok ay dapat kabilang kayo, ang isang kinatawan ng distrito ng paaralan na maaaring gumawa ng mga desisyon para sa paaralan, at sinumang miyembro ng pangkat ng IEP na may impormasyong may-kaugnayan sa isyu o mga isyu na tatalakayin ng mga partido sa pulong. Maaaring angkop na padaluhin din ang inyong anak sa pulong. Ito ay isang desisyon na dapat ninyong gawin. Maaari rin kayong kumuha ng isang abugado, tagapagtaguyod, o sumusuportang kaibigan para samahan kayo at/o tulungan kayo na maghanda para sa pulong. Ang mga distrito ng paaralan ay hindi maaaring magdala ng abugado sa sesyon ng paglutas maliban kung nagdala kayo ng abugado. Ang isang distrito ng paaralan ay hindi maaaring magdala ng abugado

kung nagdala kayo ng tagapagtaguyod kung ipinasiya ninyo na ang tagapagtaguyod ay may impormasyong may-kaugnayan sa bata at gusto ninyo na ang taong iyon ay maging miyembro ng pangkat ng IEP sa sesyon ng paglutas. Kung ang magulang ay isang abugado, ang distrito ng paaralan ay hindi karapat-dapat magdala ng abugado sa sesyon ng paglutas maliban kung ang magulang ay nagdala ng ibang abugado. Para sa mga layunin ng pulong ng paglutas ang magulang ay isang magulang, kahit na ang magulang ay isa ring abugado.

Paano ako maghahanda para sa sesyon ng paglutas?

Walang iniaatas na adyenda para sa sesyon ng paglutas. Ang distrito ng paaralan ay maaaring maghanda ng isang adyenda at/o manguna sa talakayan, kaya mahalaga na maghanda kayo para sa pulong nang maaga. Maaari kayong maghanda ng adyenda ng mga bagay na gusto ninyong talakayin sa pulong at/o manguna sa talakayan kung nais ninyong gawin ito. Narito ang ilang mungkahi sa paghahanda para sa pulong:

- Maghanda ng isang pahayag na tumutugon sa lahat ng mga isyung kinakailangan sa angkop na paraan ng pagdinig, isabuod ang pinaniniwalaan ninyong kailangan ng inyong anak; at isama ang mga ideya para sa mga posibleng solusyon na pinaniniwalaan ninyo na lulutas sa kalagayan. Makakatulong na dumating na nakahandang tumalakay, at maging bukas, sa iba't ibang mga posibleng solusyon.

- Dapat ninyong organisahin ang inyong mga dokumento. Maaari ninyong itala ang mga petsa at mga tala sa isang sticky note na kalakip ng inyong mga dokumento, pero hindi ninyo dapat sulatan ang mismong mga dokumento. Dapat ninyong dalhin sa pulong ang anumang dokumentasyon na sumusuporta sa inyong posisyon tungkol sa mga pangangailangang pang-edukasyon ng inyong anak, tulad ng pagsubok o mga pagtaya na maaari ninyong makuha sa sariling pagsisikap at maaaring hindi pa ninyo naibibigay sa distrito ng paaralan.

- Kung hindi kayo komportable sa ganitong uri ng pulong, o kung wala kayong karanasan sa mga talakayan ukol sa pag-aayos, maaaring makatulong sa inyo na magsanay na gawin ang inyong pahayag sa isang tagapagtaguyod, isang miyembro ng pamilya, o isang kaibigan bago pumunta sa sesyon ng paglutas.

- Maaaring makatulong na tukuyin ang mga seksyon ng batas o mga regulasyon na nadarama ninyo na maaaring hindi sinusunod ng distrito ng paaralan.

- Maaari ring makatulong sa inyo na maghanda ng isang listahan ng mga tanong ninyo para sa distrito ng paaralan, upang asahan ang mga tanong ng distrito ng paaralan o mga sagot nila sa inyong posisyon o mga mungkahi. Maging handang sagutin ang mga tanong o tugunan ang posisyon ng distrito ng paaralan sa pamamagitan ng mga kongretong halimbawa.

- Ang sesyon ng paglutas ay maaaring maging isang madamdaming karanasan para sa inyo at sa mga empleyado ng distrito ng paaralan. Maaaring makatulong na maghanda para sa damdamin at sikapin na magpokus sa mga solusyon sa hinaharap sa halip ng mga nakalipas na problema.

- Maging handang pakinggan ang mga puntong inilitaw ng distrito ng paaralan. Kung kayo at ang mga tauhan ng distrito ay makikinig nang mabuti sa isa't isa, ang pulong ay mas malamang na magresulta sa isang kasunduan.

Maaari ba akong magdala ng abugado sa sesyon ng paglutas?

Oo. Gayunman, ang distrito ay hindi maaaring magdala ng abugado sa sesyon ng paglutas maliban kung magdala kayo ng abugado.

Paano kung kailangan ko ng isang interpreter sa sesyon ng paglutas?

Dahil ang OAH ay walang hurisdiksiyon sa mga sesyon ng paglutas, wala kaming awtoridad na magkaloob ng mga interpreter para sa kanila. Dapat kayong makipag-ugnayan sa distrito ng paaralan at humiling ng isang interpreter kung kailangan.

Paano kung ang kaso ay naayos sa sesyon ng paglutas?

Ang parehong partido ay pipirma sa isang kasunduan ng pag-aayos. Ang partidong nagharap para sa pagdinig ay dapat magbigay ng paunawa sa OAH na ang bagay ay naayos na at dapat nang iurong. Gayunman, ang parehong partido ay dapat magbigay ng nakasulat ng paunawa sa OAH na ang kaso ay naayos na. Ang paunawa ay maaaring ipadala sa pamamagitan ng fax o koreo.

Paano kung sumang-ayon ako sa isang bagay sa sesyon ng paglutas, at saka nagbago ang aking isip at gustong kanselahin ito?

Sa ilalim ng pederal na batas, kayo o ang distrito ng paaralan ay maaaring umurong mula sa kasunduan na nagawa sa sesyon ng paglutas sa loob ng tatlong araw ng trabaho pagkatapos pirmahan ito. Kung ang kasunduan ay kinansela, ang bagay ay itutuloy sa pamamagitan, isang komperensiya bago ang pagdinig, at isang angkop na paraan ng pagdinig alinsunod sa utos na pagtatakda na inilabas ng OAH.

Kung gusto ninyong kanselahin ang kasunduan, dapat kayong makipag-ugnayan sa distrito ng paaralan. Pinakamabuti na isulat ninyo ang inyong kahilingan na magkansela. Upang iwasan ang anumang pagkalito, dapat ding kayong maghatid ng liham sa inyong distrito ng paaralan at alinmang ibang kalahok na partido kasabay ng pagpapahayag ng inyong kagustuhan na magkansela. Dapat ding magpadala kayo ng isang kopya ng pagkansela sa OAH.

Kung ang inyong kaso ay pinawalang-saysay ng OAH dahil sa pag-aayos na kinansela ninyo sa dakong huli, maaari ninyong muling iharap ang inyong kahilingan para sa angkop na paraan ng pagdinig sa OAH. Tandaan na ang isang kasunduan na ginawa sa sesyon ng paglutas ay ang tanging panahon sa paraan kung saan may karapatan kayo na magbago ng isip.

Paano kung ang kaso ay hindi naayos sa sesyon ng paglutas?

Ang bagay ay dadalhin sa pamamagitan at isang angkop na paraan ng pagdinig sa mga petsang ipinadala sa inyo sa utos na pagtatakda. (Tingnan ang Bahagi 3.) Dapat kayong magpadala ng isang

paunawa ng bunga ng paglutas sa OAH naayos man o hindi ang bagay. Pangkaraniwan, ang distrito ng paaralan ang nagpapadala ng paunawang ito sa OAH.

Paano kung ang distrito ng paaralan ay hindi nagpapatupad ng kasunduang nagawa sa sesyon ng paglutas?

Ang kasunduan sa pag-aayos ay isang legal na may-bisang kasunduan at kung ang partido ay hindi sumunod sa kasunduan, ang kabilang partido ay maaaring humingi ng pagpapatupad ng kasunduan sa pamamagitan ng paghaharap ng isang reklamo tungkol sa pagsunod sa Kagawaran ng Edukasyon ng California (California Department of Education, CDE) o sa pamamagitan ng paghaharap ng reklamo sa pang-estado o pederal na hukuman. Walang awtoridad ang OAH na ipatupad ang mga kasunduang ito.

Kung ang distrito ng paaralan ay nabigong sumunod sa isang angkop na paraan ng pagdinig o ipatupad ang kasunduan sa pag-aayos, ang isang reklamo ay maaaring iharap sa CDE sa pamamagitan ng pag-download ng pormularyo ng reklamo mula sa Web site ng Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon ng CDE: http://www.cde.ca.gov/sp/se/qa/documents/cmplntproc.doc.

Kumpletuhin ang pormularyo, magsama ng isang kopya ng utos na angkop na paraan ng pagdinig, at i-fax o ipakoreo sa:
Procedural Safeguards Referral Service (PSRS)
California Department of Education
1430 N Street, Suite 2401
Sacramento, CA 95814-3704
Fax: (916) 327-3704

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano maghaharap ng reklamo, tawagan lamang ang PSRS sa (800) 926-0648, Lunes hanggang Biyernes, 9:00 a.m. hanggang 4:00 p.m.

Ano ang pagkakaiba ng isang sesyon ng paglutas at pamamagitan?

Ang pamamagitan ay isang boluntaryong paraan kung saan ang parehong partido ay kusang-loob na sumang-ayon na makipagpulong sa isang sinanay na walang-kinikilingang tao (isa na walang nakataya sa bagay na maaaring maging obhetibo at walang-pinapanigan) upang padaliin ang mga talakayan sa pag-aayos. Ang isang sesyon ng paglutas ay iniaatas ng batas sa mga partikular na kalagayan. Idinagdag ng Kongreso ang iniaatas na sesyon ng paglutas sa *IDEA* noong 2004 bilang isa pang paraan ng paghimok sa mga magulang at mga distrito ng paaralan na tuwirang lutasin ang kanilang mga pinagtatalunan sa pinakamaaagang panahon sa paraan at nang hindi nangangailangan ng isang angkop na paraan ng pagdinig. Sa isang sesyon ng paglutas:

- Walang ikatlong partido upang tulungan ang mga talakayan ng partido at paraan ng pag-aayos. Sa pamamagitan, ang OAH ay nagkakaloob ng isang tagapamagitan upang tulungan ang mga partido sa paggawa ng pag-aayos.

- Kung hindi kayo nagdala ng abugado sa isang sesyon ng paglutas, ang distrito ay hindi maaaring magdala ng abugado. Ang distrito ng paaralan ay maaaring magdala ng abugado sa pamamagitan nagdala man kayo o hindi ng abugado. (Ang eksepsiyon sa bagay na ito ay ang alinmang partido ay hindi maaaring magdala ng abugado o tagapagtaguyod na pang-edukasyon sa isang "pamamagitan lamang" na sesyon.)

- Sa isang sesyon ng paglutas, maaaring magbago ang inyong isip at kanselahin ang kasunduan sa loob ng tatlong araw ng trabaho pagkatapos magawa ang kasunduan sa paglutas. Ang isang kasunduan sa pag-aayos na nagawa sa pamamagitan ay isang pangwakas na kasunduan, at hindi ito maaaring kanselahin ng alinmang partido.

- Ang mga talakayan sa pagitan ninyo at ng distrito ng paaralan sa panahon ng isang sesyon ng paglutas ay hindi kompidensiyal. Ito ay nangangahulugan na maaaring gamitin ng distrito ng paaralan ang mga talakayang ito bilang bahagi ng ebidensiya sa isang pagdinig sa huli. Ang mga talakayan sa panahon ng pamamagitan *ay* kompidensiyal, at ang pagkapribadong iyon ay protektado ng batas. Ang ebidensiya ng mga talakayang ito ay hindi maaaring ipasok sa isang angkop na paraan ng pagdinig. Gayunman, ang mga partido sa isang sesyon ng paglutas ay maaaring gawing kompidensiyal ang mga talakayan sa pamamagitan ng pagpasok sa isang nakasulat na kasunduan na pinirmahan ng parehong partido na ang mga talakayan ay kompidensiyal at protektado sa paraang katulad ng mga pag-uusap sa pamamagitan.

Ano ang nangyayari sa angkop na paraan ng pagdinig kapag ang isang kasunduan ay nagawa sa isang sesyon ng paglutas?

Kung ang alinmang partido ay hindi nagkansela sa kasunduan, pagkaraan ng tatlong araw ng trabaho, ang kasunduan ay pangwakas. Ang mga partido ay dapat magbigay ng nakasulat na paunawa sa OAH na ang isang pangwakas na kasunduan ay nagawa, at sasarhan ng OAH ang kaso.

BAHAGI 5: Pamamagitan

Ang OAH ay inaatasan ng pang-estado at pederal na batas na mag-alok ng pamamagitan sa mga partido sa angkop na paraan ng pagdinig. Ang pamamagitan ay boluntaryo, at ang isang partido sa isang angkop na paraan ng pagdinig ay hindi inaatasan na lumahok sa pamamagitan. Gayunman, ang mga partido sa karamihan sa mga angkop na paraan ng pagdinig sa OAH ay boluntaryong lumalahok sa pamamagitan, at karamihan ay inaayos ang mga kaso rito.

Ang pamamagitan ay isang paraan kung kailan ang mga partido, inaasikaso ng isang tagapamagitan, ay nagtatrabaho upang malutas ang hidwaan. Ang tagapamagitan ay isang walang-kinikilingan, obhetibo at walang-pinapanigang ikatlong partido na tumutulong sa mga partido na ipahayag ang kanilang mga inaalala sa isa't-isa. Sa tulong ng tagapamagitan, ang lahat ng mga partidong kalahok sa paraan ng paggawa ng desisyon at bawat isa ay may pagkakataon upang ipahayag ang kanilang mga inaalala, ialay ang mga opinyon, gumawa ng mga mungkahi at lumikha ng mga solusyon. Ang pokus ng pamamagitan ay nasa paglutas sa mga hindi pinagkakasunduan ninyo at ng mga tauhan ng distrito ng paaralan at sa paggawa ng solusyon na kasiya-siya sa lahat ng mga partido.

Ano ang mga benepisyo ng pamamagitan?

Ang pamamagitan ay napatunayan na isang lubos na mabisa at matagumpay na paraan upang lutasin ang mga hidwaan, at karamihan sa mga kaso ay nalulutas sa pamamagitan. Bilang karagdagan, ang mga partido ay mas malamang na magpanatili ng isang nagtutulungang relasyon sa hinaharap. Ang pag-aayos sa pamamagitan ng pagkakasundo ay nagpapahintulot din sa mga partido na magkaroon ng malaking kakayahang mag-akma sa paggawa ng kasiya-siya sa isa't-isa na pag-aayos/nakasulat na kasunduan. Ang pamamagitan ay nagpapahintulot sa mga partido na makipag-usap para sa pinaniniwalaan nila na pinakamahalaga sa kanila sa paglutas ng hidwaan. Kung ang isang hidwaan ay pumunta sa isang angkop na paraan ng pagdinig, ang ALJ ay gagawa ng pangwakas na desisyon, at ang desisyong iyon ay maaaring hindi lubos na kasiya-siya sa alinmang partido. Ang pamamagitan ay mas mura kaysa isang pagdinig batay sa oras, pera, at personal na tensiyon, at nagpapahintulot sa mga partido na kontrolin ang bunga. Anumang sinabi sa panahon ng pamamagitan ay kompidensiyal.

Ano ang "pamamagitan lamang," at kailan ito ginaganap?

Ang alinman sa inyo o distrito ng paaralan ay maaaring magharap ng kahilingan para sa "pamamagitan lamang." Ang OAH ay magtatakda ng sesyon upang maganap sa loob ng 15 araw ng petsa ng paghaharap ng kahilingan at magpadala ng isang utos ng pagtatakda sa lahat ng mga partido. Ang isang kahilingan para sa pamamagitan lamang ay magreresulta sa ganyan – isang pamamagitan lamang. Wala nang iba pang itatakda. Kung ang mga hidwaan ay hindi nalutas sa pamamagitan lamang, sasarhan ng OAH ang kaso, at isa ng mga partido ay maaari nang magharap ng isang bagong kahilingan para sa pamamagitan at angkop na paraan ng pagdinig upang ibang ALJ ang magsagawa ng angkop ng paraan ng pagdinig upang lutasin ang hidwaan.

Kailan pangkaraniwang ginaganap ang pamamagitan?

Ang pamamagitan ay pangkaraniwang ginaganap sa isang lugar na makatwirang maginhawa sa magulang, pangkaraniwang ang lugar ng paaralan o opisina ng distrito Tatanggap kayo ng paunawa ng lugar ng pamamagitan sa utos na pagtatakda.

Paano ko babaguhin ang petsa ng pamamagitan kung hindi ako makakadalo sa nakatakdang petsa?

Babaguhin ng OAH ang unang petsa ng pamamagitan na nasa utos na pagtatakda kung ang lahat ng mga partido ay sumang-ayon sa isang bagong petsa. Lahat ng mga partido ay dapat pumirma sa pormularyo na nagtatakda ng bagong pinagkasunduang petsa ng pamamagitan na ipinadadala sa utos na pagtatakda. Dahil ang pamamagitan ay isang boluntaryong paraan, ang alinmang partido ay maaaring magpasiya na kanselahin ang pamamagitan anumang oras.

Paano kung ang isa sa mga partido ay ayaw lumahok sa pamamagitan?

Dahil ang paraan ng pamamagitan ay boluntaryo, kayo o ang distrito ng paaralan ay maaaring mangkansela (tumalikdan) sa pamamagitan kung alinman sa inyo ay ayaw lumahok. Walang iniaatas na ang isang partido ay magbigay ng anumang dahilan para sa desisyon nito na tumanggi sa pamamagitan. Kakanselahin ng OAH ang pamamagitan kung ang distrito ng paaralan o kayo ay nagbigay ng paunawa sa OAH na ayaw nilang lumahok.

Kung ang lahat ng mga partido ay nagpasiya sa dakong huli na ang pamamagitan ay makakatulong, magtatakda ng OAH ng petsa ng sesyon. Ang pamamagitan ay makukuha anumang oras ng mga partido, kahit sa panahon ng angkop na paraan ng pagdinig. Kung ang mga partido ay humiling ng pamamagitan sa panahon ng pagdinig, ang pagdinig ay pangkaraniwang magiging "madilim" (wala sa sesyon) sa isang araw habang isinasagawa ang pamamagitan. Kung malutas ang bagay, ang pagdinig ay ipagpapatuloy sa kasunod na araw.

Ano ang tagapamagitan?

Ang tagapamagitan ay isang hukom ng batas na pampangasiwaan (administrative law judge, ALJ) na nagtatrabaho sa OAH. Ang mga propesyonal na ito ay mga abugado rin at tumanggap ng malawak na pagsasanay pareho sa pamamagitan at espesyal na edukasyon at hindi kukulangin sa limang taon nang ginagamit ang propesyon sa batas.

Ano ang tungkulin ng tagapamagitan?

Ang tungkulin ng tagapamagitan ay *hindi* upang kumilos bilang isang hukom at gumawa ng mga pagpapasiya ng katotohanan at/o mga kongklusyon ng batas tungkol sa mga isyu. Ginagawa ng tagapamagitan ang mga sumusunod:

- Tumutulong bilang isang walang-kinikilingang partido, na makatarungan, obhetibo at walang-pinapanigan, at walang nakataya sa kalalabasan ng kaso.
- Nag-aasikaso ng bukas na komunikasyon sa pagitan ninyo at ng ibang mga partido.
- Lumilikha ng isang ligtas, komportableng kapaligiran na nagpapadali ng isang palitan, positibong ugnayan ng mga partido.

- Tumutulong sa mga partido sa pag-unawa ng pananaw ng isa't-isa at tumutulong sa kanila na magawa ng ang isang kasiya-siya sa isa't-isa na paglutas ng hidwaan.
- Nililinaw ang mga punto ng pagkakasundo at hindi pagkakasundo ng mga partido upang makatulong sa pagtukoy ng mga mapipili na maaaring makuha upang malutas ang kaso.

Huwag damhin ang pamumuwersa na makipag-ayos sa pamamagitan. Nasa inyo ang pagpapasiya kung ang kasunduan ay angkop para sa inyo at sa inyong anak. Kung hindi ninyo malutas ang bagay sa mga kondisyon na katanggap-tanggap sa lahat, ang bagay ay susulong sa isang angkop na paraan ng pagdinig.

Sino ang pangkaraniwang dumadalo sa pamamagitan?

Sa mga kalahok sa pamamagitan ay kabilang ang tagapamagitan, ang mga magulang, isang kinatawan ng distrito ng paaralan na maaaring gumawa ng mga desisyon para sa paaralan, at sinumang miyembro ng pangkat ng IEP na may impormasyong may kaugnayan sa isyu o mga isyu na tatalakayin ng mga partido sa pulong.

Ang mga partido ay maaaring magdala ng isang abugado o tagapagtaguyod sa pamamagitan, maliban kung ang kahilingan ay para sa "pamamagitan lamang." Ang isang magulang ay maaaring magdala ng isang tagapagtaguyod o isang sumusuportang kaibigan sa pamamagitan.

Maaari ko bang irekord sa teyp ang pamamagitan?

Hindi. Ang mga ito ay mga kompidensiyal na talakayan.

Paano ako maghahanda para sa pamamagitan?

- Isulat ang isang balangkas ng pinaniniwalaan ninyong kailangan ng inyong anak, at isama ang mga ideya para sa mga posibleng solusyon.
- Organisahin ang inyong mga dokumento. Magdala ng anumang dokumentasyon na sumusuporta sa inyong posisyon tungkol sa mga pangangailangang pang-edukasyon ng inyong anak, tulad ng mga ulat ng pagsubok o pagtaya na kayo ang gumawa.
- Isaalang-alang ang pagsangguni sa isang abugado o tagapagtaguyod bago ang pamamagitan. Kung ang isang abugado o tagapagtaguyod ay kakatawan sa inyo, talakayin ang mga isyu, at mga posibleng solusyon, sa taong iyon bago ang pamamagitan. Hindi kayo inaatasan na magbigay ng paunawa sa distrito ng paaralan kung plano ninyong magdala ng abugado o tagapagtaguyod sa pamamagitan.
- Maaaring makatulong na tukuyin ang mga seksyon ng batas o mga regulasyon na nadarama ninyo na maaaring hindi sinusunod ng distrito ng paaralan.
- Dumating na nakahandang tumalakay, at maging bukas, sa iba't ibang mga posibleng solusyon.
- Sikapin na asahan ang mga tanong ang distrito ng paaralan o tagapamagitan o mga sagot nila sa inyong posisyon o mungkahi, at maging handang sumagot sa mga tanong o salungatin ang mga posisyon ng distrito ng paaralan sa pamamagitan ng mga kongkretong halimbawa.
- Ang pamamagitan ay maaaring maging isang madamdaming karanasan para sa lahat ng mga partido, pero sikapin na magpokus sa mga solusyon sa hinaharap sa halip na sa mga nakaraang problema.

- Tunay na *makinig* sa mga solusyon na iniaalok at ang mga dahilan.

Ano ang mga benepisyo ng pamamagitan?

Ang mga kasunduan ay pangkaraniwang nagreresulta sa mas malaking kasiyahan para sa lahat ng mga partido. Ang pamamagitan ay maaaring mas mura kaysa sa pagpunta sa pagdinig at maaaring magresulta sa mga paglutas nang mas mabilis kaysa mga tradisyunal na pamamaraang pambatas. Ang mga solusyon na hindi ipag-uutos ng isang hukom sa isang pagdinig ay maaaring makuha sa pamamagitan. Pinakamahalaga, ang mga partido ang kumokontrol sa bunga kung makagawa sila ng pagkakasundo.

Ano ang nangyayari sa panahon ng pamamagitan?

Ang tagapamagitan ay magpapakilala sa bawat isa at pauupuin kayong lahat sa harap ng isang mesa. Ipaliliwanag niya ang layunin ng pamamagitan, ang tungkulin ng pamamagitan, at kung paano magpapatuloy ang sesyon. Ang tagapamagitan ay magsasabi sa mga partidong naroroon na pumirma sa isang pormularyo ng OAH na nagpapakita kung sino ang lumahok.

Ang tagapamagitan ay magsasabi sa partido na nagharap ng kahilingan na magbigay ng pangkalahatang-tanaw sa mga isyu sa kaso, anong mga isyu ang nalutas, kung mayroon, at anong mga isyu ang pinagtatalunan pa, at anong paglutas ang gustong makita ng nagharap na partido. At saka ang kabilang partido ay bibigyan ng pagkakataon na sumagot. Pagkaraan, ang tagapamagitan ay tutulong sa mga partido sa pagtalakay sa bawat isyu at mga ideya para sa paglutas ng hidwaan.

Ang alinmang partido ay maaaring humiling na makipag-usap mag-isa sa tagapamagitan. Ito ay tinatawag na kawkus. Kung ang magulang ay humingi ng kawkus sa tagapamagitan, ang mga tauhan ng distrito ng paaralan ay pangkaraniwang pupunta sa ibang silid upang ang magulang ay magkaroon ng pribadong talakayan sa tagapamagitan. Kung ang tagapamagitan ay nagkawkus sa isang partido, ang tagapamagitan ay malamang na magkawkus din sa kabilang partido. Kung minsan ang mga partido ay maaaring humiling na makipag-usap nang pribado nang hindi kasama ang kabilang panig at wala ang tagapamagitan. Ang bawat pamamagitan ay iba. Sa buong sesyon, ang mga partido ay maaaring magkawkus nang walang kasama o kasama ng tagapamagitan nang ilang beses. Ang mga alok na pag-aayos ay maaaring talakayin sa panahon ng mga kawkus at ang mga partido ay maaaring humiling sa tagapamagitan na sabihin ang mga alok at kontra-alok sa kabilang partido, katulad ng kung paano kayo makipag-usap sa pagbili ng isang bahay sa isang ahente.

Ang mga pamamagitan ay maaaring tumagal ng buong araw maliban sa mga pamamagitan na may kaugnayan sa Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles (Los Angeles Unified School District). Ang mga pamamagitang ito ay itinatakda para sa kalahating araw. Kung kailangan, at sa kahilingan ng parehong partido, ipagpapatuloy ng tagapamagitan ang pamamagitan sa ibang araw kung ito ay kapaki-pakinabang.

Ano ang mangyayari kung maayos namin ang hindi pinagkakasunduan sa pamamagitan?

Ang mga partido ay maaaring lumutas sa ilan o lahat ng mga isyu sa pamamagitan, at kukumpirmahin ninyo ito sa pamamagitan ng paglalagay nito sa isang nakasulat na pormularyo sa

lugar. Ito ay tinatawag na isang nakasulat na kasunduan sa pag-aayos o isang pinamagitanang kasunduan sa pag-aayos.

Ang mga partido at ang kanilang mga kinatawan ay magrerepaso sa lengguwahe ng pag-aayos at gagawa ng mga mungkahi at pagbabago gaya ng kailangan. Pagkatapos sumang-ayon ang mga partido at ang kanilang mga kinatawan sa mga katawagan at lengguwahe ng kasunduan sa pag-aayos, pipirma kayo sa dokumento. Maliban kung ang pag-aproba ng lupon ng paaralan ay kailangan, ang kaso ay tatapusin. Ang tagapamagitan ay magdadala ng mga pormularyo ng OAH na ang maaaring pirmahan ng mga partido upang sarhan ang kaso. Kung ang pag-aproba ng lupon ng paaralan ay kailangan, ang pagdinig ay ipagpapaliban, pero hindi pawawalang-saysay. Sa sandaling makuha ang pag-aproba, ang partidong nagharap ng kahilingan sa OAH ay inaatasan na magbigay ng isang liham sa OAH na nagpapabatid na ang bagay ay nilutas sa pamamagitan upang masarhan ng OAH ang kaso at makansela ang lahat ng mga petsang itinakda para sa pagdinig. Kung hindi inaprobahan ng lupon ng paaralan ang kasunduan, ang mga partido ay dapat magbigay ng paunawa sa OAH, at ang bagay ay tutuloy sa ibang pamamagitan at saka sa angkop na paraan ng pagdinig kung ang bagay ay indi naayos.

Ano ang mangyayari kung walang kasunduang nagawa sa pamamagitan?

Kung ang bagay ay iniharap bilang isang "pamamagitan lamang," ang kaso ay pawawalang-saysay ng OAH sa pagtatapos ng pamamagitan. Pero tandaan, magagawa ninyo pa rin na muling magharap para sa isang pagdinig kung ang mga isyu ay hindi nalutas sa pamamagitan ng paghaharap ng kahilingan para sa pamamagitan at angkop na paraan ng pagdinig (Pormularyo 2).

Kung ang isang kahilingan para sa angkop na paraan ng pagdinig ay isinama, ang bagay ay tutuloy sa isang komperensiya bago ang pagdinig (tingnan ang Bahagi 7) at isang angkop na paraan ng pagdnig (tingnan ang Bahagi 10). Sa pagtatapos ng pamamagitan, kukumpirmahin ng tagapamagitan ang mga petsa ng pagdinig.

Paano kung hindi namin nalutas ang kaso sa pamamagitan, pero gustong subukan ang isa pang pamamagitan?

Ang pamamagitan ay makukuha anumang oras sa angkop na paraan ng pagdinig basta sumang-ayon ang parehong partido na lumahok. Kung ang mga partido ay naniniwala na makakatulong na magkaroon ng karagdagang pamamagitan, dapat silang sumang-ayon sa isang petsa para rito at gumawa ng kahilingan sa OAH. Pangkaraniwang magtatakda ang OAH ng pamamagitan sa petsang pinili ng mga partido.

BAHAGI 6: Ang komperensiya ng boluntaryong pag-aayos

Ang paraan ng boluntaryong pag-aayos ay isa pang paraan upang matulungan ang mga partido na ayusin ang kanilang hindi pinagkakasunduan bago ang pagdinig. Kung nagharap kayo ng kahilingan para sa pamamagitan at angkop na paraan ng pagdinig at hindi nagawang lutasin ang inyong hidwaan sa pamamagitan ng pamamagitan, maaari rin kayong humiling ng isang komperensiya ng boluntaryong pag-aayos upang subukan na lutasin ito bago ang pagdinig. Ang OAH ay magkakaloob ng isang isang hukom ng batas na pampangasiwaan (administrative law judge, ALJ) para sa komperensiya. Maaaring padaluhin ng mga partido ang kanilang mga abugado.

Ano ang pagkakaiba ng komperensiya sa boluntaryong pag-aayos sa pamamagitan?

Ang isang komperensiya ng boluntaryong pag-aayos ay mas pormal kaysa pamamagitan, at ang itinalagang ALJ ay maaaring mas "naninimbang." Sa ibang mga salita, maaaring sabihin ng ALJ sa mga abugado at mga partido kung paano siya magpapasiya sa mga partikular na isyu, batay sa mga katotohanan. Maaaring ibalangkas ng ALJ ang komperensiya sa boluntaryong pag-aayos upang matugunan ang mga pangangailangan ng partikular na hidwaan. Halimbawa, maaaring nasa silid kayo na kasama ang kabilang partido o mga partido, o maaaring nasa magkahiwalay na silid kayo. Sa pamamagitan, ang ALJ ay naroroon upang makatulong na padaliin ang mga talakayan at hayaan ang mga partido na magkaroon ng isang kalutasan na katanggap-tanggap sa parehong panig. Sa isang komperensiya ng boluntaryong pag-aayos, ang ALJ ay malamang na magpahayag tungkol sa kung anong mga kalutasan ang angkop at ang kalamangan na ang isang partido ay maaaring mamayani sa pagdinig.

Paano ako hihiling ng isang komperensiya sa boluntaryong pag-aayos?

Dapat kayong makipag-ugnayan sa kabilang partido o mga partido, at itanong sa kanila kung payag silang lumahok sa isang komperensiya sa boluntaryong pag-aayos. Lahat ng mga partido ay dapat sumang-ayon na magtakda ng isang komperensiya sa boluntaryong pag-aayos para mangyari ito. Sa sandaling makakuha kayo ng pagsang-ayon mula sa kabilang partido o mga partido na sila ay payag lumahok, maaari kayong humiling ng isang liham ng komperensiya sa boluntaryong pag-aayos sa OAH, pinirmahan ng lahat ng mga partido, at ipinadala sa pamamagitan ng koreo o fax sa (916) 376-6319.

Ang kahilingan ay dapat magtaglay ng kaugnay na impormasyon tungkol sa kaso, tulad ng pangalan at numero ng kaso. Ito ay dapat magsaad na ang mga partido ay gustong lumahok sa isang komperensiya sa boluntaryong pag-aayos upang subukan na ayusin ang kaso, at dapat magmungkahi ng mga petsa na kayo at ang kabilang partido o mga partido ay makakalahok. Dapat kayong magharap ng katunayan ng paghahain kasama ng inyong kahilingan (Pormularyo 3) upang ipakita sa OAH na naghain kayo ng isang kopya ng inyong kahilingan sa kabilang mga partido. Dapat kayong magpadala ng isang kopya ng inyong kahilingan sa kabilang partido o mga partido sa angkop na paraan ng pagdinig (kamay na paghahatid, koreo, o fax), o sa kanilang mga abugado kung sila ay kinakatawan, kasabay na pagpapadala ninyo nito sa OAH.

Kung ang inyong kahilingan ay iginawad, itatakda ng OAH ang petsa at oras para sa komperensiya sa boluntaryong pag-aayos at magbibigay ng nakasulat na paunawa ng petsa, oras, at lugar sa iyo at sa

ibang mga partido. (Tingnan ang Pormularyo 11.) Pangkaraniwan, ang komperensiya sa boluntaryong pag-aayos ay ginaganap ilang araw bago magsimula ang pagdinig.

Saan ginaganap ang komperensiya sa pag-aayos?

Ang isang komperensiya sa boluntaryong pag-aayos ay ginaganap sa mga opisina ng OAH, maliban kung iba ang iniutos. Ang bawat partido o kinatawan na dumadalo ay inaatasan na lubos na maging pamilyar sa mga katotohanan at isyu ng kaso, at inaatasan na magkaroon ng awtoridad, o upang makuha ang awtoridad kaagad sa pamamagitan ng telepono, upang makipag-usap at makagawa ng mga kondisyon sa pag-aayos.

Ano ang mga pahayag ng komperensiya sa pag-aayos?

Maaari kayong atasan ng OAH na magharap ng isang "Kompidensiyal na Pahayag sa Komperensiya sa Pag-aayos" hindi kukulangin sa tatlong araw ng trabaho bago ang komperensiya sa boluntaryong pag-aayos na naglalarawan ng mga isyu ng katotohanan at batas at anumang naunang mga talakayan sa pag-aayos sa kaso.

Ano ang dapat kong dalhin sa komperensiya sa pag-aayos?

Dapat kayong magdala ng anumang mga kaugnay na dokumento at isang burador ng anumang mungkahing pag-aayos sa computer disk o sa sulat.

Kompidensiyal ba ang komperensiya sa pag-aayos?

Oo, maliban kung kayo at ang ibang mga partido ay sumang-ayon sa ibang paraan.

Maaari ko bang irekord sa teyp ang komperensiya sa pag-aayos?

Hindi, dahil ang mga talakayan ay kompidensiyal.

Ano ang mangyayari sa katapusan ng komperensiya sa pag-aayos?

Kung nakagawa kayo ng pag-aayos, ito ay isusulat bilang kasunduan at ang kaso ay pawawalang-saysay.

Kung minsan ang mga distrito ng paaralan ay dapat kumuha ng pag-aproba ng isang pag-aayos mula sa superintendente ng distrito o ng lupon ng paaralan. Pagkatapos niyon ito ay magiging pangwakas. Ang pagdinig ay pangkaraniwang ipagpapaliban habang hinihintay ang pag-aproba ng lupon. Kung hindi inaprobahan ng lupon ng paaralan ang kasunduan, ang mga partido ay dapat magbigay ng paunawa sa OAH, at ang bagay ay tutuloy sa ibang pamamagitan o komperensiya sa boluntaryong pag-aayos kung sumang-ayon ang mga partido, at saka sa angkop na paraan ng pagdinig kung ang bagay ay indi naayos.

Kung walang pagkakasundo na nagawa sa komperensiya sa boluntaryong pag-aayos, kukumpirmahin ng ALJ ang mga petsa ng pagdinig sa mga partido at ang bagay ay tutuloy sa isang angkop na paraan ng pagdinig.

BAHAGI 7: Ang komperensiya bago ang pagdinig

Ang komperensiya bago ang pagdinig ay isinasagawa sa pamamagitan ng telepono at nangangailangan ng isang komperensiyang tawag sa pagitan ng ALJ, at lahat ng mga partido para sa layunin na talakayin at planuhin ang angkop na paraan ng pagdinig. Magsasalita kayo tungkol sa mga pangalan ng mga testigo na magbibigay ng testimonya sa pagdinig at kung gaano katagal aabot ang testimonya ng testigo, paano ang inyong mga eksibit (dokumentaryong ebidensiya) ay mamarkahan para sa pagdinig, at gaano karaming oras ang maaaring kailanganin upang makumpleto ang pagdinig. Ang komperensiya bago ang pagdinig ay nagbibigay ng kakayahan sa lahat na malaman kung ano ang dapat asahan sa panahon ng angkop na paraan ng pagdinig.

Paano kung ipasiya ko na kumuha ng isang abugado o tagapagtaguyod bago ang komperensiya bago ang pagdinig?

Ang inyong abugado o tagapagtaguyod ay inaatasan ng batas na ipagbigay-alam sa distrito ng paaralan at alinmang ibang mga partido na kayo ay kinakatawan nang hindi kukulangin sa sampung (10) araw bago ang angkop na paraan ng pagdinig. Magandang ideya na magpadala sa OAH ng isang kopya ng anumang dokumentong ipinadala ninyo sa ibang partido na nagsasabi sa kanila na mayroon kayong abugado o tagapagtaguyod.

Paano ko malalaman kung kailan gaganapin ang komperensiya bago ang pagdinig?

Ang petsa para sa komperensiya bago ang pagdinig ay pangkaraniwang itinatakda isang linggo bago ang pagdinig sa isang Lunes o Miyerkules. Tatanggapin ninyo ang petsa para sa komperensiya bago ang pagdinig sa utos na pagtatakda na ipinadala sa inyo ng OAH pagkatapos iharap ang kahilingan para sa angkop na paraan ng pagdinig. (Tingnan ang Bahagi 3.)

Ano ang mangyayari kung wala akong komperensiya bago ang pagdinig?

Kung ang komperensiya bago ang pagdinig ay hindi ginanap sa anumang dahilan, napapailalim pa rin kayo sa mga batas na nag-aatas sa inyo na maghain (magbigay ng mga kopya ng) inyong mga eksibit at listahan ng testigo sa ibang mga partido. Ang batas ay nag-aatas na hindi kukulangin sa limang araw ng trabaho bago ang angkop na paraan ng pagdinig, ang mga partido ay dapat magpadala sa isa't-isa ng mga kopya ng lahat ng mga dokumento (mga eksibit) na hangad ninyong gamitin sa angkop na paraan ng pagdinig, gayon din ng listahan ng mga testigo na hangad ninyong magsalita para sa inyo sa angkop na paraan ng pagdinig (tingnan ang higit pang talakayan sa ibaba, at sumangguni sa inyong utos na pagtatakda; tingnan din ang Pormularyo 4).

Ang komperensiya bago ang pagdinig ay nagbibigay sa mga partido ng pagkakataon na makipag-usap sa ALJ bago ang pagdinig, at tiyakin na nagawa na ninyo ang kailangan ninyong gawin sa pagdinig. Dahil dito, kung ang inyong angkop na paraan ng pagdinig ay nalalapit na at wala kayong komperensiya bago ang pagdinig sa kalendaryo, dapat kayong humiling nito sa pamamagitan ng pagliham sa OAH, ipinahahayag ang inyong kahilingan na ang isang komperensiya bago ang pagdinig ay ilagay sa kalendaryo. Tiyakin na magpadala ng isang kopya ng kahilingan sa lahat ng ibang mga partido.

Kailangan ko bang dumalo sa komperensiya bago ang pagdinig?

Kung kinakatawan ninyo ang sarili sa angkop na paraan ng pagdinig, kayo ay inaatasan na dumalo sa komperensiya sa pagdinig. Kung kayo ay may abugado, siya ay maaaring dumalo para sa inyo. Lahat ng mga komperensiya bago ang pagdinig ay ginaganap sa pamamagitan ng telepono, maliban kung iba ang iniutos.

Sino ang mamamatnugot sa komperensiya bago ang pagdinig?

Pangkaraniwan, ang ALJ na itinalaga sa inyong angkop na paraan ng pagdinig ay itatalaga rin sa inyong komperensiya bago ang pagdinig. Ang ALJ ay magpapasimula ng komperensiya bago ang pagdinig sa pamamagitan ng pagtawag sa mga partido sa petsa at oras na tinukoy sa utos na pagtatakda. Dapat na nakahanda kayo para sa komperensiya bago ang pagdinig at dapat na tawagan ninyo ang OAH 30 minuto bago ang nakatakdang komperensiya bago ang pagdinig at ipagbigay-alam sa OAH ang pinakamahusay na numero para makausap kayo.

Makakapunta kayo sa Web site ng OAH sa http://www.oah.dgs.ca.gov/Special+Education/Special+Ed+Web+Calendar.htm upang malaman kung sinong ALJ ang nakatalaga sa inyong kaso at tingnan ang kalendaryo ng OAH.

Irerekord ba ang komperensiya bago ang pagdinig?

Oo. Irerekord ito ng hukom at ang pagrekord ay magiging bahagi ng opisyal na rekord.

Maaari ko bang irekord ang komperensiya bago ang pagdinig gamit ang aking sariling kagamitan?

Dapat na mayroon kayong permiso mula sa OAH upang gawin ito, at magbigay muna ng paunawa sa ibang mga partido. Kung nagbabalak kayong irekord ang komperensiya bago ang pagdinig, dapat ninyong isama ang inyong kahilingan na magrekord sa pahayag ng komperensiya bago ang pagdinig. Hindi ninyong maaaring irekord ang komperensiya bago ang pagdinig maliban kung mayroon kayong partikular na pag-aproba ng ALJ.

Kailangan ko bang maghanda para sa komperensiya bago ang pagdinig?

Hindi kukulangin sa tatlong araw ng trabaho bago ang komperensiya bago ang pagdinig, ang mga partido ay inaatasang magharap sa OAH, at ipadala sa ibang mga partido, ang isang pahayag ng komperensiya bago ang pagdinig (Tingnan ang Pormularyo 13 para sa halimbawa ng pahayag ng komperensiya bago ang pagdinig.) Tandaan na ang lahat ng mga dokumentong ihaharap ninyo, kabilang ang inyong pahayag ng komperensiya bago ang pagdinig, ay dapat samahan ng isang katunayan ng paghahain (Pormularyo 3). Ang kabilang partido ay inaatasan na magharap ng isang pahayag ng komperensiya bago ang pagdinig sa OAH at padalhan din kayo ng kopya. Itong pahayag ng komperensiya bago ang pagdinig ay *dapat* magsama ng mga sumusunod:

- Inyong pahayag ng bilang ng mga araw na kailangan upang makumpleto ang angkop na paraan ng pagdinig. Dapat ninyong isama sa tantiyang ito ang oras na kinakailangan para sa presentasyon ng inyong kaso lamang, at gayon din ng isang tantiya ng oras na kinakailangan para sa buong pagdinig.

- Ang isang maikling pahayag ng mga isyung pagpapasiyahan sa angkop na paraan ng pagdinig, at ang iminungkahing kalutasan ng bawat isyu, batay lamang sa mga isyung inilitaw sa kahilingan para sa angkop na paraan ng pagdinig. Hindi kayo maaaring maglitaw ng anumang mga bagong isyu sa inyong pahayag sa komperensiya bago ang pagdinig. Hindi maaaring ipahayag ninyo lamang na ang mga isyu ay ang mga nasa kahilingan para sa angkop na paraan ng pagdinig, kundi dapat ninyong ilista ang mga isyu sa inyong pahayag ng komperensiya bago ang pagdinig.
- Ang pangalan ng bawat testigo na maaari ninyong tawagan sa angkop na paraan ng pagdinig at isang maikling buod ng sasabihin nila at kung bakit may kaugnayan ito sa inyong hidwaan.
- Ang pangalan ng bawat eksperto na maaari ninyong tawagan sa angkop na paraan ng pagdinig, isang maikling buod ng paksa ng inaasahang testimonya ng eksperto, at isang paglalarawan ng isyu na may kaugnayan ang testimonya ng eksperto.
- Isang listahan ng mga eksibit na hangad ninyong iharap sa angkop na paraan ng pagdinig, at isang paglalarawan ng anumang pisikal o nagpapakitang ebidensiya. Mga eksibit ng pangkaraniwang dokumentaryong ebidensiya, tulad ng IEP ng inyong anak o mga kopya ng mga ulat ng pagtaya na gusto ninyong asahan sa panahon ng pagdinig upang patunayan ang inyong kaso. Ang isang halimbawa ng nagpapakitang ebidensiya ay isang video ng estudyante sa silid-aralan, isang tsart na nagpapakita ng taon ng paaralan, o ng isang mapa ng kampus ng paaralan.
- Ang pangalan ng sinumang mga testigo, kung mayroon, na gusto ninyong magbigay ng testimonya sa pamamagitan ng telepono sa angkop na paraan ng pagdinig.
- Ang pangangailangan, kung mayroon, ng isang interpreter o espesyal na kaluwagan sa angkop na paraan ng pagdinig.

Ang isang paglalarawan ng iniaatas na isama sa pahayag ng komperensiya bago ang pagdinig ay nakalista rin sa utos na pagtatakda (tingnan ang Pormularyo 4) na ipadadala sa inyo ng OAH.

Ano ang tinatalakay sa komperensiya bago ang pagdinig?

Sa panahon ng komperensiya bago ang pagdinig, kayo o ang inyong abugado ay dapat maging handang talakayin ang lahat ng mga bagay na kailangan upang magpatuloy ang pagdinig nang makinis at organisado. Sa mga bagay na tatalakayin ay kabilang ang mga sumusunod:

Lugar at oras**:** Ang petsa, oras, at lugar ng angkop na paraan ng pagdinig.

Mga Isyu**:** Ang mga isyung pakikinggan sa angkop na paraan ng pagdinig at pagpapasiyahan ng ALJ sa isang nakasulat na desisyon. Sa panahon ng komperensiya bago ang pagdinig, ang ALJ at ang ibang mga partido ay bibigyan ng pagkakataon na magtanong upang malinawan ang mga isyu. Halimbawa, paglilinaw kung aling mga taon ng paaralan ang kaugnay sa inyong mga isyu.

Ang mga iminumungkahing kalutasan: Sa panahon ng komperensiya bago ang pagdinig, ang ALJ at ang ibang mga partido ay bibigyan ng pagkakataon na magtanong upang malinawan ang hiniling na bunga na hinahangad ng mga partido. Halimbawa, paglilinaw ng mga remedyong hinahangad ninyo sa angkop na paraan ng pagdinig.

Mga Eksibit: Tatalakayin ng ALJ ang mga iniaatas para sa mga tagabigkis ng eksibit (na paglalagyan ninyo ng lahat ng ebidensiya), paglalagay ng numero sa inyong mga eksibit, ang bilang ng mga kopya ng tagabigkis ng eksibit na kailangan ninyong dalhin sa pagdinig, at kailan ninyo kailangang magkaloob ng inyong tagabigkis ng eksibit sa ibang partido. Ang inyong tagabigkis ng eksibit ay

dapat magkaroon ng isang talahanayan ng mga nilalaman na naglilista sa lahat ng mga eksibit sa pamamagitan ng numero. Maliban kung iba ang iniutos ng ALJ, dapat kayong magbigay ng isang kopya ng inyong tagabigkis ng eksibit, na ang mga eksibit na wastong nilagyan ng numero at pinaghiwalay ng mga etiketa sa tagabigkis, sa kabilang partido o mga partido hindi kukulangin sa limang araw ng negosyo bago ang pagdinig. Kung ang kabilang partido o mga partido ay kinakatawan ng mga abugado, dapat kayong magbigay ng isang tagabigkis sa abugado (hindi tuwiran sa partido, maliban kung ito ay sinang-ayunan muna ng abugado). Ang tagabigkis ng eksibit para sa ALJ at isang nakahiwalay na tagabigkis ng eksibit para sa lahat ng mga testigo upang gamitin kapag nagbibigay ng testimonya ay dapat ninyong dalhin sa pagdinig sa unang araw. Inaatasan din ang distrito ng paaralan na gawin ang lahat ng nasa itaas sa mga eksibit nito. Ang kabiguang gawin ito ay maaaring magresulta sa pagbabawal na gamitin ang mga eksibit sa angkop na paraan ng pagdinig.

Mga Testigo: Sa panahon ng komperensiya bago ang pagdinig, aasahan kayo na talakayin ang mga bagay na may kaugnayan sa mga testigo na hangad ninyong tawagan sa pagdinig. Kayo ang responsable para sa paghahanda sa inyong mga testigo upang dumalo sa angkop na paraan ng pagdinig. Gayunman, kung ang isang testigong hangad ninyong tawagan ay nagtatrabaho sa distrito ng paaralan, maaari kayong humiling sa ALJ na mag-utos na ihanda ng distrito ng paaralan ang testigo sa panahon ng angkop na paraan ng pagdinig. Pangkaraniwan, ang bawat panig ay tinatanong at sumasang-ayon na makatwirang ihanda ang kanilang mga testigo sa pagdinig nang hindi nangangailangan ng subpoena. (Tingnan ang Pormularyo 13, at talakayin sa ibaba tungkol sa mga subpoena.)

Testimonya sa pamamagitan ng telepono: Ang mga testigo ay maaaring pahintulutan na magbigay ng testimonya sa pamamagitan ng telepono sa ilalim ng mga partikular na kalagayan. Kayo ay aasahan na ipaliwanag ang mga dahilan kung bakit ang testigong ito ay hindi maaaring magbigay ng testimonya nang personal. Ang ALJ ay magpapasiya kung ipahihintulot ito o hindi.

Mga mungkahi bago ang pagdinig: Sa panahon ng komperensiya bago ang pagdinig, aasahan kayo na talakayin ang anumang mga mungkahi na hangad ninyong iharap bago ang angkop na paraan ng pagdinig. Ang mga mungkahi bago ang pagdinig ay maaaring kabilang, halimbawa, ang isang mungkahi na baguhin ang mga petsa ng pagdinig o upang baguhin ang lugar ng pagdinig.

Pampubliko o pribadong pagdinig: Ang mga pagdinig sa espesyal na edukasyon ay "sarado" sa publiko maliban kung humiling ang magulang na ang pagdinig ay buksan para daluhan ng publiko. Sa panahon ng komperensiya bago ang pagdinig, ang mga magulang ay magkakaroon ng pagkakataon na humiling na ang pagdinig ay maging bukas sa publiko.

Ano ang utos na kasunod ng komperensiya bago ang pagdinig?

Pagkatapos ng komperensiya bago ang pagdinig, ang ALJ ay maglalabas ng isang nakasulat na utos sa lahat ng mga partido sa mga bagay na tinalakay ninyong lahat at anumang mga direksiyon na dapat sundin. (Tingnan ang Pormularyo 14 para sa halimbawang utos kasunod ng komperensiya bago ang pagdinig.)

Kung hindi ninyo sinunod ang mga utos, ang ALJ ay maaaring magpataw ng mga sanction (mga parusa) laban sa inyo. Halimbawa, kung hindi ninyo binigyan ng inyong mga eksibit ang ibang mga partido nang hindi kukulangin sa limang araw ng trabaho bago ang angkop na paraan ng pagdinig,

ang ALJ ay hindi maaaring magpahintulot sa inyo na ipasok ang inyong mga eksibit sa panahon ng angkop na paraan ng pagdinig.

Maaari ba akong humiling ng pamamagitan sa komperensiya bago ang pagdinig?

Oo, maaari kayong humiling ng pamamagitan anumang oras. Ang pamamagitan ay boluntaryo, kaya itatanong ng ALJ sa ibang partido o mga partido kung handa silang sumailalim sa pamamagitan. Kung sumang-ayon sila, itatakda ito ng ALJ para sa inyo, at ang OAH ay magkakaloob ng isang tagapamagitan.

Ano ang aking mga mapipili kung hindi ko maihanda ang aking pahayag sa komperensiya bago ang pagdinig at maihain tatlong araw bago ang komperensiya bago ang pagdinig, o kung hindi ako makadalo sa komperensiya bago ang pagdinig?

Kung hindi kayo makakapaghanda na magtuloy sa komperensiya bago ang pagdinig, maaari kayong humiling ng pagpapalawig ng panahon upang magharap ng pahayag ng komperensiya bago ang pagdinig at/o upang ipagpatuloy (ipagpaliban) ang aktuwal na komperensiya bago ang pagdinig. Ang kahilingan ay dapat na nasa anyo ng liham, may kasamang katunayan ng paghahain (Pormualryo 3), at inihain sa lahat ng ibang mga partido sa panahon na nagharap kayo ng liham sa OAH. Ang dokumento ay maaaring ihatid ng kamay, ipakoreo o i-fax sa OAH sa (916) 376-6319. (Tingnan ang Pormularyo 15 para sa halimbawang kahilingan para sa pagpapaliban ng komperensiya bago ang pagdinig.) Dapat kayong laging makipag-ugnayan sa ibang mga partido at itanong kung sumasang-ayon sila sa inyong kahilingan at isama ang inyong kahilingan sumang-ayon man o hindi ang ibang mga partido.

BAHAGI 8: Mga mungkahi at mga paunawa ng di-kasapatan

Ang isang "mungkahi" ay isang partikular na kahilingan na humihiling sa isang hukom na gumawa ng isang bagay at karaniwang nakasulat. Sa mungkahi ay dapat kabilang ang mga bagay at impormasyong may kaugnayan at anumang kailangang pagsusuring pambatas o paliwanag upang makumbinse ang hukom na igawad ito. Alinmang partido sa pamamaraan ay maaaring magharap ng isang mungkahi sa OAH. Ang desisyon ng ALJ o "pasiya" sa isang mungkahing iniharap bago ang angkop na paraan ng pagdinig ay ipadadala sa mga partido sa isang dokumentong tinatawag na "utos." Kung ang isang partido ay nagharap ng mungkahi sa angkop na paraan ng pagdinig, ang ALJ ay malamang na magpasiya sa mungkahi sa panahon ng pagdinig.

Ano ang dapat taglayin ng isang mungkahi?

Maaari ninyong isulat ang inyong mungkahi sa isang liham at basta ipahayag ang gusto ninyo at dahilan kung bakit gusto ninyo ito. Ang inyong mungkahi ay dapat ding magtaglay ng isang katunayan ng paghahain (Pormularyo 3) o isang pahayag na nagpadala kayo ng kopya sa lahat ng mga kasangkot na partido at kung paano ninyo ipinadala ito.

Saan ako maghaharap ng isang mungkahi?

Ang mga mungkahi, gaya ng lahat ng mga dokumento sa isang espesyal na edukasyon, ay inihaharap sa opisina ng OAH sa Sacramento. Ito ay maaaring i-fax sa (916) 376-6319, ihatid ng kamay o ipakoreo sa Office of Administrative Hearings, Special Education Division, 2349 Gateway Oaks Drive, Suite 200, Sacramento, CA 95833-4231.

Sa panahon na nagpakoreo o nag-fax kayo ng inyong mungkahi sa OAH, dapat kayong magpakoreo o mag-fax ng isang kopya ng mungkahi sa distrito at alinmang ibang mga partido. Kung ang isang abugado ay kumakatawan sa distrito o ibang partido, dapat kayong magpadala ng kopya sa abugadong iyon. Ang distrito at ibang mga partido, kung mayroon, ay may tatlong araw ng trabaho pagkatapos nilang matanggap ang mungkahi na magharap ng isang tugon sa OAH at magpadala ng kopya sa inyo o sa inyong kinatawan.

Paano ako sasagot sa isang mungkahing iniharap ng distrito?

Kung ang alinmang partido ay nagharap ng isang mungkahi, ang partido ay magpapadala ng isang kopya sa inyo o sa inyong kinatawan. Magkakaroon kayo ng tatlong araw ng trabaho upang magharap ng tugon sa OAH sa mungkahi ng distrito. Dapat kayong magbigay sa distrito at sa alinmang ibang mga partido ng kopya ng inyong sagot. Kung hindi kayo maaaring magharap ng inyong sagot sa loob ng iniaatas na takdang panahon, maaari kayong magpadala ng isang liham sa OAH, na may kopya sa distrito ng paaralan o sa abugado ng distrito ng paaralan, at humiling ng karagdagang panahon upang sumagot. Tandaan na isama ang katunayan ng paghahain (Pormularyo 3) sa inyong liham. Huwag belawalain ang isang mungkahi; dapat kayong magbigay ng nakasulat na sagot kahit na sumasang-ayon kayo sa mungkahi.

Ano ang ilang halimbawa ng mga mungkahi?

- "Paunawa ng di-kasapatan." Ito ay pangkaraniwang inihaharap kapag may isang tanong tungkol sa kung ang kahilingan para sa angkop na paraan ng pagdinig ay may sapat na impormasyong kailangan, sa bawat pahayag, upang pahintulutan ang isa sa mga partido na sumagot sa kahilingan para sa angkop na paraan ng pagdinig. (Tingnan ang Pormularyo 16 para sa halimbawa.)

- Mungkahi na ipagpatuloy (ipagpaliban) ang mga petsa ng pagdinig. (Tingnan ang Pormularyo 6 para sa halimbawa.)

- Mungkahi na "manatili" upang tiyakin na ang inyong anak ay nananatili sa kanyang huling sinang-ayunan at ipinatupad na paglalagay habang nilulutas ninyo ang hidwaan sa distrito. (Tingnan ang Pormularyo 17 para sa halimbawa.)

- Ang mungkahing pawalang-saysay ang mga isyu sa kahilingan para sa angkop na paraan ng pagdinig, o maaaring maging ang buong kahilingan para sa angkop na paraan ng pagdinig. Sa ilan sa pangkaraniwang nakikitang mga dahilan para pawalang-saysay ang isang mungkahi ay kabilang ang:

    - Mga isyung ayon sa magulang ay wala sa loob ng huridiksiyon ng OAH.
    - Ang estudyante ay hindi isang residente ng distrito (ang paninirahan ay walang kaugnayan sa katayuang pang-imigrasyon, pero pangkaraniwang nangangahulugan na ang estudyante ay hindi nakatira sa distrito), o
    - Ang mga magulang ay tumangging lumahok sa isang sesyon ng kalutasan na isinasagawa ng distrito.

- Mungkahing baguhin ang kahilingan para sa angkop na paraan ng pagdinig. Ito ay pangkaraniwang isang mungkahi na magdagdag ng isang pahayag o mga pahayag sa kahilingan para sa angkop na paraan ng pagdinig. Upang ihanda ang inyong pagbabago sa kahilingan para sa pamamagitan at angkop na paraan ng pagdinig, dapat lamang na idagdag ninyo ang karagdagang pahayag o mga pahayag sa isang kopya ng inyong orihinal na kahilingan at iharap ang binagong dokumento sa OAH, kasama ng isang liham na humihiling ng pahintulot na susugan ang inyong kahilingan. Tandaan na isama ang katunayan ng paghahain (Pormularyo 3). Anumang mungkahi na baguhin ang inyong reklamo ay dapat iharap nang hindi kukulangin sa limang araw bago ang angkop na paraan ng pagdinig at ang inyong binagong kahilingan ay hindi ituturing na naiharap hanggang ang ALJ ay maggawad ng inyong kahilingan para sa pahintulot na magbago. Ang isang pagbabago sa inyong kahilingan para sa pamamagitan at angkop na paraan ng pagdinig ay magbabago ng lahat ng mga takdang panahon sa inyong kaso, at ang isang bagong utos na pagtatakda ay ilalabas ng OAH. (Tingnan ang Bahagi 3 tungkol sa utos na pagtatakda.)

- Mungkahing magdagdag ng isa pang partido. Pangkaraniwan ang distrito o mga magulang ay humihiling na idagdag ng OAH bilang isang partido ang isa pang distrito ng paaralan o ahensiya sa kalusugan ng isip ng county na maaaring responsable sa pagkakaloob ng mga serbisyong espesyal na edukasyon sa estudyante.

Ang kahilingan ay maaaring iharap sa anyo ng isang liham na kasama ng isang katunayan ng paghahain, at ang liham, ang katunayan ng paghahain, at ang kahilingan para sa pamamagitan at angkop na paraan ng pagdinig ay dapat ihain sa partidong idaragdag. Kapag nagdaragdag ng isang partido, kung minsan ay kailangang baguhin ang kahilingan para sa pamamagitan at angkop na paraan ng pagdinig.

- Mungkahi na gumawa ng pag-iisa. Ang distrito at mga magulang ay maaaring nagharap ng mga nakahiwalay na kahilingan para sa angkop na paraan ng pagdinig na kaugnay ang mga katulad na isyu. Sa halip ng dalawang magkahiwalay na pagdinig, ang alinman sa distrito o mga magulang ay maghaharap ng isang mungkahi upang pag-isahin ang parehong kaso sa isang bagay upang mayroong isa lamang pagdinig. Ang kahilingan ay maaaring iharap sa anyo ng isang liham na kasama ng isang katunayan ng paghahain, at ang liham, at ang katunayan ng paghahain ay dapat ihain sa lahat ng mga partido.

Ano ang paunawa ng di-kasapatan (notice of insufficiency, NOI)?

Ang pederal at pang-estadong batas ay nag-aatas na ang isang kahilingan para sa pamamagitan at angkop na paraan ng pagdinig ay kabilang ang partikular na impormasyon: Ang pangalan, edad, at tirahan ng bata at ang paaralan na pinapasukan ng bata kasama ang mga partikular na paratang (mga reklamo o pahayag) tungkol sa problema at isang hiniling na paraan upang ayusin ito. Ang batas ay nagpapahintulot sa isang partido na tiyakin kung ang kahilingan para sa angkop na paraan ng pagdinig na iniharap ng kabilang partido ay nagtataglay ng sapat na mga katotohanan (sapat na partikular na impormasyon) upang suportahan ang mga pahayag o reklamo na ginagawa nito. (Tingnan ang Pormularyo 16 para sa halimbawa.)

Ang isang partido ay may 15 araw pagkatapos tanggapin ang kahilingan para sa pamamagitan at angkop na paraan ng pagdinig upang magharap ng paunawa ng di-kasapatan sa OAH. Kung ito ay hindi mangyari, ang kahilingan sa angkop na paraan ng pagdinig ay ituturing na sapat. Sa pagpapasiya ng isang paunawa ng di-kasapatan, tinitingnan ng OAH ang kahilingan mismo upang malaman kung ito ay sapat. Kung ipinasiya ng OAH na ang inyong kahilingan para sa angkop na paraan ng pagdinig ay sapat (kumpleto na may lahat ng kinakailangang impormasyon), ang pamamagitan at pagdinig ay tutuloy gaya ng nakatakda.

Kung ipasiya ng OAH na ang inyong kahilingan para sa angkop na paraan ng pagdinig ay hindi sapat, kakanselahin ng OAH ang mga petsa ng pamamagitan at pagdinig, at bibigyan kayo ng 14 na araw upang isumite sa OAH at sa ibang mga partido ang isang binago (isinapanahong) kahilingan para sa angkop na paraan ng pagdinig na nagtataglay na sapat na mga bagay.

Pangwakas, ang OAH ay maaaring maglabas ng isang utos na nagpapasiya na ang ilang pahayag ay sapat at ang iba ay hindi sapat. Kung ipinasiya ng OAH na ang kahilingan ay di-sapat sa bahagi, ang partidong nagharap ay bibigyan ng 14 na araw upang magharap ng isang binagong kahilingan na kasama ang mga pahayag na ipinasiya ng OAH na sapat ang mga karagdagang bagay upang iwasto ang mga hindi sapat. Lahat ng mga unang itinakdang petsa para sa pagdinig (komperensiya bago ang pagdinig at angkop na paraan ng pagdinig) ay

mananatili sa kalendaryo at ang bagay ay susunod sa mga pahayag para sa angkop na paraan ng pagdinig na ipinasiyang sapat. Kung ang isang partido ay nagharap ng isang binagong kahilingan para sa angkop na paraan ng pagdinig, kakanselahin ng OAH ang mga petsa ng pamamagitan at pagdinig at magpapadala ng isang bagong utos na pagtatakda ng mga bagong petsa para sa komperensiya bago ang pagdinig at angkop na paraan ng pagdinig.

Mga halimbawa ng mga di-sapat na pahayag:

- *"Ang distrito ay nagkait sa estudyante ng isang libreng angkop na pampublikong edukasyon sa pamamagitan ng hindi pagkakaloob sa estudyante ng mga kailangang serbisyo."*

Ang pahayag na ito ay di-sapat dahil wala itong anumang mga detalye—hindi nito tinutukoy ang mga serbisyo (tulad ng paggamot na pagtatrabaho) na kinakailangan ng estudyante, bakit kailangan ng estudyante ang serbisyong ito upang tumanggap ng FAPE, anong IEP ang nagsasama ng serbisyo, at kailan nabigo ang distrito na magkaloob sa estudyante ng serbisyong ito.

- *"Ang distrito ay nabigong tukuyin ang estudyante bilang isang batang nangangailangan ng mga serbisyo ng espesyal na edukasyon."*

Ang pahayag na ito ay hindi sapat dahil hindi nito tinukoy kung kailan ang distrito ay dapat tumukoy sa estudyante bilang isang bata na maaaring mangailangan ng espesyal na edukasyon at ang mga bagay na nagbibigay ng paunawa sa distrito na ang estudyante ay maaaring mangailangan ng mga serbisyo ng espesyal na edukasyon. Hindi rin nito tinutukoy ang kapansanan para sa estudyante.

- *"Ang programang ibinabagay na edukasyon na iminumungkahi ng distrito ay hindi magpapahintulot sa estudyante na gumawa ng ilang progresong pang-edukasyon."*

Ang pahayag na ito ay hindi sapat dahil hindi nito tinutukoy ang partikular na IEP sa isyu, ang di-pangkaraniwang pangangailangan ng estudyante (tulad ng mga problema sa pagsasalita at wika o pagbabasa), ang mga serbisyo, kung mayroon, na iniaalay ng distrito, at kung bakit ang iniaalay ng distrito ay hindi sapat.

- *"Hindi tinaya ng distrito ang estudyante sa lahat ng mga hinihinalang kapansanan."*

Ang pahayag na ito ay hindi sapat dahil hindi nito tinutukoy ang mga lugar ng hinihinalang kapansanan, ang (mga) pagtaya na kailangan ng distrito na isagawa, at kailan ito nangyari.

- *"Ang estudyante ay nangangailangan ng isang Independiyenteng Pagtimbang na Pang-edukasyon."*

Ang pahayag na ito ay hindi sapat dahil hindi nito tinukoy ang pagtaya na isinagawa ng distrito o nabigong isagawa, bakit ang pagtaya ng distrito ay hindi sapat o bakit kailangan ng distrito na tayahin ang estudyante. Hindi nito sinasabi kung kailang hiniling ng mga magulang ang independiyenteng pagtimbang na pang-edukasyon at ang sagot ng distrito sa kahilingan.

BAHAGI 9: Paghahanda para sa angkop na paraan ng pagdinig

Ano ang angkop na paraan ng pagdinig?

Ang angkop na paraan ng pagdinig ay ginaganap bilang resulta ng paghaharap ng isang partido ng isang kahilingan para dito. Ang isang hukom ng batas na pampangasiwaan mula sa OAH ay mamamatnubot sa (pagsasagawa) ng pagdinig. Sa angkop na paraan ng pagdinig, ang partidong nagharap ng kahilingan – gayon din ang partidong nilalabanan ng pagharap – ay binibigyan ng pagkakataon na iharap ang kanilang mga kaso sa pamamagitan ng mga may-kaugnayang ebidensiya at testimonya mula sa kanilang mga sarili o sa iba.

Ang pokus ng pagdinig ay magiging ang mga isyung nasa kahilingan para sa angkop na paraan ng pagdinig, na sa huli ay nilinaw sa panahon ng komperensiya bago ang pagdinig. Mahalagang maintindihan na ang "may-kaugnayang ebidensiya" lamang ang tinatanggap, ang ibig sabihin ay ebidensiya na may maaaring magpatunay sa isang bagay na pinagtatalunan sa kaso. Sa may-kaugnayang ebidensiya ay kabilang ang ebidensiya na nakapokus sa isyu o mga isyung nakalista sa pagdinig at bakit ang impormasyon ay tutulong sa ALJ na pagpasiyahan ang isyu nang panig sa inyo.

Ano ang pasanin ng pagpapatunay at sino ang may pasanin ng pagpapatunay sa pagdinig?

Ang katawagang "pasanin ng pagpapatunay" ay tumutukoy sa partido sa isang hidwaan na kailangang magpakita ng ebidensiya. Ang katawagan ay maaari ring tumukoy sa kung gaano karaming ebidensiya ang kailangan upang manalo.

Kung aling partido ang kailangang magpakita ng ebidensiya, ang U.S. Supreme Court sa (*Schaffer v. Weast* (2005) 546 U.S. 49 [126 S.Ct. 528, 163 L.Ed.2d 387]) ay nagpasiya na maliban kung may isang eksepsiyon sa ilalim ng batas ng estado, ang pasanin ng pagpapatunay ay nasa taong nagharap para sa angkop na paraan.

Halimbawa,

- Kung ang isang magulang ay nagharap ng angkop na paraan para sa isang bata, nasa magulang ang pasanin ng pagpapatunay.
- Kung ang distrito ng paaralan ay nagharap para sa angkop na paraan, nasa distrito ng paaralan ang pasanin ng pagpapatunay.

Gayunman, ito ay maaaring magbago depende sa mga bagay sa kaso. Dapat ninyong kumpirmahin sa hukom na itinalaga sa inyo bago ang pagdinig kung sino ang may pasanin ng pagpapatunay. Pangkaraniwan, gayunman, kayo ay may pasanin ng pagpapatunay sa anumang isyu na iniharap ninyo para sa pagdinig.

Ano ang pamantayan ng pagpapatunay sa pagdinig?

Ang "pamantayan ng pagpapatunay" ay tumutukoy sa antas ng katunayan na iniaatas upang patunayan ang inyong kaso. Sa mga kaso sa espesyal na edukasyon, ang pamantayan ng katunayan ay "pananangaig ng ebidensiya." Sa pagtatapos ng angkop na paraan ng pagdinig, ang ALJ na nagsasagawa ng inyong pagdinig ay gagawa ng isang pasiya batay sa kung ang partidong nagharap ng kahilingan para sa angkop na paraan ng pagdinig ay nagpatunay ng kanyang kaso sa pamamagitan ng

isang "pananaig ng ebidensiya." Ang isang "pananaig ng ebidensiya" ay nangangahulugang mas malamang kaysa hindi na ang partidong nagharap ay karapat-dapat sa tulong. Ang ilang tao ay naglalarawan ng isang "pananaig ng ebidensiya" bilang 51 porsiyento na malamang, o, kung iisipin ang isang pantimbang, ang pantimbang ay bahagyang nakahilig sa isang direksiyon.

Ano ang mga eksibit at paano inihahanda ang mga ito?

Ang mga eksibit ay ang mga dokumentong hangad ninyong gamitin sa angkop na paraan ng pagdinig upang patunayan ang inyong kaso. Ang mga eksibit ay pangkaraniwang binubuo ng mga programang ibinabagay na edukasyon (individualized education programs, IEPs), mga ulat ng pagtaya, mga reklamo sa pagsunod sa CDE o mga pangwastong aksyon, at ibang mga dokumento. Hindi kukulangin sa limang araw ng trabaho bago ang pagdinig, dapat ninyong bigyan ang distrito at alinmang ibang partido ng isang kopya ng inyong mga dokumento sa isang tagabigkis ng eksibit. Ang distrito ng paaralan at alinmang ibang partido ay dapat ding magbigay sa inyo ng isang kopya ng kanyang tagabigkis ng eksibit sa panahong ito. Dapat rin kayong gumawa ng dalawang ekstrang kopya ng inyong tagabigkis ng eksibit at dalhin ang pareho sa pagdinig – ang isa ay para sa ALJ at ang isa ay para gamitin ng mga testigo.

Kapag naghahanda kayo ng inyong tagabigkis ng eksibit, tiyakin na ang lahat ng inyong mga eksibit ay kumpleto at nasa tamang pagkakasunod-sunod sa pahina. Halimbawa, huwag isama ang isa lamang pahina ng isang IEP, ipasok ang buong dokumento. Dapat ring isulat ninyo ang mga numero ng pahina sa bawat eksibit upang ang isang testigo ay maaaring bumanggit sa numero ng eksibit at pahina upang malaman ng lahat ng mga partido sa pagdinig kung aling pahina ang tinitingnan ng isang testigo. Kapag natanggap ninyo ang libro ng eksibit ng distrito, dapat ninyong repasuhin ito upang matiyak na isinama ng distrito ang lahat ng mga pahina ng mga IEP at ibang mga dokumento. Gugustuhin mo rin na basahin ang mga ito. Gumawa ng mga tala tungkol sa mga dokumento na gusto ninyong tutulan sa pagdinig, o nagtataglay ng ilang impormasyon na maaaring gusto ninyong itanong sa testigo sa pagdinig.

Maaari ba akong gumamit ng audio na pagrekord ng isang pulong ng IEP bilang isang eksibit sa angkop na paraan ng pagdinig?

Oo. Gayunman, dapat kayong magbigay ng isang kopya ng pagrekord at isang salin ng lahat ng mga may-kaugnayang bahagi ng rekord sa ALJ at sa lahat ng mga partido kasama ng inyong ibang mga eksibit, maliban kung iba ang iniutos ng ALJ.

Maaari ko bang iharap ang mga rekord ng aking anak bilang ebidensiya sa pagdinig?

Oo, sa kondisyon na ang mga rekord ay may-kaugnayan sa mga isyung pagpapasiyahan sa pagdinig.

Paano ko magagamit ang mga rekord ng aking anak sa paaralan?

May karapatan kayong siyasatin at repasuhin ang lahat ng mga rekord sa edukasyon na may kaugnayan sa inyong anak na tinitipon, pinananatili, o ginagamit ng paaralan o distrito tungkol sa pagtukoy, pagtaya, at paglalagay na pang-edukasyon ng inyong anak at ang pagkakaloob ng isang

libreng angkop na pampublikong edukasyon (free appropriate public education, FAPE) sa inyong anak.

Ang batas ay nagsasabi na ang inyong kahilingan para sa mga rekord ng paaralan ay maaaring gawin sa paaralan nang pasalita o nakasulat. Gayunman, laging pinakamahusay na gawin ang inyong kahilingan nang nakasulat, at panatilihin ang isang kopya ng inyong liham bilang katunayan ng inyong kahilingan. Tiyakin na isama ang isang petsa sa liham. Ang distrito ay dapat tumugon sa kahilingan nang walang hindi kailangang pagkaantala bago ang angkop na paraan ng pagdinig, pero hindi lalampas sa limang araw ng trabaho pagkatapos ninyong hilingin ang mga ito. Ang mga Sabado, Linggo, at mga pang-estado at pederal na piyesta opisyal ay hindi ibinibilang sa mga araw ng trabaho para sa layuning ito. Ang mga pahinga sa tag-init at mga bakasyon ng paaralan ay ibinibilang na mga araw ng trabaho para sa layuning ito. Kayo ay may karapatan din na tumanggap ng sagot sa inyong mga makatwirang kahilingan para sa mga paliwanag at pagpapakahulugan ng mga rekord. Ang distrito ng paaralan ay maaaring sumingil sa inyo ng isang makatwirang bayad para sa paggawa ng mga kopya. Gayunman, ang distrito ng paaralan ay *hindi* sisingil sa inyo para sa paghahanap at pagkuha ng mga rekord, o para sa mga oras ng klerk na iniaatas para sa paggawa ng mga kopya. Gayon din, ang bayad para sa paggawa ng mga kopya ay hindi maaaring napakataas para pigilan kayo sa pagrepaso ng mga rekord. Kung hindi ninyo kayang magbayad para sa mga kopya, ang mga ito ay dapat ipagkaloob sa inyo nang libre.

Paano kung hindi ibigay sa akin ng distrito ng paaralan ang mga rekord?

Kung hindi ibinigay ng distrito ng paaralan ang mga rekord na hiniling ninyo, maaari kayong magharap ng isang reklamo sa pagsunod sa CDE sa pamamagitan ng pag-download ng pormularyo sa reklamo mula sa Web site ng Special Education Division: http://www.cde.ca.gov/sp/se/qa/documents/cmplntproc.doc.

Kumpletuhin ang pormularyo, magsama ng isang kopya ng utos na angkop na paraan ng pagdinig, at i-fax o ipakoreo sa:
Procedural Safeguards Referral Service (PSRS)
California Department of Education
1430 N Street, Suite 2401
Sacramento, CA 95814-3704
Fax: (916) 327-3704

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano maghaharap ng reklamo, tawagan lamang ang PSRS sa (800) 926-0648, Lunes hanggang Biyernes, 9:00 a.m. hanggang 4:00 p.m.

Bilang karagdagan, ang kabiguan ng isang distrito ng paaralan na magkaloob sa inyo ng mga kopya ng mga rekord ng inyong anak ay maaaring bumuo ng "magandang dahilan" para sa isang pagpapaliban ng angkop na paraan ng pagdinig dahil ito ay pumipigil sa inyo na maghanda para sa pagdinig. (Tingnan ang Pormularyo 6 para sa halimbawa ng kahilingan para sa pagpapaliban.) Dapat ninyong bigyan ng nakasulat na paunawa ang OAH kung ang distrito ng paaralan ay hindi sumunod sa inyong kahilingan para sa mga rekord. Maaaring ipagpaliban ng OAH ang pagdinig upang bigyan kayo ng karagdagang oras upang makuha ang mga rekord.

Paano ko makukuha ang mga dokumentong walang kaugnayan sa paaralan?

May mga espesyal na iniaatas upang makuha ang mga rekord na medikal o mga rekord ng pagtatrabaho tungkol sa isang tao na iba sa inyong anak. Kung kailangan ninyong kumuha ng mga rekord na medikal ng isang taong iba sa inyong anak, kailangan ninyong malaman ang mga iniaatas ng seksyon 1985.3 ng Kodigo ng mga Pamamaraang Sibil ng California, na nag-aatas ng paunawa sa taong ang mga rekord ay hinahangad ninyo. Sa partikular, ang seksyon 1985.3 ng Kodigo ng mga Pamamaraang Sibil ng California ay nag-aatas na maghain kayo ng isang kopya ng subpoena (hingin na humarap o magpakita ng mga rekord sa hukuman) sa tao na ang mga rekord ay hinahangad ninyo. (Tingnan ang Pormularyo 13 para sa halimbawang pormularyo ng subpoena.) Ang taong iyon ay dapat hainan sa kanilang pinakahuling alam na direksiyon hindi kukulangin sa 10 araw bago ang petsa na gusto ninyong makuha ang mga dokumento at limang araw bago ang petsa na inihain ninyo ang subpoena sa tao o kompanya na humahawak ng mga dokumento (halimbawa, isang tanggapan ng doktor). Ang kabiguang ibigay ang iniaatas na paunawa ay maaaring gawin ang subpoena na hindi maipatutupad. Ito ay tinatawag na subpoena deuces tecum.

Ano ang kailangan kong malaman tungkol sa mga testigong gusto kong magbigay ng testimonya sa angkop na paraan ng pagdinig?

Dapat kayong makipagpalitan ng mga listahan ng testigo sa distrito ng paaralan nang hindi kukulangin sa limang araw ng trabaho bago ang pagdinig. (Muli, ang mga Sabado, Linggo, at mga pang-estado at pederal na piyesta opisyal ay hindi ibinibilang sa mga araw ng trabaho para sa layuning ito.) Kung hindi ninyo gagawin ito, maaaring hindi isama (pigilan) ng ALJ ang inyong mga testigo na magbigay ng testimonya sa pagdinig. Dapat ninyo ring isama ang isang listahan ng inyong mga testigo sa pahayag ng komperensiya bago ang pagdinig na inaatas na iharap ninyo. (Tingnan ang inyong utos na pagtatakda at Bahagi 7 tungkol sa mga komperensiya bago ang pagdinig.)

Sa mga araw bago ang pagdinig, isipin ang tungkol sa mga bagay na gusto ninyong malaman ng ALJ ng pagdinig, at sinong mga testigo ang kakailanganin ninyo upang tumestigo tungkol sa mga bagay na ito. Isipin ang tungkol sa gusto ninyong itanong sa mga testigo. Magandang ideya na isulat ang mga tanong na gusto ninyong itanong sa testigo nang maaga, upang wala kayong malimutan. Dapat ninyo ring isaaalang-alang ang utos kung saan gusto ninyong magbigay ng testimonya ang mga testigo. Gayunman, tandaan na kung minsan ang mga testigo ay hindi maitatakdang tumestigo sa pagkakasunod-sunod na gusto ninyo. Ang mga testigo ay madalas na tumetestigo nang "hindi ayon sa pagkakasunod-sunod."

Ang pagtatakda ng mga testigo ay hindi laging madali, dahil kung minsan ay mahirap hulaan kung gaano katagal magbibigay ng testimonya ang isang testigo. Gayunman, gawin ang inyong makakaya upang mapalinya ang mga testigo sa buong araw ng pagdinig upang walang mahahabang oras na ang mga partido at ang ALJ ay naghihintay na lumitaw ang isang testigo. Kapag nagtatakda kayo ng mga testigo tandaan na kung nagharap kayo ng kahilingan para sa angkop na paraan ng pagdinig, una naming ihaharap ang inyong kaso sa pagdinig kaya dapat ninyong ihanda ang mga testigo sa unang araw ng pagdinig.

Ipagbigay-alam sa inyong mga testigo ang araw at oras na gusto ninyong pumunta sila sa pagdinig, at ipagbigay-alam sa kanila kung saan gaganapin ang pagdinig. Pinakamabuting gawin ito sa pamamagitan ng pagpapadala sa kanila ng isang e-mail o isang liham. Maaari ring gumamit kayo ng subpoena upang mapapunta ang isang testigo sa pagdinig. (Tingnan ang pormularyo 13 para sa subpoena at tingnan ang ibaba para sa paliwanag tungkol sa pagkuha ng isang subpoena.) Dapat ninyong malaman na ang isang testigo ay hindi ituturing na "hindi makakarating" para sa mga

layunin ng pagpapakita ng magandang dahilan para sa pagpapaliban ng pagdinig kung sumang-ayon ng testigo upang pumunta sa pagdinig, hindi ginawa ito, at hindi wastong binigyan ng subpoena. Kung hindi kayo nakatitiyak n ang isang testigo ay pupunta sa pagdinig nang boluntaryo dapat ninyong padalhan ng subpoena ang testigo.

Paano ko mapapaharap ang isang testigo kung hindi siya sumasang-ayon na humarap?

Hindi Pumapayag na mga Testigo: Kung minsan ang ayaw ng mga taong magbigay ng testimonya sa isang angkop na paraan ng pagdinig at hindi pupunta nang boluntaryo. Bilang karagdagan, kung minsan ang mga tao ay hindi boluntaryong magbibigay sa inyo ng mga dokumentong gusto ninyong gamitin bilang eksibit sa inyong pagdinig. Ang seksyong ito ay naglalarawan ng dapat gawin kapag may isang taong gusto ninyong tumestigo sa pagdinig na hindi dadalo nang boluntaryo at kung paano kukuha ng mga dokumento na kailangan ninyo para sa pagdinig. Ang seksyong ito ay tungkol sa mga dokumentong iba sa mga rekord ng paaralan, na iniaatas na ipagkaloob ng mga distrito ng paaralan, gaya ng inilarawan sa itaas.

Mga Subpoena para sa mga Hindi Pumapayag na mga Testigo: Ang isang subpoena ay ginagamit upang pilitin ang mga tao na magkaloob ng mga dokumento o testimonya. Ang isang subpoena ay isang dokumentong pambatas na pumipilit sa pagpapakita ng mga dokumento o pagdalo sa isang pagdinig. Bagaman ang OAH sa sarili nito ay hindi maaaring pananagutin ang mga tao sa pagsuway, ang isang subpoena ay maipapatupad sa pamamagitan ng paghingi ng utos ukol sa pagsuway mula sa Superior Court sa inyong county. (Tingnan ang Pormularyo 13.)

Ang mga abugado ay maaaring pumirma sa mga subpoena. Gayunman, kung hindi ka isang abugado at walang abugado, maaari kayong kumuha ng mga sobpoena mula sa OAH bago ang angkop na paraan ng pagdinig sa pamamagitan ng paghaharap ng nakasulat na kahilingan o sa pamamagitan ng telepono mula sa mga tagasuportang tauhan ng OAH na itinalaga sa inyong kaso. Hilingin na makipag-usap sa tauhan ng OAH na itinalaga sa inyong kaso, at hilingin na bigyan kayo ng tauhan ng mga pormularyo ng subpoena. Kakailanganin ninyong tukuyin kung humihiling kayo ng mga subpoena para sa mga tao o dokumento, o pareho.

Ang tauhan ng OAH na itinalaga sa inyong kaso ay maghahanda sa mga pormularyo ng subpoena na ipapadala sa fax o ipapadala sa inyo, at ang pormularyo ng subpoena ay pipirmahan ng Namamatnugot na ALJ para sa OAH. Gayunman, sa sandaling matanggap ninyo ang mga pormularyo ng subpoena na pinirmahan ng Namamatnugot na ALJ, kayo ang magpapasiya kung isasama sa subpoena ang mga detalye. Ang inyong mga subpoena para sa mga dokumento ay dapat tumukoy sa tao o negosyo at organisasyon mula kung saan humihingi kayo ng mga dokumento at ang mga dokumento na hinahangad ninyo. Ang mga subpoena para tumestigo ang mga tao ay dapat tumukoy sa tao at oras, petsa at lugar ng angkop na paraan ng pagdinig. Kung ang inyong pagdinig ay ipinagpaliban at mayroon kayong testigo na tumanggap ng subpoena para sa maling petsa ng pagdinig, dapat ninyong padalhan ng bagong subpoena ang tao na may tamang petsa ng pagdinig. Ang mga subpoena para sa mga dokumento ay dapat sumunod sa mahihigpit na takdang panahon upang makuha ang mga dokumento. Ang mga subpoena upang mapatestigo ang isang tao ay hindi kailangang ihain sa alinmang partikular na araw bago ang araw na kailangang tumestigo ang tao. Gayunman, pinakamahusay na magbigay ng pinakamaagang paunawang posible sa testigo na pinadadalo ninyo sa pamamagitan ng subpoena.

Pagkatapos magsimula ang pagdinig, magagawa pa rin ninyo na kumuha ng subpoena sa pamamagitan ng pagpapapirma sa ALJ na nagsasagawa ng angkop na paraan ng pagdinig.

Tandaan, mas madaling subukan na magtrabaho sa mga iskedyul ng ibang mga tao upang makadalo sila sa pagdinig nang boluntaryo. Kaya, kung ang isang testigo ay hindi makakarating sa petsa o oras na gusto ninyong tumestigo sila, makipag-usap sa taong iyon at sa ALJ ng pagdinig upang malaman ang ibang oras na boluntaryong makakapagbigay ng testimonya ang testigo. (Tingnan ang Code Civ. Proc., §§ 1985.1 & 1985.2.) Gayunman, gaya ng tinalakay sa itaas, kung may tanong kayo tungkol sa kung ang testigo ay haharap nang boluntaryo, dapat ninyong padalhan ng subpoena ang testigo.

Pangkaraniwang inihahanda ng mga distrito ng paaralan sa pagdinig ang mga testigong nagtatrabaho sa distrito. Dapat ninyong itanong kung gagawin ito ng inyong distrito at gamitin ito upang itatag ang isang iskedyul para humarap ang mga testigo. Ito ay makakapagtipid sa inyo ng halaga at pagsisikap na kaugnay ng pagpapadala ng subpoena sa mga testigong ito. Dapat ninyong talakayin ito sa distrito ng paaralan o sa abugado nito bago ang o sa panahon ng komperensiya bago ang pagdinig ng inyong kaso. Karamihan sa mga distrito ay magtatrabahong kasama ninyo, pero hindi sila inaatasan na gawin ito.

Ang Wastong Paghahain ng isang Subpoena ay Iniaatas: Upang maipatupad, ang mga subpoena ay dapat na wastong ihain. Ang wastong paghahain ay nangangahulugang maaari ninyong ipakita na ang mga subpoena ay talagang nakarating sa tao o lugar na dapat tumanggap nito. Sa pangkalahatan, ang personal na paghahain ay iniaatas para sa subpoena na nag-aatas sa isang tao na tumestigo. (Tingnan ang Code Civ. Proc., § 1987.) Ang personal na paghahain ay nangangahulugang pag-aabot ng subpoena sa tao. Ito ay mahalaga dahil maliban kung ang tao ay may aktuwal na paunawa ng pagdinig, mahirap padaluhin ang tao. Ang batas ay nag-aatas sa mga testigo na pinilit dumalo sa angkop ng paraan ng pagdinig sa pamamagitan ng subpoena ay bayaran ng mga bayad at milyahe sa testigo. Kayo ang responsable sa pagbabayad ng mga bayad at milyahe sa testigo ng alinmang mga testigo na pinadalhan ninyo ng subpoena, maliban kung ang mga ito ay tinalikdan ng testigo. Ang testigong pinadalhan ninyo ng subpoena ay pangkaraniwang hihingi sa partido na nagpadala sa kanya ng subpoena ng mga bayad at milyahe sa testigo, at upang ipagbigay-alam din sa taong iyon ang bilang ng milyang minaneho para sa layunin na kalkulahin ang bayad sa milyahe.

Kapag kayo ay naghahangad ng mga dokumento, maaari kayong maghain ng subpoena sa pamamagitan ng koreo, sa kondisyon na magdaragdag kayo ng limang araw sa panahon ng paghahain o sa pamamagitan ng fax kung ang partido na hahainan ninyo ng subpoena para sa mga dokumento ay nagbigay ng nakasulat na pagsang-ayon. (Tingnan ang Code Civ. Proc., § 1013.)

Magkakaroon ba ng interpreter para sa pagdinig?

Ang mga angkop na paraan ng pagdinig ay isinasagawa sa Ingles. Kung kayo o ang alinman sa inyong mga testigo ay hindi mahusay magsalita ng Ingles o hindi nagsasalita nito, o kayo ay bingi o nahihirapang makarinig, makakahiling kayo na ang isang interpreter ay dumalo sa pagdinig.

Ang pormularyo ng kahilingan ay may isang espasyo upang markahan na kailangan ninyo ng interpreter at ang wika na dapat salitain ng interpreter Kung ang distrito ay nagharap ng kahilingan para sa angkop na paraan ng pagdinig laban sa inyo at nangangailangan kayo ng pagsasalin ng wika, dapat ninyong tawagan o sulatan ang OAH Special Education Division upang humiling ng isang interprter sa pinakamaagang panahong magagawa pagkatapos ninyong matanggap ang kahilingan

para sa angkop na paraan ng pagdinig. Ang isang interpreter ay ipagkakaloob nang walang bayad sa pagdinig.

Makakagamit ba ako ng mga testigo sa pagdinig at paano ko gagawin iyon?

Oo. Kung gusto ninyong patunayan ang isang bagay sa panahon ng inyong pagdinig, pinakamabuting hingin ang testimonya ng mga testigo na tunay na nakakita o may personal na kaalaman sa mga pangyayari na gusto ninyong patunayan (tinatawag na "mga pangkaraniwang testigo" dahil sila ay mga "pangkaraniwang tao" na iba sa "mga ekspertong testigo").

Hindi isang magandang ideya na umasa sa mga testigo na "narinig" ang tungkol sa mga pangyayari mula sa ibang tao, at dahil dito ay magbibigay ng "sabi-sabi" lamang na ebidensiya ng mga pangyayari. Sa ibang mga salita, hindi ninyo dapat asahan ang "sabi-sabi" na mapapatunayan ang inyong mga pahayag. "Sabi-sabi" ay isang ay labas-ng-hukuman na pahayag na ginagamit upang patunayan ang katotohanan ng bagay na iginigiit. Ang isang pangkaraniwang pagkaunawa sa katawagang sabi-sabi ay pag-ulit ng sinasabi sa inyo ng ibang tao. Gaya ng tinalakay sa itaas, bagaman ang sabi-sabi (mga pahayag na ginawa ng mga tao sa labas ng pagdinig) ay maaaring tanggapin, ang ALJ ay maaaring hindi umasa rito sa kanyang desisyon maliban kung nakikita na ang sabi-sabi ay maaasahan. Dahil dito, laging mas mabuti na kumuha ng mga testigo na naroroon sa oras ng pangyayari.

Halimbawa, maaaring gusto ninyong magtanong tungkol sa mga pangyayari sa isang pulong ng pangkat ng IEP upang patunayan ang isang pahayag sa inyong kahilingan para sa angkop na paraan ng pagdinig. Gugustuhin ninyo na patunayan ang inyong pahayag sa pamamagitan ng testimonya ng isang taong nasa pulong ng IEP, sa halip ng isang taong wala pero narinig ang tungkol sa pulong ng IEP. Ang mga sumusunod na halimbawang tanong ay nagpapakita kung paano magtatanong kapag ang testigo ay unang tinawag at saka ipapakita kung paano itatag na ang testigo ay naroon:

T: Ano po ang inyong pangalan?
T: Kilala ba ninyo si [pangalan ng bata]?
T: Paano ninyo nakilala si [pangalan ng bata]?
T: Nakadalo na ba kayo sa alinmang IEP ni [pangalan ng bata]?
T: Dumalo ba kayo sa IEP noong [petsa]?

Ang mga halimbawang tanong na nasa itaas ay nagtatatag na ang testigo ay may kaalaman tungkol sa tetestiguhan niya—halimbawa, ang inyong anak at kung ano ang nangyari sa isang pulong ng pangkat ng IEP. Ang natitira ng inyong mga tanong ay dapat ipokus sa mga basiko: sino, ano, kailan, saan at bakit, depende sa mga bagay na sa palagay ninyo ay kailangan ninyo upang mapatunayan ang inyong kaso.

Halimbawa:

T: Sino po ang nasa pulong ng pangkat ng IEP?
T: Ano ang sinabi ng mga taong ito sa inyo?
T: Ano ang tinalakay ng pangkat ng IEP tungkol sa mga pangangailangan ng pisikal na paggamot ni [pangalan ng bata]?
T: Nakapagbigay ba kayo ng masasabi sa pangkat ng IEP?

Paano kung gusto kong gumamit ng isang ekspertong testigo?

Kung nagharap kayo ng kahilingan para sa angkop na paraan ng pagdinig, malamang na pasanin ninyo ang pagpapatunay sa pagdinig at maaaring mahalaga na mayroon kayong ekspertong testigo na magbibigay ng testimonya tungkol sa mga partikular na isyu sa inyong kaso. Ang mga ekspertong testigo ay pangkaraniwang mga propesyonal, tulad ng isang sikologo o isang taong tumaya sa inyong anak. Dapat kayong makipag-ugnayan sa taong iyon sa pinakamaagang panahong magagawa at itanong sa tao kung siya ay nakahandang pumunta sa angkop na paraan ng pagdinig at tumestigo. Kung hindi ninyo kayang bayaran ang taong iyon para sa kanyang oras, itanong sa taong iyon kung tetestigo siya bilang eksperto nang walang bayad. Sa pahayag ng komperensiya bago ang pagdinig na dapat ninyong iharap, kayo ay inaatasan na isiwalat ang anumang mga eksperto na gagamitin ninyo sa pagdinig.

Huwag masorpresa kung ang mga doktor, sikologo, o ibang mga propesyonal ay umaasang babayaran upang humarap sa isang pagdinig. Ito ay pangkaraniwan, partikular kapag ang mga taong ito ay kumikita sa pamamagitan ng pagtingin sa mga pasyente o pagkakaloob ng serbisyo at anumang oras na malayo sa kanilang trabaho ay nagbabawas ng kanilang kita. Ang isang subpoena ay hindi magagamit upang magkaloob ang isang tao ng mga propesyonal na opinyon nang walang bayad. Sa halip, ang isang subpoena ay maaari lamang gamitin upang mapilit ang testimonya mula sa isang tao tungkol sa nakita ng tao. Kung hindi ninyo kayang magbayad para sa kanilang testimonya, maaaring hainan ng subpoena ang tao upang magkaloob ng limitadong testimonya tungkol sa kanyang mga obserbasyon.

Ang isa pang alternatibo ay tingnan kung magagawa ninyong paliitin hanggang maaari ang pagkagambala sa iskedyul ng propesyonal sa pamamagitan ng pagkuha ng testimonya sa pamamagitan ng telepono. Itanong sa ALJ sa simula ng pagdinig o sa ALJ na nagsasagawa ng inyong komperensiya bago ang pagdinig kung ipahihintulot niya ito. Tiyakin na ipaliwanag na nagtatanong kayo dahil mahirap paharapin ang propesyonal nang personal sa angkop na paraan ng pagdinig.

Ang mga bayad ng ekspertong testigo ay hindi mababawi, ibig sabihin kahit na manalo kayo sa kaso, hindi na ninyo mababawi ang bayad sa ekspertong testigo mula sa distrito ng paaralan o sa alinmang ibang partido. Ang isang bahagi ng mga bayad ng eksperto ay maaaring isauli ng distrito ng paaralan, gayunman, kung ang eksperto ay nagkaloob ng independiyenteng pagtayang pang-edukasyon sa ilalim ng angkop na batas.

Upang magharap ng testimonyang ekspertong opinyon, maaaring gustuhin ninyo na itanong ang mga tanong na ito habang sila ay nasa puwesto ng pagbibigay ng testimonya:

T: Ano po ang inyong trabaho?
T: Ano po ang inyong edukasyon?
Q. Ito ba ang inyong curriculum vitae (resume)?
T. Tama ba ang lahat ng nasa curriculum vitae na ito?
T: Tumanggap ba kayo ng anumang ibang pagsasanay sa lugar na ito?
T: Kilala ba ninyo si [pangalan ng bata]?
T: Paano ninyo nakilala siya?
T: Mayroon ba kayong opinyon tungkol sa [halimbawa, mga inirerekomendang dami ng

serbisyo, paglalagay sa estudyante sa isang partikular na kalagayan, atbp.….]

T: Ano ang inyong opinyon? Ano ang batayan ng opinyon na iyon?

Paano kung kailangan kong ipagpatuloy (ipagpaliban) ang mga unang petsang nakatakda para sa angkop na paraan ng pagdinig?

Ang utos na pagtatakda (Pormularyo 4) na matatanggap ninyo mula sa OAH ay may kasamang pormularyo sa pagpapaliban (Pormularyo 5), na maaaring kumpletuhin ninyo at ng distrito ng paaralan at alinmang ibang mga partido at ipadala sa OAH upang magkasamang humiling ng pagpapaliban ng unang petsa ng pagdinig. Lahat ng mga partido ay sumasang-ayon sa mga petsa upang gamitin ang pormularyo. Ang inyong kahilingan sa pagpapaliban ay dapat ibatay sa "magandang dahilan," sa ibang mga salita, para sa isang tunay na magandang dahilan.

Ano ang ilang halimbawa ng "magandang dahilan" para sa pagpapaliban?

Mahirap sabihin kung ano ang maganda o hindi magandang dahilan nang walang mga partikular na bagay kung saan gagawa ng pagpapasiya, kaya dapat na lagi kayong magharap ng isang liham na nagsasabi kung bakit kailangan ninyo ng pagpapaliban at hayaan ang ALJ na magpasiya. Sa magandang dahilan ay maaaring kabilang ang kawalan ng pagkakataong dumalo ng isang mahalagang testigo dahil sa sakit o paghihirap na kumuha ng abugado. *Hindi* kasama rito ang kabiguan na maghanda para sa pagdinig.

Paano kung kailangan ko ng karagdagang pagpapaliban?

Kung ginawaran ka ng pagpapaliban at kailangan ng isa pa, makipag-ugnayan sa ibang mga partido at tingnan kung sasang-ayunan nila ito. Kung ang lahat ng ibang mga partido ay sumang-ayon, maaari kayong magkakasamang humiling ng pagpapaliban mula sa OAH. Kahit na ang ibang mga partido ay hindi sumasang-ayon, maaari pa rin kayong magpadala ng liham sa OAH, may kasamang katunayan ng paghahain (Pormularyo 3), nagpapaliwanag kung bakit kailangan ninyo ng pagpapaliban. (Tingnan ang Pormularyo 6 para sa halimbawa ng kahilingan para sa pagpapaliban batay sa magandang dahilan.) Dapat din kayong magpadala ng liham sa lahat ng ibang mga partido. Ang OAH ay independiyenteng magtataya kung nakapagtatag kayo ng magandang dahilan upang ipagpaliban ang angkop na paraan ng pagdinig sumang-ayon man o hindi ang ibang mga partido. Ang ibang mga partido ay may pagkakataon na magpadala ng isang liham na nagsasabi kung bakit hindi sila sumasang-ayon sa pagpapaliban.

Mayroon bang ibang mahahalagang bagay na dapat kong malaman bago ang angkop na paraan ng pagdinig?

Dapat kayong magdala ng mga pen at maraming papel sa pagdinig, upang makakuha kayo ng mga tala. Maaari ring makatulong sa inyo na magdala ng sticky notes ("post-its") upang markahan ang mga pangunahing dokumento o eksibit. Dapat ding magdala kayo ng mga sumusunod: (1) ang tagabigkis ng eksibit na ipinadala sa inyo ng distrito ng paaralan; at (2) tatlong kopya ng eksibit na ipinadala ninyo sa distrito ng paaralan, upang may isa para sa ALJ, isa para sa mga testigo, at isa para magamit ninyo.

Saan ginaganap ang angkop na paraan ng pagdinig?

Ang mga angkop na paraan ng pagdinig ay pangkaraniwang nangyayari sa mga opisina ng distrito. Ang isang partido ay maaari ring humiling na ang pagdinig ay ganapin sa isang opisina ng OAH kung ang opisina ay matatagpuan sa loob ng makatwirang distansiya sa mga partido. Ang mga magulang ay maaari ring humiling na ang pagdinig ay ganapin sa isang lugar na iba sa mga opisina ng distrito. Ang kahilingan ay dapat gawin nang nakasulat sa OAH, na may kopya sa lahat ng mga kasalungat na partido o sa kanilang abugado kung sila ay kinakatawan. Ang hiniling na lugar ay dapat na "makatwirang maginhawa" sa magulang. Sa pangkalahatan, ang mga opisina ng distrito ng paaralan ay makatwirang maginhawa sa magulang.

Ano ang dapat kong gawin kung mahuhuli na ako sa pagdinig?

Kung mahuhuli kayo sa pagdinig, dapat ninyong tawagan ang opisina sa Sacramento ng OAH. Kung hindi, ang inyong kaso ay maaaring pawalang-saysay. Kung ang distrito ay nagharap ng kahilingan para sa angkop na paraan ng pagdinig laban sa inyo, maaaaring dinggin ng ALJ ang panig ng distrito ng kaso kahit na kayo ay wala. Dahil dito, mahalagang humarap nang personal at nasa oras sa angkop na paraan ng pagdinig. Ang Opisina sa Sacramento ng Oah ay magpapadala ng mensahe sa ALJ na itinalaga sa inyong kaso na kayo ay mahuhuli.

Kailan ako magkakaloob ng kopya ng aking tagabigkis ng eksibit sa hukom at isang kopya para gamitin ng mga testigo na magbibigay ng testimonya sa pagdinig?

Bago magsimula ang pagdinig, ibibigay ninyo ang isa sa inyong mga mga tagabigkis ng eksibit sa ALJ at ilalagay ang isa pa ng inyong mga tagabigkis ng eksibit sa tabi ng upuan ng testigo. Katulad nito, ibibigay ng kinatawan ng distrito ang isa sa mga notbuk ng eksibit ng distrito sa ALJ at ilalagay ang ibang tagabigkis ng eksibit ng distrito sa tabi ng upuan ng testigo.

Saang lugar ko patitigilin ang aking mga testigo sa panahon ng pagdinig?

Kung ang inyong mga testigo para sa unang araw ng pagdinig ay naroon sa silid ng pagdinig, dapat ninyong sabihin sa kanila na maghintay sa labas ng silid ng pagdinig hanggang tawagin sila upang tumestigo. Maliban sa mga partido, ang testigo ay karaniwang hindi pinahihintulutan na umupo sa silid ng pagdinig at pakinggan ang testimonya ng ibang mga testigo.

Ang mga selular na telepono ay ipinahihintulot ba sa silid ng pagdinig?

Maaari ninyong dalhin ito, pero dapat ninyong panatilihin itong patay kapag ang pagdinig ay nasa sesyon. Kahit na kung iniwan ninyo ang inyong selular na telepono sa vibrate mode, ito ay maaaring makagambala. Patayin ang lahat ng mga selular na telepono sa panahon ng pagdinig.

Irerekord ba ang pagdinig?

Oo. Ang OAH ay gumagamit ng digital na kagamitan na nakakonekta sa laptop computer ng ALJ na nagrerekord ng lahat ng mga pagdinig, kabilang ang testimonya mula sa mga testigo.

Maaari ko bang irekord ang pagdinig gamit ang aking sariling kagamitan?

Maaari ninyong irekord ang pagdinig gamit ang inyong sariling kagamitan. Gayunman, dapat ninyong hingin ang permiso ng ALJ at ipagbigay-alam sa hukom na gusto ninyong gawin ito. Ang inyong pagrekord ay hindi magiging opisyal na rekord ng pagdinig. Kapag sinabi ng ALJ na "off the record" dapat ninyong itigil ang pagrekord at huwag itong muling paandarin hanggang sabihin ng ALJ ang "on the record."

Paano kung ipasiya ko na kumuha ng isang abugado o tagapagtaguyod bago ang angkop na paraan ng pagdinig?

Kayo ay inaatasan ng batas na ipagbigay-alam sa distrito ng paaralan at alinmang ibang mga partido na kayo kinakatawan ng isang abugado nang hindi kukulangin sa sampung (10) araw bago ang angkop na paraan ng pagdinig. Ang inyong abugado o tagapagtaguyod ay inaatasan na magharap ng isang "paunawa ng pagkatawan" sa OAH at hainan ang ibang mga partido ng paunawang ito. Kung kumuha kayo ng isang abugado o tagapagtaguyod nang wala pang 10 araw bago ang angkop na paraan ng pagdinig, ang inyong abugado o tagapagtaguyod ay maaaring humiling ng pagpapaliban ng pagdinig upang tiyakin na ang distrito ng paaralan at ibang mga partido ay may wastong paunawa.

Tala: Maaari ninyong mabawi ang mga bayad sa abugado kung manalo kayo sa inyong kaso. Gayunman, hindi ninyo magagawang mabawi ang mga bayad para sa isang tagapagtaguyod.

Paano kung ipasiya ko na ang isa pang pamamagitan ay maaaring lumutas ng kaso bago ang angkop na paraan ng pagdinig?

Ang pamamagitan ay makukuha sa lahat ng mga yugto sa pagdinig, sa kondisyon na ang mga partido ay sumang-ayon na lumahok. Kung ipasiya ninyo na gusto ninyo ng karagdagang pamamagitan, dapat kayong makipag-ugnayan sa distrito ng paaralan at ibang mga partido at itanong kung handa kayong lumahok sa pamamagitan. Kung ganito, maaari kayong makipag-ugnayan sa OAH at humiling na pamamagitan bago ang pagdinig. Hinihimok ng OAH ang mga partido na ayusin ang kanilang mga hindi pinagkakasunduan at tutulong sa kanila tuwing magagawa. Ang pamamagitan ay maaari ring mangyari sa unang araw ng pagdinig nang may wastong paunawa sa OAH. Huwag kayong mag-atubiling humiling ng pamamagitan kung sinang-ayunan ito ng lahat ng mga partido.

BAHAGI 10: Ano ang nangyayari sa angkop na paraan ng pagdinig?

Kailan opisyal na magsisimula ang angkop na paraan ng pagdinig, at ito ba ay inirerekord?

Lahat ng mga angkop na paraan ng pagdinig ay inirerekord. Sa simula ng pagdinig, at bago buksan ng ALJ ang kagamitan sa pagrekord, ang ALJ ay karaniwang magsasalita ng tulad nito, "Tayo ay magrerekord ngayon." Ang pagdinig ay hindi opisyal na magsisimula hanggang buksan ng ALJ ang kagamitan sa pagrekord. Kapag ang kagamitan sa pagrekord ay nabuksan na, ipapahayag ng ALJ ang pangalan at numero ng kaso, ipakikilala ang sarili, at ipahahayag ang petsa at oras para sa rekord. Ito ay tinatawag na "pagbubukas ng rekord."

Ano ang "mga pagharap ng partido para sa rekord" at ang "panunumpa"?

Sasabihin ng ALJ sa mga partido na ipahayag ang kanilang "mga pagharap," na nangangahulugang ipakilala ang mga sarili. Kung ang iyong pangalan ay "John Doe," at ikaw ang magulang, sasabihin mo, "Ako si John Doe, at ako ang ama ni Jane Doe, ang estudyante sa kasong ito. Ang aking pangalan ay binabaybay bilang J-O-H-N D-O-E." Ang bawat tao pagkaraan ay magkakasunod na sasabihin ang kanilang pangalan at babaybayin ang kanilang pangalan at sasabihin kung sino ang kanilang kinakatawan.

Ang ALJ ay magsasagawa ng panunumpa o "papangakuin" ang testigo at mga partido bago ang kanilang testimonya. Sa pangkalahatan, ang pagpapanumpa ay nangangahulugan ng pagsasabi sa testigo na: tumayo, itaas ang kanang kamay, at gawin ang panunumpa ng testigo na nangangako ka (o nagpapatunay) na sasabihin ang katotohanan. Maaaring papanumpain ng ALJ ang mga partido habang nakaupo sila sa mesa upang ang anumang sasabihin nila ay maituturing na bahagi ng rekord, kahit na ang mga partido ay wala sa upuan ng testigo.

Ano pa ang dapat kong malaman tungkol sa mga pamamaraan?

Ang mga ALJ ay maaaring magtanong kung may isang bagay na gustong talakayin ng sinuman bago magpatuloy ang pagdinig. Ito ay maaaring isang mabuting panahon upang banggitin ang mga bagay na maaaring makaapekto sa progreso ng pagdinig, tulad ng pagtatakda ng mga testigo, o kung hindi ninyo natanggap ang ilan o lahat ng eksibit ng distrito ng paaralan. Kung minsan ang mga isyu ay lumilitaw pagkatapos ng komperensiya bago ang pagdinig na iniisip ninyo na dapat malaman ng ALJ, at ito ay isang pagkakataon upang banggitin ang mga ito sa ALJ. Kung minsan, kung ang mga partido ay malapit nang maayos ang bagay, gagamitin nila ang oras na ito upang itanong sa ALJ kung bibigyan sila ng ALJ ng ilang karagdagang oras upang talakayin ang pag-aayos bago magsimula ang pagdinig, Nasa ALJ ang pagpapasiya kung igagawad ang naturang kahilingan. Dapat maging handa kayong simulan ang inyong pagdinig sa unang araw sa nakatakdang panahon.

Ang ALJ ay maaaring tumalakay ng mga partikular na bagay na pinaniniwalaan ng ALJ na dapat banggitin habang "on the record." Ang mga bagay ay nag-iiba depende sa kaso, pero maaaring kabilang sa mga ito ang mga preliminaryong bagay, tulad ng mga mungkahi o isyu ng ebidensiya na lumitaw mula noong komperensiya bago ang pagdinig, o mga bagay ng pagtatakda. Ang ALJ ay maaaring bumanggit ng mga gawain at pinipili niya tungkol sa pagdinig, tulad ng kung kailan magpapahinga para sa tanghalian o ibang mga pahinga. Kung kayo ay kumakatawan sa sarili, ang

ALJ ay magpapaliwanag sa paraan ng pagdinig para sa inyo, at marahil ay magbibigay sa inyo nang mas detalyado kaysa makikita ninyo sa patnubay na ito.

Sa panahon ng alinman sa mga talakayang ito, at sa panahon ng alinmang bahagi ng pagdinig, isang tao lamang ang nagsasalita sa isang pagkakataon. Walang sinumang dapat gumambala sa iba, at walang dapat gumambala sa ALJ. Kung mayroon kayong gustong sabihin, dapat kayong maghintay hanggang turno na ninyong sabihin ito. Kung natatakot kayong malimutan ang gusto ninyong sabihin, isulat ito, at maghintay hanggang turno na ninyo na magsalita. Ang hindi pagsasalita nang magkakasabay at paghihintay para sa inyong turno na magsalita ay nakakatulong na tiyakin na ang pagrekord ng pagdinig ay tumpak.

Kung may mga tanong kayo tungkol sa kung ang isang bagay ay katanggap-tanggap o hindi, maaari ninyong tanungin ang ALJ anumang oras.

Ano ang mga pambungad na pahayag?

Ang isang pambungad na pahayag ay isang maikling panimula na nagpapaliwanag ng inaasahan ninyo sa pagdinig at ano ang ipapakita ng mga testigo at ebidensiya. Ang pambungad na pahayag ay dapat magsabi sa ALJ kung tungkol saan ang kaso, ang ipapakita ng inyong ebidensiya, at paano patutunayan ng ebidensiya ang inyong kaso. Ang isang magandang pambungad na pahayag ay tulad ng isang "mapa ng daan" ng kaso.

Sa pangkalahatan, ang partidong nagharap ng kahilingan para sa angkop na paraan ng pagdinig ay naghaharap muna ng kanyang kaso, upang ang ALJ ay magsalita sa partidong iyon. Ang partidong hindi nagharap ng kahilingan para sa angkop na paraan ng pagdinig ay naghaharap ng kanyang kaso pagkatapos iharap ng partido ang kahilingan para sa angkop na paraan ng pagdinig . Dahil dito, itatanong ng ALJ sa bawat partido kung nais ng partido na gumawa ng pambungad na pahayag. Walang inaatasan na gumawa ng pambungad na pahayag.

Sa isang iniharap-ng-estudyante na kaso, pagkatapos ng inyong pambungad na pahayag, o kung pinili ninyo na huwag gumawa ng pambungad na pahayag, sasabihin ng ALJ sa partidong kalaban sa pagharap ng kahilingan para sa angkop na paraan ng pagdinig na magbigay ng kanyang pambungad na pahayag. Ang partido ay magbigay ng kanyang pambungad na pahayag sa oras na iyon, oa maaaring "ireserba" ang kanyang pambungad na pahayag at ibigay ito sa oras na iharap ng partido ang kanyang kaso.

Sa isang kasong iniharap ng distrito ng paaralan, maaari kayong magbigay ng inyong pambungad na pahayag sa simula ng pagdinig, o maaari ninyong "ireserba" ang inyong pambungad na pahayag at ibigay ito kapag oras na para sa inyo na iharap ang inyong kaso.

Ang isang halimbawa ng isang pambungad na pahayag ay maaaring:

> "Ang kasong ito ay tungkol sa aking anak, si Jane, na may autismo. Hindi ako sumasang-ayon sa mga pagtaya sa pagsasalita at wika at paggamot na pagtatrabaho na ginawa ng distrito. Gusto kong magkaroon si Jane ng independiyenteng mga pagtaya ng pagsasalita at wika at paggamot na pagtatrabaho. Gayon din, si Jane ay tumatanggap ng panggrupong serbisyo sa pagsasalita at wika at paggamot na pagtatrabaho, pero ay karapat-dapat tumanggap ng mga serbisyong klinikang pagsasalita at wika at klinikang paggamot na

pagtatrabaho. Patutunayan ko ang aking kaso sa pamamagitan ng testimonya at mga eksibit."

Pagkatapos ay makakapagsabi kayo kung sino ang mga testigo at ano ang sasabihin nila, o ano ang pinatutunayan ng mga dokumento. Halimbawa, maaari ninyong sabihin:

"Hangad kong tawagin si Mary Smith sa pagdinig. Si Mary Smith ang guro sa ikalawang grado ng aking anak na si Jane. Dumalo siya sa pulong ng IEP noong Enero 22, 2007, kung saan tinalakay ng pangkat ng IEP ang mga pagtaya sa pagsasalita at wika at paggamot na pagtatrabaho. Inaasahan ko na tetestigo siya na kailangan ni Jane ng nakabase sa klinika na mga serbisyo sa pagsasalita at wika."

Pagkatapos ay magsasalita kayo ng katulad para sa bawat isa ng inyong mga testigo. Hindi ninyo kailangang magsabi ng napakarami tungkol sa bawat testigo. Sapat na kung sasabihin ninyo sa isa o dalawang pangungusap ang tungkol sa kung sino sila at ano ang inaasahan ninyong sasabihin nila sa pagdinig.

Batay sa inyong pambungad na pahayag, malalaman ng ALJ kung ano ang aasahan habang sumusulong ang pagdinig, at maaaring magsimulang isipin ang tungkol sa kaso mula sa inyong pananaw.

Paano gumagana ang testimonya ng testigo?

Pagkatapos ibigay ang mga pambungad na pahayag, maaaring itanong ng ALJ sa parttido kung sino ang unang maghaharap ng kaso, upang tawagin ang kanyang unang testigo. Ang partidong iyon ay lalabas ng silid ng pagdinig at ipapasok ang testigo. Ang testigo ay tatayo sa tabi ng upuan ng testigo. Ibibigay ng ALJ sa testigo ang panunumpa, at saka pauupuin ang testigo. Sasabihin ng ALJ sa testigo na ipahayag at baybayin ang kanyang pangalan para sa rekord. Pagkatapos niyon, maaaring ipaliwanag ng ALJ sa testigo ang ilang bagay tungkol sa paraan ng paggdinig at ang katotohanan na ang pagdinig ay inirerekord.

Ang partidong tumawag sa testigo ay unang magtatanong sa testigo. Ito ay tinatawag na "direct examination." Ang layunin ng tuwirang pagtatanong ay para patunayan ng taong tumawag sa testigo ang bahagi ng kanyang kaso sa pamamagitan ng testimonya ng testigo, o sa pamamagitan ng "testimonial evidence."

Kapag naitanong na ng partidong tumawag sa testigo ang lahat ng mga tanong na gusto niya, bibigyan ng ALJ ang kabilang partido ng pagkakataon na magtanong. Ito ay tinatawag na "cross-examination." Ang layunin ng cross-examination ay ang upang subukan ang pagiging kapani-paniwala ng testigo, at upang higit na suriin ang testigo sa mga partikular na puntong inilitaw sa direct examination. Sa mga pagdinig na pampangasiwaan, tulad ng mga angkop na pagdinig sa espesyal na edukasyon, ang cross-examination ay hindi mahigpit na limitado sa mga lugar ng pagsusuri sa direct examination. Ang ALJ, gayunman, ay may pagpapasiya na kontrolin ang pamamaraan at pagtatanong sa mga testigo.

Pagkatapos gawin ng kabilang ang partido ang direct examination, ang unang partido ay maaaring magtanong nga mga karagdagang tanong. Ito ay tinatawag na "re-direct" examination, at pangkaraniwang limitado sa pagtatanong tungkol sa sinabi sa cross-examination. Kasunod, ang ikalawang partido ay maaaring maghangad na magtanong pa sa cross-examination, at iyon ay

tinatawag na "re-cross" examination, at pangkaraniwang limitado sa pagtatanong tungkol sa sinabi sa re-direct examination. Ang pagtatanong ay magpapatuloy na tulad niyon hanggang ang parehong partido ay makatapos sa pagtatanong. Ang ALJ ay pagpapasiya na limitahan kung gaano karaming re-direct examination o re-cross examination, kung mayroon, ang ipinahihintulot.

Pagkatapos magtanong sa testigo ang parehong partido, ang ALJ ay maaaring may ilang tanong para sa testigo. Pagkatapos magtanong ang ALJ, itatanong ng ALJ sa mga partido kung mayroon pa silang mga tanong, batay sa itinanong ng ALJ. Kung oo, ang partidong nauna ay muling mauuna.

Pagkatapos magtanong ang mga partido at ALJ, itatanong ng ALJ kung ang testigo ay maaari nang paalisin. Kung ang mga partido ay nagsabi ng "oo," sasabihin ng ALJ sa testigo na siya ay makakaalis na.

Ang pagdinig ay magpapatuloy sa gayong paaraan, testigo sa testigo, hanggang ang lahat ng mga testigo ay matawag at masuri ng partidong nagharap ng kahilingan para sa angkop na paraan ng pagdinig. Kapag natapos nang tawagin ng partido ang lahat ng mga testigo nito, itatanong ng ALJ kung ang partidong iyon ay "tapos na sa paghaharap" ng kanyang kaso.

Kasunod ay ang turno ng kabilang partido na tawagin ang kanyang mga testigo. Kung ang partido ay "nagreserba" ng pambungad na pahayag, siya ay makakapili na simulan ang kanyang pambungad na pahayag, at saka tatawagin ang kanyang mga testigo, isa-isa, para sa pagtatanong. Ang pagtatanong ay magpapatuloy sa paraang katulad ng inilarawan sa itaas.

Dapat ninyong malaman na ang ALJ na nagsasagawa ng pagdinig ay may pagpapasiya na itatag ang paraan na magpapatuloy ang angkop na paraan ng pagdinig. Ang ilang ALJ ay nagpapahintulot ng dalawa lamang round ng pagtatanong ng isang testigo kada partido, at ang ibang ALJ ay nagpapahintulot ng mga patuloy na round ng pagtatanong hanggang ang lahat ng mga tanong ay maubos. Ang ilang ALJ ay nag-aatas sa parehong panig na tanungin ang isang testigo na hangad ng pareho na tawagin upang ang testigo ay isang beses lamang kailangang pumunta sa pagdinig. Maaari ninyong itanong sa ALJ sa komperensiya bago ang pagdinig o sa pagsisimula ng pagdinig ang tungkol sa paraan na gagawin ang pagdinig at paano niya inaasahan na kukunin ang testimonya ng testigo.

Paano hinahawakan ang aking testimonya?

Maaari mong tawagin ang iyong sarili bilang isang testigo, o maaari kang tawagin ng distrito. Kasunod ay pupunta ka sa upuan ng testigo. Kung tinawag mo ang sarili bilang isang testigo, hindi mo kailangan tanungin ang iyong sarili, basta sabihin sa ALJ ang mga katotohanan na alam mo tungkol sa kaso at kailangan mong itatag sa pamamagitan ng iyong testimonya upang patunayan ang iyong kaso. Ang ALJ ay maaaring magtanong sa iyo ng ilang tanong habang tumetestigo ka, at maaaring magtanong sa iyo ng ilang tanong sa simula ng iyong testimonya upang makapagsimula ka.

Maaari ka ring tawagin ng distrito ng paaralan bilang isang testigo. Ang abugado para sa distrito ng paaralan ay unang magtatanong sa iyo, at saka magkakaroon ka ng pagkakataong tumestigo sa "cross-examination" upang tugunan ang anumang mga bagay na may kaugnayan sa mga tanong na itinanong sa iyo ng abugado ng distrito ng paaralan.

Ano ang kailangan kong ipakita upang tanggapin bilang ebidensiya ang dokumento mula sa aking tagabigkis ng eksibit sa angkop na paraan ng pagdinig?

Upang ang isang dokumento mula sa iyong tagabigkis ng eksibit ay "tanggapin bilang ebidensiya," dapat mong ipakita o itatag sa pamamagitan ng testimonya ng isang testigo na ang dokumento ay "tunay," ibig sabihin ay nakuha sa o sa mga oras ng pangyayari na idinodokumento at ang dokumento ay hindi binago. Sa ibang mga salita, dapat mong ipakita na ang dokumento ay tunay na kumakatawan sa sinasabi mo at ito ay isang tumpak na kopya. Maaari mong gawin ito sa pamamagitan ng iyong sariling testimonya, o sa pamamagitan ng testimonya ng ibang testigo. Bago tumestigo tungkol sa isang dokumento o magtanong sa isang testigo tungkol sa isang dokumento mula sa iyong tagabigkis ng eksibit o mula sa tagabigkis ng eksibit ng kabilang panig, dapat mong sabihin sa ALJ na markahan ang dokumento para sa pagkilala. Hindi mo kailangang tanggalin ang dokumento mula sa iyong tagabigkis dahil ang ALJ ay may kopya ng dokumento at susubaybayan ang mga dokumento na tinanggap bilang mga eksibit.

Ang pagpapakita na ang dokumento ay "tunay" ay nangangahulugang pagpapakita, karaniwang sa pamamagitan ng testimonya mula sa isang testigo, na ang dokumento ay kinuha sa o mga oras na ang pangyayari ay idinodokumento, na ang dokumento ay hindi binago, at ang dokumento ay tunay na kumakatawan sa sinasabi ng testigo. Ang isang dokumento ay maaaring maging tunay sa pamamagitan ng pagpapakita nito sa taong sumulat nito o lumahok sa paggawa nito at saka pagtatanong kung: (1) nakikilala niya ito, (2) kung pinirmahan niya ito at (3) ito ay anyong tama.

Ang mga dokumento ay maaari ring ipakitang tunay dahil ang mga ito ay pinananatili ng isang ahensiya ng pamahalaan o kompanya sa regular na takbo ng gawain. Halimbawa, kung minsan ang mga dokumentong tulad ng mga rekord ng pagdalo ay iniingatan sa isang opisina ng paaralan. Upang mapatanggap ang rekord na tulad niyon, itanong kung ang impormasyon ay inirekord ng isang taong may kaalaman at nasa regular na takbo ng trabaho.

Pagkatapos ay sasabihin mo sa ALJ na tanggapin ang dokumento bilang ebidensiya. Bago tanggapin ang anumang dokumento bilang isang ebidensiya, itatanong ng ALJ sa kabilang panig kung siya ay tutol na tanggapin ang dokumento bilang ebidensiya. Pangkaraniwan, kailangan mong sabihin sa hukom kung ano ang dokumento at bakit gusto mong tanggapin ito bilang ebidensiya. Ang mga tuntunin ng ebidensiya na angkop sa mga paglilitis ng superior court ay hindi angkop sa mga angkop na paraan ng pagdinig pero nagsisilbing patnubay sa mga pagdinig sa espesyal na edukasyon. Huwag mag-atubiling magharap ng anumang dokumentong gusto ninyong maging ebidensiya at hayaan ang hukom na magpasiya kung may sapat na ebidensiya o pagpapatunay upang tanggapin ito.

Paano ko sasalungatin ang mga dokumento o testimonya?

Kahit na ang teknikal na mga tuntunin ng ebidensiya ay hindi angkop sa mga angkop na paraan ng pagdinig, ang ebidensiya ay kailangan pa ring ipakita na may-kaugnayan at maaasahan. Ang isang partido ay maaaring tumutol sa ebidensiya o testimonya kung may tanong tungkol sa pagiging may-kaugnayan, pagiging maaasahan, o pagiging katanggap-tanggap nito.

Sa isang karaniwang pagsalungat ay kabilang ang "kawalan ng pundasyon." "Kawalan ng pundasyon" ay nangangahulugang ang isang dokumento ay hindi pa naitatatag na tunay o ang isang testigo ay walang sapat na kaalaman upang tumestigo tungkol sa paksa. Ang ganitong uri ng pagtutol ay karaniwang nagagapi sa pamamagitan ng pagtatanong ng iba pang tanong upang itatag ang

"pundasyon," na nangangahulugang pagtatanong sa testigo upang itatag na alam ng testigo kung ano ang dokumento, o kailan ito inihanda.

Ang isa pang karaniwang pagtutol ay "pagiging may-kaugnayan." Ang may-kaugnayang ebidensiya ay ebidensiyang maaaring magpatunay o magpabulaan sa isang bagay na isyu sa kaso. Kung sinabi sa iyo ng ALJ na mangatwiran kung bakit ang ebidensiya ay may-kaugnayan, subukan na ipaliwanag kung paano ang katotohanang gusto mong itatag ay nagpapatunay o nagpapabulaan sa isang bagay na may kaugnayan sa mga isyung hiningi mo sa ALJ na pagpasiyahan.

Kung may mga tanong ka tungkol sa mga dokumento o testimonya, dapat mong sabihin ang, "objection," at maikling sabihin sa ALJ ang dahilan para sa pagtutol. Kasunod ay ipapasiya niya kung ang impormasyon ay ipinahihintulot sa pagdinig, alam mo man o hindi ang batayang pambatas na gawin ito.

Ano ang gagawin ko kung hindi ako sumasang-ayon sa isang tanong na itinatanong ng ibang tao o sa isang dokumentong binanggit ng isang testigo o ng ibang partido?

Tuwing ang isang testigo ay nagbibigay ng testimonya, mahalagang pakinggang mabuti ang mga tanong na itinatanong ng kabilang partido sa isang testigo, dahil may karapatan kang tumutol sa isang tanong na itinatanong kung naniniwala ka na ito ay hindi wasto. Ang pagtutol ay wastong ginagawa bago magsimula ang testigo na sagutin ang tanong, pero pagkatapos na itanong ang tanong. Maaari ka ring sumalungat sa isang dokumento kapag ang isang testigo ay nagtanong tungkol dito.

Upang gumawa ng anumang uri ng pagtutol, sasabihin mo, "Objection," at maikling sabihin sa ALJ ang dahilan ng pagtutol. Ang ALJ ay maaaring humingi ng mga pangangatwiran sa kabilang partido at mula sa iyo tungkol sa pagtutol, o maaaring gumawa ng pasiya tungkol sa pagtutol na hindi humihingi ng pangangatwiran.

Kung ang ALJ ay nagsabi ng "overruled," tinanggihan ng ALJ ang iyong pagtutol, at tatagubilinan ng ALJ ang testigo na sagutin ang tanong, o pahihintulutan ang testigo na tumestigo tungkol sa dokumento. Kung ang ALJ ay nagsabi ng "sustained," iginawad ng ALJ ang iyong pagtutol, at tatagubilinan ng ALJ ang testigo na huwag sagutin ang tanong o huwag magbigay ng testimonya tungkol sa dokumento.

Kung nagtanong ka at ang kabilang partido ay tumutol, sasabihin sa iyo ng ALJ kung gusto niyang pakinggan ang pangangatwiran mula sa iyo tungkol sa pagtutol. Maraming beses, ang mga partido ay magsisimulang mangatwiran tungkol sa mga pagtutol bago humingi ng pangangatwiran ang ALJ. Hindi ito ang wastong paraan ng paggawa nito. Maghintay hanggang humingi ang ALJ ng pangangatwiran sa isang pagtutol bago mo simulan ang pangangatwiran.

Kung ikaw ang testigo, may karapatan kang tutulan ang mga tanong ng abugado ng distrito ng paaralan at sa mga dokumento na maaaring ipakita sa iyo ng abugado ng distrito ng paaralan. Halimbawa, kung ang abugado ng distrito ng paaralan ay nagtanong sa iyo ng tanong na walang kaugnayan sa pagdinig, maaari kang tumutol. O kung ang abugado ng distrito ng paaralan ay nagpakita sa iyo ng dokumentong hindi mo pa nakikita, o ipinagkaloob sa iyo sa tagabigkis ng eksibit ng distrito ng paaralan, maaari kang tumutol.

Kung minsan, ikaw o ibang partido ay magtatanong sa isang testigo ng isang tanong, at ang testigo ay hindi lamang sasagot sa tanong, pero magsasabi ng mga karagdagang bagay na hindi sumasagot sa tanong. Kung ayaw mo na isaalang-alang ng ALJ ang karagdagang impormasyong iyon, maaari mong subukan na gawin itong "stricken" (iyon ay, tanggalin) mula sa rekord.

Halimbawa, kung ang testigo ay sumagot ng "oo," at saka nagdagdag ng isang bagay pagkatapos ng "oo," na sa palagay mo ay hindi tunay na sumagot sa tanong, sasabihin mo, "Iminumungkahi na tanggalin ang lahat pagkatapos ng oo." Kasunod ay ipapasiya ng ALJ kung ang iyong mungkahing magtanggal ay igagawad o tatanggihan. Tulad ng sa mga pagtutol, huwag mangatwiran tungkol sa mungkahing magtanggal maliban kung humingi ng pangangatwiran ang ALJ. Dapat mong tandaan na ang isang testigo ay may karapatang sumagot sa mga tanong sa abot ng makakaya ng mga testigo at kahit maaari mong isipin na ang tanong ay nangangailangan lamang ng isang oo o hindi, ang testigo ay maaaring pahintulutan na ipaliwanag ang sagot.

Kung ang isang testigo ay pinakitaan ng isang dokumento (eksibit) sa panahon ng pagtatanong, mamarkahan ng ALJ ang dokumento para sa pagkilala upang sa panahon ng pagdinig kapag ang isang testigo ay tinanong tungkol sa isang dokumento, malalaman ng lahat kung anong dokumento ang tinatalakay. Sa isang punto sa panahon ng pagdinig, ang partidong gustong ipasok ang dokumento bilang ebidensiya ay "magmumungkahi") na ang dokumento ay tanggapin bilang ebidensiya. Maaaring hingin sa iyo ng ALJ ang "pagmungkahi" upang ang dokumento ay maging ebidensiya pagkatapos mong ipakita ito sa testigo at ang testigo ay tumestigo tungkol dito. Mas gugustuhin ng ilang ALJ ang "pagmungkahi" na ang alinmang naturang mga dokumento ay maging ebidensiya pagkatapos magbigay ng testimonya ang testigo, pero bago umalis ang testigo sa upuan ng testigo. Ang ibang mga ALJ ay maaaring humiling na ang dokumento ay "imungkahi" na maging ebidensiya sa katapusan ng bawat araw ng pagdinig upang ang ALJ ay makapagpasiya sa lahat ng mga pagtutol sa mga eksibit nang magkakasabay. Ipagbibigay-alam sa inyo ng ALJ ang mas gusto niya. Maaari mo ring talakayin ang pagpapasok ng mga eksibit sa komperensiya bago ang pagdinig.

Kapag ang ALJ ay "nagmungkahi" na ang mga dokumento ay maging ebidensiya, itatanong ng ALJ kung may mga pagtutol sa pagmungkahi na ang dokumento ay maging ebidensiya. Kung mayroon kang pagtutol sa mga dokumento ng kalabang partido, ngayon ang panahon upang gawin ito. Halimbawa, kung ang kabilang panig ay gustong gawing ebidensiya ang isang dokumento na hindi tinukoy sa angkop na paraan ng pagdinig, maaari kang tumutol. O maaari kang tumutol kung walang tumukoy kung ano ang isang dokumento sa tuwiran o masusing pagtatanong Ang ALJ ay magpapasiya sa iyong mga pagtutol. Ang ibang partido ay maaari ring gumawa ng mga pagtutol na "imungkahi" mong gawing ebidensiya ang mga mga dokumento. Ang ALJ ay magpapasiya rin sa iyong mga pagtutol. Gaya ng nauna, ipagbibigay-alam ng ALJ sa mga partido kung gusto ng ALJ na mangatwiran ka sa mga pagtutol. Ang ALJ ay nagpapasiya kung aling ebidensiya ang tatanggapin sa pagdinig at ang pasiya ng ALJ sa ebidensiya ay nananatili kahit may pagtutol.

Maaari bang ibigay ang testimonya sa pamamagitan ng telepono sa pagdinig?

Makakagawa ka ng isang mungkahi, mas mabuti sa sulat, sa ALJ na humihingi ng magbigay ng testimonya ang testigo sa talepono sa sandaling malaman mo na hindi siya makakadalo sa pagdinig. Kung alam mo na kailangan mo ng isang testigo sa pamamagitan ng telepono sa panahon ng komperensiya bago ang pagdinig, dapat mong ipagbigay-alam sa ALJ sa panahong iyon.

Dapat mong matanggap ang pahintulot ng ALJ na magbigay ng testimonya ang testigo sa pamamagitan ng telepono. Kung ang ALJ ay naggawad ng pahintulot para magbigay ng testimonya ang isang testigo sa pamamagitan ng telepono, dapat mong tiyakin na ang testigo ay magbibigay ng testimonya sa isang land-line na telepono, at hindi sa isang selular na telepono. Ang pagtanggap ng selular na telepono ay madalas na hindi maaasahan at mahirap matiyak na ang testigo ay nagbibigay ng buong atensiyon sa pagdinig. Ang testigo ay dapat na nag-iisa sa silid kapag nagbibigay siya ng testimonya, at dapat na nasa harap ng lahat ng mga partido ang tagabigkis ng eksibit o kapag siya ay nagbibigay ng testimonya. Ito ay nangangahulugan na kailangan mong gumawa ng mga kopya ng lahat ng mga eksibit na iniharap, at ipadala ang mga ito sa testigo bago itakda ang testigo na magbigay ng testimonya upang makuha ang mga ito ng testigo sa oras para sa kanyang testimonya.

Ano ang dapat kong gawin sa katapusan ng araw ng pagdinig?

Pagkatapos ng araw ng pagdinig, maaaring kailangan mong tawagin ang lahat ng mga testigong itinakda mo sa susunod na araw upang sabihin sa kanila ang oras ng kanilang pagharap sa pagdinig sa susunod na araw. Tingnan ang mga talang kinuha mo sa pagdinig. Isipin ang tungkol sa mga tanong na gusto mong itanong sa mga testigo sa susunod na araw, at ang mga eksibit na gusto mong iharap o itanong sa testigo. Gumawa ng mga tala tungkol sa mga bagay na gusto mong isama sa iyong pansarang pangangatwiran. Maaari ka ring magsimulang sumulat ng iyong pansarang pangangatwiran, at idagdag ito sa dulo ng bawat araw ng pagdinig, upang maging handa kang basahin ito sa ALJ sa katapusan ng pagdinig.

Paano tinatapos ang pagdinig?

Pagkatapos tapusin ng parehong partido ang paghaharap ng kaso, maaaring pahintulutan ng ALJ ang isang partido na mag-alay ng "pagpapabulaan," na isang ebidensiya upang ipaliwanag o pabulaanan ang mga bagay na inilagay bilang ebidensiya ng kalabang partido. Ang pagpapabulaan na ebidensiya ay isang tiyak na ebidensiya at limitado sa impormasyon lamang na naiharap na sa pagdinig na sumasalungat sa ebidensiya na ipinasok ng kabilang partido. Dapat mong malaman na madalas na walang sapat na oras sa angkop na paraan ng pagdinig para humanap ang mga partido ng pagpapabulaan na ebidensiya, at, kadalasan, ang mga partido ay hindi nag-aalay ng pagpapabulaan na ebidensiya. Higit pa, ang ALJ ay may pagpapasiya na ipahintulot o ipagkait ang kahilingan para sa pagpapabulaan na testimonya. Dapat mong tiyakin na nagharap ka ng ebidensiya o testimonya na gusto mong marinig ng ALJ sa pagdinig at huwag tangkain na itago ito para sa posibleng pagpapabulaan na ebidensiya upang "sorpresahin" ang kabilang partido.

Sa pagtatapos ng testimonya at ebidensiya, itatanong ng ALJ sa lahat ng mga partido kung naiharap na nila ang lahat ng mga eksibit na gusto nilang iharap. Kasunod ay itatanong ng hukom kung nais ng mga partido na gumawa ng pasalitang huling mga pangangatwiran.

Kung gusto mong gumawa ng isang pasalitang pansarang pangangatwiran, dapat mong isabuod ang ebidensiya na iniharap, at sabihin sa ALJ kung bakit ang ebidensiya ay nagpapakita na dapat siyang magpasiya nang pabor sa iyo sa bawat isyu. Kung mas gusto mong magsumite ng isang nakasulat na pansarang pangangatwiran (o "brief") dapat mong gawin ang kahilingang ito nang maaga sa pagdinig. Nasa ALJ ang pagpapasiya kung gusto niyang ipahintulot ang isang nakasulat na pansarang pangangatwiran. Kung ang pahintulot ay ibinigay, sasabihin sa iyo ng ALJ ang petsa na dapat ibigay ang brief at ipapahayag ang petsa "on the record." Dapat mong i-fax ang closing brief sa Sacramento Special Education Office (916-376-6319) para sa paghaharap, at ihain sa ibang partido, bago ang

petsa na dapat matanggap. Tandaan na ang closing brief ay dapat lamang tumalakay sa ebidensiya na naiharap na sa pagdinig. Huwag gamitin ang closing brief upang tangkain na ipatanggap ang karagdagang ebidensiya. Maaaring sarhan ng ALJ ang bahagi ng pagdinig, nangangahulugang wala nang testimonya at testigo na ipahihintulot, pero iiwan ang rekord na bukas para sa mga closing brief. Ang rekord ng pagdinig ay mananatiling bukas hanggang ang mga closing brief ay matanggap. Sa ilang kaso, ang mga ALJ ay nagpahintulot sa bawat partido na magharap ng isang "reply brief" sa sa closing brief ng kabilang partido. Ito ay isang bagay na dapat hilingin bago matapos ang pagdinig.

Kapag lahat ng nasa itaas ay nakumpleto, ang pagdinig ay tatapusin. Ang ALJ ay lilipat sa "off the record," at papatayin ang kagamitan sa pagrekord. Bago ka umalis sa silid ng pagdinig, tiyakin na ang lahat ng yong mga tagabigkis ng eksibit, kabilang ang tagabigkis ng eksibit na inihanda para sa testigo, ay nakuha mo. Bago ka umalis, maaaring ibalik ng ALJ sa mga partido ang lahat ng mga eksibit na nasa kanilang mga tagabigkis ng eksibit, pero hindi minarkahan at/o tinanggap upang maging ebidensiya.

Kailan ko dapat asahan ang isang desisyon?

Sa katapusan ng pagdinig, maaari mong itanong sa hukom ang "petsa na dapat matanggap" ang iyong desisyon.

Kapag ang isang magulang ay nagharap ng isang kaso, ang batas ay nag-aatas na ang pamamagitan at ang angkop na paraan ng pagdinig ay gawin, at ang nakasulat na desisyon ay ilabas, sa loob ng 45 araw sa katapusan ng 30-araw na panahon ng paglutas. Kung ang mga partido ay nagkasundo na huwag magkaroon ng sesyon ng paglutas, ang batas ay nag-aatas na ang pamamagitan, kung mayroon, at ang angkop na paraan ng pagdinig at maganap, at ang nakasulat na desisyon ay ilabas, sa loob ng 45 araw pagkatapos matanggap ang kahilingan para sa angkop na paraan ng pagdinig o ang petsa na tinalikdan ng mga partido ang sesyon ng paglutas. Kapag ang distrito ng paaralan ay nagharap ng isang kaso, walang panahon ng paglutas. Sa kalagayang iyon, ang batas ay nag-aatas na ang pamamagitan at ang angkop na paraan ng pagdinig ay ganapin, at ang nakasulat na desisyon ay ilabas, sa loob ng 45 araw pagkatapos matanggap ang kahilingan para sa angkop na paraan ng pagdinig ng partido na kalaban sa iniharap na kahilingan. Ang mga partido ay maaaring magkasundo na palawigin ang 45-araw na panahon, o lubos na talikdan ito. Anumang naturang kasunduan ay dapat na nakasulat. Ang 45-araw na panahon ay pinalalawig tuwing ang angkop na paraan ng pagdinig ay ipinagpapaliban para sa anumang dahilan.

Pagkatapos ng pagdinig, isusulat ng ALJ ang isang desisyon na ipapadala sa fax o ipapadala sa mga partido sa sandaling makumpleto ito, at ilalagay rin ng OAH ang desisyon sa Web site na hindi kasama ang personal na impormasyon. Ilalahad ng desisyon ang mga isyu sa kaso at ang mga bagay na ipinasiya ng ALJ na totoo. Madalas ang desisyon ay tatalakay kung sinong mga testigo ang pinaniwalaan ng ALJ at bakit. Sa katapusan ng desisyon, ihahayag ng ALH kung sino ang nanalo – o namayani – sa bawat isyu. Ang desisyon ay maaaring kabilang din ang isang "utos" na nag-uutos sa isa sa mga partido na gumawa ng isang bagay. Kung minsan ang isang partido ay mananalo sa lahat ng mga isyu sa kaso. Kung minsan, ang isang partido ay mananalo sa ilan sa mga isyu, at ang kabilang partido ay mananalo sa ibang mga isyu.

Ang utos ay magpapahayag din kung ano ang mga remedyo o paglutas, kung mayroon. Ang batas ay nagbibigay sa ALJ ng maraming kalayaan na ipasiya ang mga remedyong igagawad, kung mayroon.

Kung nanalo ka, ang desisyon ay hindi tiyak magagagawad sa iyo ng kalutasan sa iyong problema na hiningi mo.

Paano kung hindi ako sumasang-ayon sa desisyon?

Kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon at gustong salungatin ito, maaari kang magharap ng apela sa pederal o pang-estadong hukuman sa loob ng 90 araw mula sa petsa na inilabas ang desisyon. Ang hukuman na magrerepaso nito ay nangangailangan ng isang nakasulat na transcript ng pagdinig, kaya dapat mong hilingin sa OAH na imakinilya ang digital na pagrekord ng pagdinig. Ang magulang ay karapat-dapat sa isang libreng kopya ng transcript sa nakasulat o elektronikong anyo. Ang magulang ay karapat-dapat din sa isang libreng kopya ng rekord na pampangasiwaan (file ng OAH), kabilang ang mga kopya ng mga eksibit.

BAHAGI 11: Ang pagtatalaga ng hukom ng batas na pampangasiwaan (administrative law judge, ALJ) at paano ito sasalungatin

Ang ALJ na itinalaga sa iyong angkop na paraan ng pagdinig ay maaaring malaman sa pamamagitan ng pagtawag sa tauhan ng OAH na itinalaga sa iyong kaso o sa pamamagitan ng pagtingin sa iyong kaso sa Web site ng OAH. Ang OAH ay nagpapanatili ng kasalukuyang impormasyong talambuhay tungkol sa mga ALJ nito online. Ang Special Education tab sa tuktok ng Web site ay kabilang ang isang listahan ng mga ALJ na dumidinig sa mga bagay sa espesyal na edukasyon at sa edukasyon ng bawat isa.

Paano ko sasalungatin ang pagtatalaga ng hukom ng batas na pampangasiwaan?

Ang angkop na paraan ay nag-aatas na ang isang walang-pinapanigang hukom ay duminig sa mga pagdinig na pampangasiwaan. Ang mga partido sa isang angkop na paraan ng pagdinig ay pinahihintulutan na humingi ng diskuwaplikasyon ng isang ALJ o ibang namamatnugot na opisyal mula sa pagdinig ng isang kasong pampangasiwaan. Kung ipasiya mo na gusto mong "salungatin" ang ALJ, maaari mong gawin ito gamit ang "peremptory challenge" o "challenge for cause" na mga pamamaraan na inilarawan sa itaas. Ang iyong pagsalungat ay dapat iharap sa pinakamaagang panahon na magagawa bago simulan ang angkop na paraan ng pagdinig, at bago ang panahon na ang ALJ ay gumawa ng anumang mga pasiya sa komperensiya bago ang pagdinig.

Ano ang peremptory challenge?

Ang bawat partido ay karapat-dapat sa isang peremptory challenge (diskuwalipikasyon nang walang dahilan o katunayan) ng isang ALJ na itinalaga sa isang pagdinig, sa kondisyon na ang pagsalungat ay ginawa sa isang napapanahong paraan. Dapat mong gawin ang mga sumusunod: (1) ipadala ang iyong liham na sumasalungat sa ALJ sa namamatnugot na hukom ng batas na pampangasiwaan, na matatagpuan mo sa Web site ng OAH; (2) ipadala ang iyong liham, kasama ng isang katunayan ng paghahain (Pormularyo 3) sa OAH at sa ibang mga partido; (3) gawin ang iyong paghamon sa ALJ nang nakasulat o pasalita sa rekord na anyong nakalagay sa regulasyon; (4) ihain ang iyong liham na sumasalungat sa ALJ sa lahat ng mga partido kung ginawa nang nakasulat; at (5) iharap ang iyong liham na sumasalungat sa ALJ sa loob ng kinakailangang limitasyon ng panahon na ipinaliwanag sa ibaba.

Ang mga limitasyon sa oras para sa paggawa ng isang peremptory challenge ay nakalagay sa Kodigo ng mga Regulasyon ng California, titulo 1, seksyon 1034:

> (c) Kung, sa oras ng isang nakatakang komperensiya bago ang pagdinig, ang isang ALJ ay itinalaga sa pagdinig, anumang pagsalungat sa itinalagang ALJ ay dapat gawin bago lumampas ang pagsisimula nitong komperensiya bago ang pagdinig.
>
> (d) Maliban kung itinatadhana sa (c), kung ang pagdinig ay gaganapin sa isang panrehiyong opisina ng OAH, ang peremptory challenge ng itinalagang ALJ ay dapat gawin bago lumampas ang 2 araw ng trabaho bago ang pagdinig.
>
> (d) Maliban kung itinatadhana sa (c), kung ang pagdinig ay gaganapin sa isang lugar na iba sa panrehiyong opisina ng OAH, ang peremptory challenge ng itinalagang ALJ

ay dapat gawin bago lumampas ang tanghali ng Biyernes bago ang linggo kung kailan magsisimula ang pagdinig.

Ano ang isang hamon para sa dahilan?

Maaari rin ninyong hingin ang diskuwalipikasyon ng ALJ para sa isang dahilan. Ang seksyon 11425.40 ng Kodigo ng Pamahalaan ay nagtatatag ng pamantayan para sa diskuwalipikasyon ng namamatnugot na opisyal at nagkakaloob ng isang may-kaugnayang bahagi na:

> (a) Ang namamatnugot na opisyal ay maaaring sumailalim sa diskuwalipikasyon para sa pagkiling, masamang palagay, o interes sa pagdinig.
>
> (b) Sa sarili nito ay hindi ito dahilan para sa diskuwalipikasyon, kung walang ibang ebidensiya ng pagkiling, masamang palagay, o interes, na ang namamatnugot na opisyal:
>
> (1) Isang miyembro o hindi isang miyembro ng isang lahi, etniko, relihiyon, pangkasarian, o katulad na grupo at ng pagiging kaugnay ng mga karapatan ng grupong iyon.
>
> (2) May karanasan, teknikal na kakayahan, o natatanging kaalaman ng, o mayroon sa anumang kapasidad na magpahayag ng pananaw sa, isang pambatas, makatotohanan, o patakaran sa pagdinig.
>
> (3) May isang abugado o pampublikong opisyal na lumahok sa paggawa ng mga batas o regulasyon o sa pagsisikap na ipasa o talunin ang mga batas o regulasyon, ang kahulugan, epekto, o paggamit nito ay isyu sa pagdinig.

Gayunman, ang aktuwal na katunayan ng pagkiling o masamang palagay ay iniaatas. Dapat mong isumite ang isang liham sa OAH na naglalarawan kung bakit naniniwala ka na ang itinalagang ALJ ay hindi maaaring maging makatarungan sa bagay na nauukol sa iyo. Ang pagsalungat sa isang dahilan ay iba sa peremptory challenge dahil ang isang hukom ay magpapasiya kung naitatag mo ang batayan sa pagsalungat sa ALJ bago italaga ang isang bagong hukom.

BAHAGI 12: Paghahanap ng mga batas na angkop sa mga pagdinig sa espesyal na edukasyon

Sa pangkalahatan, may dalawang pinagkukunan ng batas na angkop sa mga kaso ng espesyal na edukasyon: 1) mga batas at regulasyon; at 2) mga desisyon ng mga hukuman o mga ahensiyang pampangasiwaan (tulad ng OAH) na nagbibigay-kahulugan sa mga batas at regulasyon, o ginagamit ang mga ito sa isang partikular na grupo ng mga bagay. Ang seksyong ito ay magbibigay ng isang pangkalahatang-tanaw kung saan mahahanap ang parehong pinagkukunan ng batas na angkop sa mga hidwaan sa espesyal na edukasyon. Ang mga pagkakaugnay sa pederal na batas at mga regulasyon ay matatagpuan sa mga Web site ng OAH at CDE.

Ano ang mga pinagkukunan ng batas sa espesyal na edukasyon?

Mga Batas at Regulasyon:

Ang batas sa espesyal na edukasyon ay nanggagaling sa *Batas sa Edukasyon ng mga Indibidwal na May mga Kapansanan (Individuals with Disabilities Education Act,* IDEA), isang pederal na batas na nagkakaloob sa mga estado ng pagpopondo ng espesyal na edukasyon kung natugunan ang mga partikular na kondisyon. Ang IDEA ay nagsisimula sa titulo 20 ng seksyon 1400 ng Kodigo ng Estados Unidos. Ang IDEA ay naglalagay ng mga kategorya ng kapansanan na ginagawang kuwalipikado ang isang tao para sa espesyal na edukasyon, ang responsibilidad ng mga distrito ng paaralan at iba na magkaloob ng isang libreng angkop na pampublikong edukasyon, ang mga karapatan at responsibilidad ng mga magulang o tagapangalaga, ang mga uri ng mga paglalagay at serbisyo na maaaring kailangang ipagkaloob sa mga estudyante, at ang mga pamamaraan na angkop kapag may isang hidwaan tungkol sa pagiging karapat-dapat o mga serbisyo sa espesyal na edukasyon. Ang Kagawaran ng Edukasyon ng Estados Unidos, na nangangasiwa sa pagbibigay ng pederal na pera sa mga estado para sa espesyal na edukasyon, ay bumuo rin ng mga regulasyon na angkop sa pagpapatupad ng IDEA. Ang mga regulasyon ay nagsisimula sa titulo 34 ng Kodigo ng mga Pederal na Regulasyon, bahagi 300.1.

Ang estado ng California ay may sariling grupo ng mga batas at regulasyon tungkol sa espesyal na edukasyon. Ang mga batas at regulasyon ng estado ay pangkaraniwang kaayon ng mga pederal na batas. Ang mga ito ay matatagpuan sa Kodigo ng Edukasyon ng California, nagsisimula sa seksyon 56000, at sa titulo 5 ng Kodigo ng mga Regulasyon ng California, nagsisimula sa seksyon 3000. Ang mga seksyon sa espesyal na edukasyon ng Kodigo ng mga Regulasyon ng California ay binuo ng CDE upang gamitin sa pagpapatupad ng *IDEA*. Ang mga pagkakaugnay sa pederal na batas at mga regulasyon ng California ay matatagpuan sa mga Web site ng OAH at CDE.

Mga Pagbibigay-kahulugan sa mga batas at regulasyon:

Ang mga batas at regulasyon ay naglilinaw sa mga karapatan at responsibilidad ng mga estudyante, ang kanilang mga magulang o tagapangalaga, mga distrito ng paaralan at ibang mga ahensiyang responsable sa pagkakaloob ng mga serbisyo sa espesyal na edukasyon. Gayunman, kung minsan makakatulong na malaman kung paano ang isang partikular na batas o regulasyon ay binigyan ng kahulugan o ginamit sa nakalipas. Tulad ng mga batas at regulasyon, may mga pederal at pang-estadong pinagkukunan ng mga desisyon ng hukuman na nagbibigay-kahulugan sa batas at mga

regulasyon sa espesyal na edukasyon. Bilang karagdagan, ang ibang pinagkukunan ng pagbibigay-kahulugan ay maaaring ang mga komentaryo sa Kodigo ng mga Pederal na Regulasyon.

Sa antas ng estado, ang pinakamadalas gamitin na mga pinagkukunan ay mga naunang desisyon ng OAH. Ang mga karagdagang pagbibigay-kahulugan ay makukuha sa pamamagitan ng mga pang-estado at pederal na hukuman. Sa mga pang-estadong hukuman ay kabilang ang California Court of Appeals. Ang pederal na hukuman ay hinati sa United States District Court (ang katumbas ng isang California Superior Court), ang United States Court of Appeals (ang katumbas ng California Court of Appeals), at ng Supreme Court of the United States. Ang mga desisyon ng District Court at Court of Appeals ay hindi laging inilalathala, pero kahit na opisyal na inilathala, ay matitingnan pa rin ng publiko. Lahat ng mga desisyon ng Korte Suprema ay inilalathala.

Ang isa pang posibleng pinagkukunan ng impormasyon tungkol sa pagbibigay-kahulugan sa mga pederal na regulasyon ay "mga komentaryo" sa mga regulasyon. Kung ang kahulugan ng isang regulasyon ay hindi malinaw, ang mga komentaryo kung minsan ay tinitingnan para sa patnubay tungkol sa hangarin ng Kagawaran ng Edukasyon ng Estados Unidos.

Pangwakas, mahalagang maintindihan ang mga kaso na pinakamapanghikayat, nakakakumbinse at sumusuporta sa *iyong* kaso. Bilang pangkalahatang tuntunin, ang mga desisyon ng Supreme Court of the United States ay dapat sundin ng lahat, ginagawa ang mga ito na pinakamapanghikayat. Totoo rin ito para sa mga kaso sa Ninth Circuit Court of Appeals dahil ang California ay bahagi ng circuit na iyon at mga hukuman ng pederal na distrito sa California. Gayunman, ang mga desisyon ng mga circuit na iba sa Ninth Circuit of the United States Court of Appeals at mga pederal na hukuman na distrito sa California ay lubos na mapanghikayat; mga kaso mula sa United States District Court ay hindi gaanong mapanghikayat kaysa nasa itaas, at lalong hindi mapanghikayat kapag ang mga ito ay hindi inilathala. Pangwakas, ang mga desisyon ng OAH, o ibang mga ahensiyang pampangasiwaan ng estado, ay magiging hindi gaanong mapanghikayat, partikular kung ang mga ito ay pinawalang-saysay ng isa sa mga nasa itaas na hukuman. Huwag magulat kung hindi ka makahanap ng isang kasong eksaktong katulad ng sa iyo. Sa pangkalahatan, mas kaunti ang inilathalang batas sa mga paksang espesyal na edukasyon kaysa ibang mga lugar ng batas.

Paano ko mahahanap ang mga batas, regulasyon at desisyon?

May dalawang pangunahing pinagkukunan para sa pananaliksik na pambatas: mga libro at ang Internet. Ang iyong lokal na aklatan ng batas ng county ay maaaring makapagkaloob ng mga batas at kaso sa anyo ng libro. Ang impormasyon tungkol sa aklatan sa batas ng iyong county gayon din ng mga payo tungkol sa kung paano gagawin ang pananaliksik ng batas ay maaaring mahanap sa http://www.publiclawlibrary.org/find.html.

Ang iyong lokal na panrehiyong sentro ay maaari may isang sentro ng tagatulong ng magulang na makakatulong (at maaaring makatulong sa pagtataguyod kung ang iyong anak ay isang kliyente ng panrehiyong sentro). Maaari mong mahanap ang iyong lokal na panrehiyong sentro sa internet sa http://www.dds.ca.gov/RC/RCList.cfm o sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa California Department of Developmental Services at 1600 Ninth Street, P. O. Box 944202, Sacramento, CA 94244-2020, Info: (916) 654-1690, TTY: (916) 654-2054.

"A Composite of Laws" ay inilalathala taun-taon ng Kagawaran ng Edukasyon ng California. Ang librong ito ay nagtataglay ng lahat ng mga batas at regulasyon ng California na angkop sa espesyal na

edukasyon. Ito ay libre sa mga magulang ng mga estudyanteng may mga kapansanan. Ito ay maaaring maorder sa pamamagitan ng pagtawag sa (800) 995-4099 o sa internet sa http://www.cde.ca.gov/re/pn/rc. Gayunman, ang 2009 ay ang huling taon na ang "A Composite of Laws" ay ilalathala sa anyo ng libro. Ito ay makukuha lamang online sa simula ng 2009-2010.

Mga tagatulong sa internet:

http://www.oah.dgs.ca.gov/Special+Education/Default.htm ay nagtataglay ng impormasyon tungkol sa mga pamamaraan ng OAH, mga pag-uugnay sa batas sa espesyal na edukasyon at daan sa paggamit mga naunang desisyon sa espesyal na edukasyon. Kapag nagsasaliksik sa mga naunang desisyon ng OAH sasabihin sa iyo na magpasok ng mga katawagan sa paghahanap.

http://www.disablityrightsca.org ay ang Web site ng Disability Rights California (dating Protection and Advocacy, Inc. (PAI)), isang di-nagtutubong organisasyon na ang misyon ay kabilang ang pagtulong sa mga taong may mga kapansanan sa pagtataguyod sa kanilang mga karapatan. http://www.pai-ca.org/PUBS/504001SpecEdIndex.htm ay nagkakaloob ng daan sa paggamit sa libro ng PAI na "Special Education Rights and Responsibilities."

http://www.cde.ca.gov/sp/se/lr/ nagtataglay sa mga pag-uugnay sa isang mahahanapang tipunan ng datos ng Kodigo ng Edukasyon ng California at Kodigo ng mga Regulasyon ng California at mga pag-uugnay sa mga pinagkukunan ng pederal na batas sa espesyal na edukasyon.

http://www.ed.gov/news/fedregister/index.html ay nagkakaloob ng pag-uugnay sa Federal Register, na naglalathala ng Kodigo ng mga Pederal na regulasyon.

http://www3.scoe.net/speced/laws_search/searchLaws.cfm ay nag-aalay ng mahahanapang tipunan ng datos ng mga batas at regulasyon ng California.

http://findlaw.com ay isang Web site na nag-aalay ng libreng daan sa paggamit ng mga pederal at pang-estadong kaso at batas.

http://www.leginfo.ca.gov/calaw.html ay nag-aalay ng daan sa paggamit sa mga batas ng California na tulad ng Kodigo ng Eduksyon.

http://ccr.oal.ca.gov/linkedslice/default.asp?SP=CCR-1000&Action=Welcome ay nag-aalay ng daan sa paggamit ng Kodigo ng mga Regulasyon ng California.

http://idea.ed.gov/ ay nagkakaloob ng impormasyon mula sa Pederal na Kagawaran ng Edukasyon tungkol sa IDEA.

http://www.access.gpo.gov/nara/cfr/waisidx_02/34cfrv2_02.html nagkakaloob ng teksto ng mga seksyon ng Kodigo ng mga Pederal na Regulasyon na may kaugnayan sa espesyal na edukasyon.

http://www.supremecourtus.gov/opinions/opinions.html ay nag-aalay ng daan sa mga kasong pinagpasiyahan ng Supreme Court of the United States.

http://www.wrightslaw.com ay isang Web site ay inilalaan sa pagtulong sa maintindihan ng mga magulang ang batas at upang magtaguyod para sa kanilang mga anak. Ito ay nagtataglay ng mga

kapaki-pakinabang na masasangguni at impormasyon, kabilang ang mga pederal na batas at regulasyon at ilang batas sa kaso.

Paano ko gagawin ang mga pananaliksik ng batas?

Kapag gumagawa ng pananaliksik ng batas, huwag "muling imbentuhin ang gulong." Maraming pinagkukunan ng impormasyon na naorganisa na ng iba, na ginawang mas madali ito para sa iyo. Sa pangkalahatan, laging pinakamabuti na magsimula ng isang pinagkukunan na tulad ng isang libro o Web site sa batas sa espesyal na edukasyon. Ang awtor ay pangkaraniwang nag-organisa ng impormasyon batay sa paksa at isasama ang may-kaugnayang batas. Gamitin ang mga pinagkukunang ito upang makatulong na patnubayan ka sa mga batas na magiging angkop sa iyong kaso upang hindi na kailangang sikapin na mag-isang tingnan ang lahat ng mga batas.

Tukuyin ang mga pangunahing salita na naglalarawan ng hidwaan. Ginagamit mo man ang isang libro o Web, kakailanganin mong gumamit ng mga pangunahing salita upang humanap ng impormasyon. Halimbawa, ang unang bagay na dapat mong gawin kapag tinitingnan ang isang libro tungkol sa batas sa espesyal na edukasyon o isang librong nagtataglay ng mga batas ay sumangguni sa indise o talaan ng mga nilalaman. Katulad din, upang makita ang mga desisyon na tulad ng nasa Web site ng OAH, kakailanganin mong ipasok ang mga pangunahing salita tungkol sa iyong hidwaan.

Upang bumuo ng mga pangunahing salita (kilala rin bilang "mga katawagan sa paghahanap"), isipin ang tungkol sa isyu sa iyong hidwaan sa distrito ng paaralan. Halimbawa, kaugnay ba sa iyong hidwaan ang kung paano tinaya ng distrito ng paaralan ang iyong anak? Kung gayon ang pangunahing salita ay magiging "assessments." Kung kaugnay sa iyong hidwaan kung saan mag-aaral ang iyong anak, maaari mong gamitin ang isang pangunahing salita na tulad ng "placement" o "school." Kung ang iyong hidwaan ay may kaugnayan sa mga pangyayaring naganap sa isang IEP, maaari mong gamitin ang isang pangunahing salita na tulad ng "IEP" o "IEP meeting." Ang isa pang kapaki-pakinabang na pangunahing salita ay ang partikular na kapansanan ng iyong anak na tulad ng "autism" o "emotional disturbance."

Sa sandaling mayroon ka nang mga pangunahing salita, gamitin ang mga ito upang maghanap sa indise ng mga libro ng tungkol sa batas sa espesyal na edukasyon o mga librong nagtataglay ng mga batas sa espesyal na edukasyon. Pangkaraniwan na ito ay magtuturo sa iyo sa batas na angkop sa iyong problema. Para sa pananaliksik online, tulad ng paghahanap ng mga naunang desisyon ng OAH, gamitin ang iyong mga pangunahing salita sa kahon ng paghahanap ng Web site. Kapag naghahanap ng mga kasong tulad ng mga naunang desisyon ng OAH, mas mabuting gumamit ng isa sa isa ng inyong mga pangunahing salita. Halimbawa, ang paglalagay ng "IEP" sa kahon ng paghahanap ay malamang na magturo sa iyo sa lahat ng mga espesyal na desisyon ng OAH. Gayunman, ang paglalagay ng "IEP," na may mga karagdagang katawagan na "autism" at "applied behavioral analysis" ay magbabalik ng isang mas maliit na listahan ng mga kaso na malamang na maging mas may-kaugnayan sa iyong partikular na hidwaan.

BAHAGI 13: Mga akronima sa espesyal na edukasyon at glosaryo ng mga katawagan

Ang *Batas sa Edukasyon ng mga Indibiwal na May mga Kapansanan (Individuals with Disabilities Education Act,* IDEA)

Ang *Batas sa Edukasyon ng mga Indibidwal na May mga Kapansanan (Individuals with Disabilities Education Act,* IDEA) (20 U.S.C. § 1400 *at kasunod*) ay isang pederal na batas na nag-aatas (1) na ang lahat ng mga batang may mga kapansanan ay maaaring bigyan ng isang libreng angkop na pampublikong edukasyon (free appropriate public education, FAPE) na nagbibigay-diin sa espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo na idinisenyo upang matugunan ang kanilang mga natatanging pangangailangan, at upang ihanda sila para sa higit pang edukasyon, trabaho, at independiyenteng pamumuhay; at (2) na ang mga karapatan ng mga batang may mga kapansanan at ng mga magulang ng mga naturang mga bata ay pinoprotektahan.

Akronima	Katawagan	Pagpapakahulugan
	Ginamit na Kurikulum	Isang panghalili sa kurikulum ng pangkalahatang edukasyon na kabilang ang kaparehong nilalaman at sa gayon din ang kaparehong pagkakasunod-sunod bilang regular na edukasyon.
	Adaptasyon	Anumang pagbabago sa silid-aralan, tagubilin o mga materyal na nagpapalakas ng pagganap ng estudyante o nagpapahintulot ng paglahok.
	Mga Kilos sa Pag-agpang	Pangkaraniwang sinusukat sa pamamagitan ng mga pangmarka na tumutukoy kung gaano kahusay na namamahala ang tao sa loob ng kanyang kapaligiran, tulad ng mga gawain na pangangalaga ng sarili tulad ng pagbibihis o pagpapakain sa sarili.
ADL	Mga Gawain sa Pang-araw-araw na Buhay (Activities of Daily Living)	Mga gawain na ginagawa ang isang estudynte na independiyente sa kanyang kapaligiran tulad ng pagbibihis, pagkain, at paggamit ng palikuran.
APE	Iniagpang na Pisikal na Edukasyon (Adapted Physical Edukasyon)	Isang serbisyong ipinagkakaloob ng mga distrito ng paaralan na binubuo ng pisikal na edukasyon sa mga estudyante na ang mga kapansanan ay nakakagambala sa kanilang paglahok sa pangmaramihang pisikal na edukasyon.
	Tagapangasiwa/Itinalaga	Isang kinatawan na itinalaga ng pangasiwaan, iba sa guro ng isang mag-aaral.
	Affective	Isang katawagan na tumutukoy sa mga damdamin at pagtingin.
ADR	Panghaliling Paglutas ng Hidwaan (Alternative Dispute Resolution)	Isang batay-sa-interes na paraan ng paglutas ng mga pinagtatalunan ng mga partido. Kabilang sa ADR ang pamamagitan.
	Mga Taunang Hangarin	Isang iniaatas na bahagi ng isang IEP. Ang mga hangarin ay isinusulat para sa indibidwal na estudyante at maaari para sa hanggang isang taon..
ABA	Ginagamit na Pagsusuri ng Asal (Applied Behavioral Analysis)	Nagsusuri-ng-asal na paraan na madalas na ginagamit upang turuan ang estudyanteng may autismo. Discrete Trial Training (Ang mga paraan ng DTT ay umaasa sa mga paraan ng ABA.)
	Asperger's	Asperger's Disorder ay isang kategorya sa PDD spectrum. Pangkaraniwan, ang isang estudyanteng Asperger's ay maaaring nakagaganap sa mataas na antas sa ilang lugar, pero maaaring nahihirapan sa pakikisalamuha at komunikasyon. Ang isang estudyanteng may Asperger's Disorder ay maaaring karapat-dapat sa espesyal na edukasyon.
	Kagamitan sa Pantulong na Teknolohiya	Tumutukoy sa anumang bagay, piraso ng kagamitan o sistema ng produkto—nakuha man sa paraang pangkomersiyo mula sa salansanan, binago, o ipinasadya na ginagamit upang itaas, panatilihin, o pabutihin ang pagganap ng isang estudyanteng may kapansanan. (Tingnan ang Ed. Code, § 56020.5)

ADHD	Kakulangan ng Atensiyon at Sobrang Pagkaaktibo na Sakit (Attention Deficit Hyperactive Disorder)	Isang kondisyong tinukoy bilang isang diyagnosis na medikal ng American Psychiatric Association's Diagnostic and Statistical Manual IV-Revised (DSM IV-R). May kaugnayan sa kondisyon na Attention Deficit Disorder (ADD). Bagaman ito ay hindi isang kategorya ng pagiging karapat-dapat sa ilalim ng IDEA, ang mga batang may ganitong kondisyon ay maaaring karapat-dapat para sa espesyal na edukasyon sa ilalim ng ibang mga kategorya o sa ilalim ng Seksyon 504. (Tingnan ang Ed. Code, § 56339)
ASD	Spectrum na Autismo na Sakit (Autism Spectrum Disorder)	Isang grupo ng mga sakit na kabilang ang autismo at hindi autismo na lumalaganap na sakit sa pag-unlad (pervasive development disorders, PDD) na hindi tinukoy (not otherwise specified, NOS), Fragile X Syndrome, Rett's Syndrome and Childhood Disintegrative Disorder.
	Pagtaya	Ang obserbasyon at pagsubok ng mga bata upang matukoy ang mga lakas at kahinanaan ng bata at upang malaman ang progreso upang makabuo ng isang angkop na plano sa edukasyon. Kung minsan ay tinatawag na isang pagtaya. (Tingnan ang Ed. Code, § 56320, *at kasunog*.)
	Mga Pamamagitan sa Asal	Ang sistematikong pagpapatupad ng mga pamamaraan na nagreresulta sa tumatagal na mga positibong pagbabago sa asal ng indibidwal. (Ed. Code, §§ 56520 hanggang 56525.)
BICM	Tagapamahala ng Kaso sa Pamamagitan sa Asal (Behavioral Intervention Case Manager)	Ang isang itinalagang sertipikadong miyembro ng SELPA ng distrito ng paaralan o ibang kuwalipikadong tauhan na kinontrata ng distrito ng paaralan na sinanay sa pagsusuri ng asal at mga positibong pamamagitan sa asal. (Tingnan ang Ed. Code, § 56025)
BIP	Plano sa Pamamagitan sa Asal (Behavioral Intervention Plan)	Ang isang nakasulat na dokumento, na binuo kapag ang isang indibidwal ay nagpakita ng isang seryosong problema sa asal na nakakagambala nang malaki sa pagpapatupad ng mga hangarin ng IEP ng indibidwal. Ang plano sa pamamagitan sa asal ay nagiging bahagi ng IEP. Ang mga LEA ay inaatasan na bumuo ng isang BIP sa ilang pagkakataon para sa mga estudyanteng may mga problema sa asal. (Tingnan ang Ed. Code, § 56523)
CARD	Sentro para sa Autismo at mga Kaugnay na Sakit (Center for Autism & Related Disorders)	Isa sa maraming NPA na nagkakaloob ng mga programang tipong Lovaas.
	Kategorikal na Paglalagay (Categorical Placement)	Ang mga programang Espesyal na Edukasyon kung saan ang mga estudyante ay ginugrupo batay sa kanilang kategorya ng pagiging karapat-dapat ayon sa IDEA. Sa mga panghahaliling huwaran ay kabilang ang "non-categorical" na paglalagay at "cross-categorical" na paglalagay.
	Kabanata 26.5	Ang seksyon ng Kodigo ng Pamahalaan ng California na namamahala sa mga responsibilidad ng mga ahensiya para sa paghahatid ng mga serbisyong kalusugan ng isip sa mga karapat-dapat na estudyante sa ilalim ng IDEA at mga kaugnay na batas ng California. Ang mga serbisyo ay pangkaraniwang tinutukoy ng mga panukalang-batas ng Asembleya na lumikha ng mga batas, AB 3632 at AB 2726. (Tingnan ang Gov. Code, §§ 7570; 7572, subds. (a) & (c), 7576, subd. (a) [ang mga serbisyong kalusugan ng isip sa komunidad ay nagkakaloob ng mga serbisyong kalusugan ng isip na iniaatas upang makapagkaloob ng isang FAPE].)
	Child Find	Kilala rin bilang "maghanap at maglingkod." Ang mga distrito ng paaralan ay inaatasang aktibong hanapin at tukuyin ang mga estudyante sa loob ng kanilang hanggang na maaaring karapat-dapat sa espesyal na edukasyon, at itatag ang sistema upang magawa ito. (20 U.S.C § 1412(a)(3); Cal. Ed. Code, §§ 56300 hanggang 56302.)
	Sa Pag-unawa	Isang katawagan na tumutukoy sa pangangatwiran o kapasidad na intelektuwal.
CALP	Kasanayan sa Pag-unawa sa Wikang Akademiko (Cognitive Academic Language Proficiency)	Ang isang antas ng kakayahan na iniaatas sa pasalita o nakasulat na wika na may kaugnayan sa karunungang bumasa't sumulat at nakakamit sa akademiko.
CAC	Komite sa Pagpapayo ng Komunidad (Community Advisory Committee)	Ang isang grupo ng mga magulang, mga miyembro ng komunidad, at mga tauhan na distrito na hinirang ng, at responsable sa, SELPA. Ito ay nagpapayo sa SELPA sa pagbuo at pagpapatupad ng lokal na plano para sa espesyal na edukasyon. Ito ay tumutulong din sa edukasyon ng magulang at paglahok ng publiko sa pagbuo ng lokal na plano at

		sumusuportang aktibidad sa ngalan ng mga estudyanteng may mga kapansanan.
	Nakabase sa Komunidad	Kapag ang mga kasanayan ay itinuturo sa iba't ibang lugar sa komunidad sa halip sa silid-aralan. Ito ay ginagawa upang padaliin ang paglalahat at paggamit.
	Kompensatoryong Edukasyon (Comp Ed.)	Kompensatoryong edukasyon at/o kaugnay na mga serbisyong ipinagkakaloob upang remedyuhan ang isang pagkakait ng FAPE.
	Continuum ng mga Serbisyo	Ang dami ng mga serbisyong dapat makuha ng mga estudyante ng isang distrito ng paaralan upang sila ay mapaglingkuran sa kapaligiran na pinakamababa ang paghadlang (least restrictive environment, LRE).
	Mga Pangunahing Akademiko	Ang mga iniaatas na asignatura sa panggitna at mataas na paaralan, pangkaraniwang Ingles, pagbabasa o sining ng wika, matematika, agham, banyagang mga wika, sibiko at pamahalaan, ekonomiya, sining, kasaysayan, at heograpiya. (20 U.S.C. § 1401(4), isinasama sa pagtukoy 20 U.S.C. § 7801(11); 34 CFR § 300.10.)
	Hudyat na Pagsasalita	Ang paraan ng komunikasyon na ginagamit ng ilang tao na may mga kapansanan sa pagdinig. Ito ay ginagamit upang bawasan ang mga kalabuan na kaugnay sa pagbabasa ng labi. Ang paraang ito ay naiipit sa kontrobersiya sa pagitan ng pagtuturo ng mga batang bingi upang umasa sa mga pasalitang paraan ng komunikasyon o upang gamitin ang pasenyas na wika.
	Bingi/Bulag	Estudyanteng may kapanansan sa pagdinig at paningin. (20 U.S.C. § 1401(3)& (30); 34 CFR § 300.8(c)(2).)
	Bingi/Nahihirapang Makarinig	Estudyanteng may masusukat na pagkawala ng pagdinig, conductive o sensor neural, sa alinman o parehong tainga. Ito ay naglilimita sa normal na pagkuha ng pagsasalita at wika sa pamamagitan ng tainga. (20 U.S.C. § 1401(3)& (30); 34 CFR § 300.8(c)(3).)
	Pagkaantala	Pangkaraniwang tumutukoy sa pagpapaunlad ng isip o kasanayan na nangyayari sa loob ng inaasahang mga panahon.
DIS	Mga Itinalagang Tagubilin at Serbisyo (Designated Instruction and Services)	Ang mga serbisyong transportasyon at naturang pagpapaunlad na pangwasto at ibang sumusuportang serbisyo na maaaring iatas upang tulungan ang isang estudyanteng may kapansanan na makinabang mula sa espesyal na edukasyon. Kilala rin sa IDEA bilang mga kaugnay na serbisyo. Ang mga distrito ng paaralan ay inaatasan na magkaloob ng anumang DIS (iba sa pangangalagang medikal na hindi para sa pagsusuri) na kailangan ng isang bata upang makinabang mula sa kanyang programang espesyal na edukasyon. (20 U.S.C. § 1402(26); 34 C.F.R. § 300.24; at Ed. Code, § 56363.)
DTT	Discrete Trial Training	Uri ng pagtuturo para sa mga batang may autismo. Batay sa mga prinsipyo ng ABA.
	Angkop na Paraan	Lahat ng mga pananggalang na pamamaraan ng pampublikong batas at mga kaugnay na batas at regulasyon. (20 U.S.C. 1415; 34 C.F.R. §104.36.)
EC	Kodigo ng Edukasyon ng California (California Education Code)	Ang mga batas na namamahala sa edukasyon, kabilang ang espesyal na edukasyon, sa Estado ng California.
EHA	Batas sa Edukasyon para sa Lahat ng mga Batang May Handikap (Education for all Handicap Children Act)	Isang pederal na batas na mas kilala bilang P.L. 94-142. Ito ay nagkabisa noong 1975 at bingao nang malaki ng Batas sa Edukasyon ng mga Indibidwal na May mga Kapansanan (1977).
ED	Magulo ang Damdamin (Emotionally Disturbed)	Isang problemang pangdamdamin na matagal nang naroon, sa isang kapansin-pansing antas, na nakakaapekto nang masama sa pagganap sa edukasyon ng isang bata. Ito ay isang kategorya ng pagiging karapat-dapat para sa espesyal na edukasyon; (20 U.S.C. § 1401(3)& (30); 34 C.F.R. § 300.8(c)(4)(i); Cal. Code Regs., tit. 5, § 3030, subd. (i).)
	Pinabilis na Pagdinig	Isang tadhana ng IDEA na nag-aayos ng isang angkop na paraan ng pagdinig kapag ang estudyante ay lumabag sa isang kodigo ng pagkilos ng estudyante. (20 U.S.C. § 1415(k), 34 C.F.R. § 300.532.)
ESD	Pinalawig na Araw ng Paaralan (Extended School Day)	Isang tadhana para sa isang estudyate ng espesyal na edukasyon upang tumanggap ng pagtuturo para sa isang panahon na mas mahaga sa pangkaraniwang araw ng paaralan. Kung minsan ay kabilang dito ang "dobleng" kindergarten, sa dakong huli ng hapon, o mas maaagang oras ng pagsisimula.
ESY	Pinalawaig na Taon ng Paaralan (Extended School Year)	Ang programang espesyal na edukasyon na ipinagkakaloob sa pagitan ng mga sesyon ng paaralan kapag ang pangkat ng IEP ay nagpasiya na kailangan nilang pigilan ang regresyon ng mga kasanayan. Ang mga serbisyong ESY ay iniaatas na isama sa IEP at ipagkaloob sa

		mag-aaral kung ang pangkat ng IEP ng mag-aaral ay nagpasiya, sa indibidwal na batayan, na ang mga serbisyo ay kailangan para sa pagkakaloob ng isang FAPE sa mag-aaral. (Ed. Code, § 56345(b)(3), binabanggit ang 34 CFR § 300.309.)
	Pinadaling Pagdinig	Isang pormal na pagdinig na iniaatas ng mga magulang o tauhan ng distrito ng paaralan. Ang mga isyung maaaring isaalang-alang sa ilalim ng mga pamamaraan ng makatarungang pagdinig ay limitado sa pagiging karapat-dapat, pagtaya, ang progamang ibinabagay na edukasyon, at paglalagay ng mga indibidwal na may mga natatanging pangangailangan. Kilala rin bilang "angkop na paraan ng pagdinig."
FERPA	Batas sa mga Karapatan sa Edukasyon ng Pamilya at Pagkapribado (Family Education Rights and Privacy Act)	Ang isang pederal na batas na kumokontrol sa pamamahala ng mga rekord ng estudyante at pagsisiwalat ng impomarsyon mula sa mga rekord na ito. Ang FERPA ay nag-uutos ng pagkakompidensiyal ng mga bagay sa espesyal na edukasyon, kabilang ang pagkakompidensiyal ng mga pangalan ng mga estudyante ng espesyal na edukasyon. Ang FERPA ay may sariling mekanismo ng pagpapatupad na pampangasiwaan (hindi sakop ng mga angkop na paraan ng pagdinig).
	Pinong Motor	Mga tungkulin na nangangailangan ng maliliit na paggalaw ng kalamnan. Halimbawa, pagsusulat o pagmamakinilya ay mangangailangan ng mga pinong motor na paggalaw. Mga serbisyong pangkaraniwang kaugnay ng mga kakulangan sa lugar na ito ay kabilang ang paggamot na pagtatrabaho.
FAPE	Libreng Angkop na Pampublikong Edukasyon (Free Appropriate Public Education)	Ang bawat batang pampaaralan ang edad na may kapansanan ay karapat-dapat sa isang edukasyon na nakakatugon sa kanyang mga indibidwal na pangangailangan, na hindi babayaran ng mga magulang. Sa partikular, ang FAPE ay tumutukoy sa espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo na (1) ipinagkakaloob sa gastos ng publiko, sa ilalim ng pampublikong pangangasiwa at pamamatugot, at walang singil; (2) nakakatugon sa mga pamantayan ng ahensiyang pang-edukasyon ng estado, kabilang ang mga iniaatas ng mga pederal na regulasyon para sa edukasyon ng mga batang may mga kapansanan; (3) kabilang ang isang angkop na edukasyon sa preschool, elementarya, o sekundaryo sa kaugnay na estado, at (4) ipinagkakaloob nang kaayon ng isang kuwalipiadong programang ibinabagay na edukasyon. (20 U.S.C. § 1401(9); 34 CFR § 300.17; Ed Code § 56040.)
FAA	Pagtaya na Pagsusuri ng Pagganap (Functioal Analysis Assessment)	Sa ilalim ng batas ng California, ang mga distrito ng paaralan ay dapat magsagawa ng isang FAA kapag ang isang estudyante ay nagpapakita ng isang "seryosong problema sa asal," na nilinaw sa titulo 5, Cal. Code of Regs., § 3001 at 3052. Ang isang FAA ay tinatawag din na "Hughes Bill" na pagtaya.
FBA	Pagtaya na Nakakaganap na Asal (Functioal Behavioral Assessment)	Sa ilalim ng pederal na batas, ang mga distrito ng paaralan ay nagsasagawa ng isang FBA kapag ang asal ay nakakasagabal sa kanyang sariling pag-aaral o pag-aaral ng iba. (34 C.F.R. § 300.346.) Ang mga FBA ay maaari ring iatas na kaugnay ng ilang mga aksyong pandisiplina.
	Nakakaganap na Kurikulum	Isang kurikulum na nakapokus sa mga praktikal na kasanayan sa buhay at karaniwang itinturo sa nakabase-sa-komunidad na tagpuan na may mga kongretong materyal na palaigang bahagi ng pang-araw-araw na buhay. Ang layunin ng ganitong uri ng pagtutuo ay palakihin hangga't maari ang generalization ng estudyante sa tunay na buhay na paggamit ng kanyang mga kasanayan.
IEE	Independiyenteng Pagtimbang na Pang-edukasyon (Independent Educational Evaluation)	Ang isang pribadong pagtimbang ay pangkaraniwang nakukuha ng mga magulang kapag hindi sila sumasang-ayon sa mga resulta ng isang pagtimbang na ginawa ng LEA. Kung ang mga magulang ay hindi sumasang-ayon sa pagtimbang ng LEA, ang mga magulang ay maaaring humingi ng IEE sa gastos ng publiko. (Cal. Ed. Code, § 56329(b).)
IEP	Programang Ibinabagay na Edukasyon (Individualized Education Program)	Ang isang nakasulat na pahayag, ipinag-uutos ng batas, na naglilinaw sa kapansanan ng isang bata, ay nagpapahayag ng mga kasalukuyang antas o mga pangangailangang pang-edukasyon, at tumutukoy sa mga taunang hangarin, at iskedyul ng pag-uulat ng pagtimbang at progreso. (20 U.S.C. § 1414(d); 34 C.F.R. § 300.22; tumutukoy sa 20 U.S.C. §§ 1400 hanggang 1482, at Ed. Code, §§ 56032, 56345 & 56345.1.)
	Pulong ng IEP	Isang pagtitipon na iniaatas taun-taon o mas madala sa ilalim ng IDEA kung saan ang isang IEP ay binubuo para sa isang estudyanteng tumatanggap ng espesyal na edukasyon. Ang pulong ng IEP ay karaniwang kabilang ang mga maguang ng estudyante at silid-aralan at mga gurong tagatulong.
Pangkat ng IEP	Pangkat ng IEP	Ang pangkat ay binubuo ng isang tagapangasiwa o kanyang itinalaga, ang guro sa espesyal na edukasyon at pangkalahatang edukasyon ng estudyante, at ang magulang. Ang ibang

		mga miyembro ay maaaring kabilang ang estudyante, ang mga tumaya sa estudyante, at ibang gaya ng angkop. Ang Pangkat ng IEP ay responsable sa pagbuo, pagrepaso, o pagbabago ng isang plano para sa isang batang may kapansanan. (20 USC § 1414(d)(1)(B); 34 CFR §300.23; at Ed. Code, § 56341.)
	Pagsasama	Isang paglalagay para sa isang estudyanteng may kapansanan sa isang silid-aralan na may pangkaraniwang umuunlad na mga kapantay (mga estudyanteng walang kapansanans). Ang katawagan ay may kaugnayan sa pagsasama sa karamihan at LRE.
IFSP	Ibinabagay na Plano sa Serbisyo sa Pamilya (Individualized Family Service Plan)	Katulad sa isang IEP, pero ang isang IFSP ay parra sa mga karapat-dapat na bata mula sa pagsilang hanggang tatlo. Ang IFSP ay isang dokumento na nagsasabuod sa mga serbisyong ihahatid sa mga pamilya ng mga sanggol at todder na tumatanggap ng mga serbisyong maagang pamamagitan alinsunod sa Bahagi C ng IDEA. (20 U.S.C. § 1436; 34 C.F.R. § 300.24, isinasama sa pamamagitan ng pagbanggit 20 U.S.C. § 1436.)
IDELR	Tagapag-ulat ng Batas sa Edukasyon ng mga Indibidwal na May Kapansanan (Individuals with Disabilities Education Law Reporter)	Pang-espesyalistang serbisyong buong tekstong pag-uulat na naglalathala ng liham ng patakaran at mga aksyon sa antas na pampangasiwaan gayon din ng batas sa kaso.
IWENS	Mga Indibidwal na May mga Natatanging Pangangailangan (Individuals With Exceptional Needs)	Ang mga indibidwal mula sa pagsilang hanggang 21 na natukoy ng isang pangkat sa programang ibinabagay na edukasyon na may kapansanan o kondisyon na nangangailangan ng hindi pangkaraniwang pagtuturo at/o mga serbisyo. (Ed. Code, § 56026.)
IAES	Kapaligiran ng Pansamantalang Panghaliling Edukasyon (Interim Alternative Education Setting)	(IDEA 20 U.S.C. § 1415(k).) Kung ang isang estudyante ng espesyal na edukasyon ay lumabag sa isang koigo ng pagkilos ng estudyante, maaaring isaalang-alang ng mga tauhan ng paaralan ang pagbabago ng paglalagay na pang-edukasyon ng estudyante sa isang IAES. Pangkaraniwan, ang isang paaralan ay maglalagay sa isang estudyante sa isang IAES para sa hanggang 45 araw sa mga kasong pandisiplina sa natatanging mga pagkakataon (mga sandata, droga, seryosong pinsala sa katawan) alinsunod sa 20 U.S.C. § 1415(k)(1)(F).
	Mga pamamagitan sa loob ng bahay	Mga serbisyo ng espesyal na edukasyon na inihahatid sa sariling bahay ng bata.
LD	Kapansanan sa Pag-aaral (Learning Disability)	Isang kategorya ng pagiging karapat-dapat sa ilalim ng IDEA at Kodigo ng Edukasyon ng California. Teknikal na kilala bilang "partikular na kapansanan sa pag-aaral," gaya ng nakalista sa ibaba. Kabilang ang dyslexia. (45 C.F.R. § 1308.14.)
LRE	Kapaligirang pinakamababa ang paghadlang (Least Restrictive Environment)	Ang isang kapaligiran sa pag-aaral para sa isang estudyanteng may mga natatanging pangangailangan na nakakatugon sa kanyang mga pangangailangan sa pag-aaral habang nagkakaloob ng pinakamataas na interaksiyon sa populasyon ng pangkalatahang paaralan sa isang paraan na angkop sa mga pangangailangan ng estudyante at ng kanyang mga kapantay. Ang IDEA ay nag-aatas na, sa pinakamataas na angkop, ang mga batang may mga kapansanan ay dapat turuang kasama ng mga batang walang kapansanan. (20 U.S.C. § 1412(a)(5)(A); 34 C.F.R. § 300.114 (2006); Ed Code, §§ 56031, 56342, subd. (b), & 56364, subd. (a).)
LEP	Limitado ang Kasanayan sa Ingles (Limited English Proficiency)	Kilala rin bilang Nag-aaral ng wikang Ingles (English language learner, ELL). Ang mga estudyanteng ang pangunahing wika ay iba sa Ingles, na walang kakayahan sa wikang Ingles, at siyang dahilan na ang mga angkop sa wika na mga hangarin ay binuo. (20 U.S.C. § 1401(18); 34 C.F.R. § 300.27.)
LEA	Lokal na Ahensiya ng Edukasyon (Local Education Agency)	Ang isang pampublikong lupon ng edukasyon o ibang pampublikong awtoridad na binuo ayon sa batas sa loob ng isang estado para sa kontrol na pampangasiwaan o direksiyon ng, upang gumanap ng isang serbisyo para sa, pampublikong elementarya o sekundaryong paaralan sa isang lunsod, county, bayan, distrito ng paaralan, o ibang subdibisyong pampulitika ng isang estado, o para sa naturang kombinasyon ng mga distrito ng paaralan o county gaya ng kinikilala sa isang estado bilang ahensiyang pampangasiwaan para sa pampublikong elementarya o sekondaryo nito. (Halimbawa, isang distrito ng paaralan) (20 U.S.C. § 1401(19)(A), (19)(B), (19)(C); 34 C.F.R. § 300.28(a), (b), (c); Cal. Ed. Code § 56026.3.)

	Lovaas	Uri ng programa para sa mga estudyanteng may autismo. Programang pangkaraniwang kaugnay sa pagkakaloob ng intensibo, isa-sa-isang mga serbisyong DTT sa mga nasa preschool na autistiko para sa apatnapung oras kada linggo. Batay sa kontrobersiyal na pananaliksik na isinasagawa ni Dr. Ivar Lovaas sa UCLA.
	Pagsasama sa Marami	Ang katawagang ito ay tumutukoy sa gusto ng IDEA para sa edukasyon ng bawt bata sa kapaligirang pinakamababa ang paghadlang (least restrictive environment, LRE) para sa bawat estudyante. Ang katawagang ito ay unang-unang ginagamit upang tukuyin ang pagpapalagay ng mga batang may kapansanan sa isang regular na silid-aralan para sa isang bahagi ng bawat araw ng paaralan.

	Pagtiyak ng Paglalahad	IDEA 20 U.S.C. § 1415(k)(1)(E). Sa loob ng 10 araw ng paaralan pagkatapos ng isang desisyon ng isang distrito ng paaralan na baguhin ang paglalagay ng isang batang may kapansanan batay sa isang paglabag ng isang kodigo ng pagkilos, ang distrito ay dapat magsagawa ng isang pulong ng Programang Ibinabagay na Edukasyon (Individualized Educational Program, IEP) na may layunin na tiyakin kung ang isang pagkalabag ay pagpapahayag ng kapansanan ng estudyante. (34 C.F.R. § 300.530, 300.532(2006).)
	Pamamagitan	Isang boluntaryong paglutas ng hidwaan na iniaalay ng OAH sa lahat ng mga partidong kasangkot sa mga hidwaan sa espesyal na edukasyon sa harap ng OAH. (20 U.S.C. § 1415(e) and Ed. Code, §§ 56500.3 & 56503.)
	Pamamagitan Lamang	Isang uri ng kaso sa espesyal na edukasyon kung saan ang nagpetisyon ay humiling ng pamamagitan pero hindi isang angkop na paraan ng pagdinig.
MR	Pagkaantala ng Isip (Mental Retardation)	Estudyanteng may malaking mas mababa sa karaniwan na pagganap ng isip, naroon na kasabay ng mga kakulangan sa nag-aagpang na asal at ipinapahayag sa panahon ng paglaki na masamang nakakaapekto sa pagganap na pang-edukasyon ng bata. (20 U.S.C. § 1401(3) & (30); 34 C.F.R. § 300.8(c)(6).)
MDC	Komperensiya ng Iba't Ibang Disiplina (Multidisplinary Conference)	Isang hiniling na pagtitipon sa ilalim ng IDEA at ang tanging lupon na makakagawa ng mga partikular na pagpapasiya – partikular tungkol sa pagiging-karapat-apat ng isang bata para sa espesyal na edukasyon.
	Pangkat ng Iba't Ibang Disiplina	Paggamit ng isang kombinasyon ng mga kasanayan ng maraming tao na may mga natatanging lugar ng pagsasanay para sa isang panlahat na layunin, iyon ay ang pagtaya ng estudyante upang tiyakin ang pagiging karapat-dapat para sa mga serbisyo.
NCLB	Walang Batang Maiiwan (No Child Left Behind)	Isang pederal na batas sa reporma ng paaralan na naghahangad na pabutihin ang kalidad ng mga pampublikong paaralan sa lahat ng dako ng Estados Unidos.
NPA	Hindi Pampublikong Ahensiya (Nonpublic Agency)	Pribadong ahensiya na nagkakaloob ng mga kaugnay na serbisyo. Nangangahulugan na isang pribado, hindi sektaryan na establisamyento o indibidwal na nagkakaloob ng mga kaugnay na serbisyong kailangan para sa isang indibidwal na may mga namumukod na pangangailangan upang makinabang sa edukasyon mula sa programang pang-edukasyon ng mag-aaral alinsunod sa isang IEP. Ang mga NPA ay sertipikado ng CDE. (Ed. Code, § 56035.)
NPS	Mga Hindi Pampublikong Paaralan (Nonpublic Schools)	Isang pribado, hindi sektaryan na paaralan na nag-eenrol ng mga indibidwal na may mga namumukod na pangangailangan alinsunod sa isang IEP. Ang mga NPS ay sertipikado ng CDE. (Ed. Code, § 56034,
OT	Paggamot na Pagtatrabaho (Occupational Therapy)	Isang serbisyo na may kaugnayan sa espesyal na edukasyon na tumutugon sa mga lugar na kabilang ang mga pinong kasanayang motor, magaspang na kasanayang motor, kasanayan sa sariling tulong, at mga aktibidad ng pang-araw-araw na pamumuhay, integrasyon ng pandama at pagproseso ng nadarama. (34 C.F.R. § 300.34.)
OAH	Opisina ng mga Pagdinig na Pampangasiwaan (Office of Administrative Hearings)	Ang OAH ay isang indepeniyenteng ahensiya ng estado na itinalaga ng CDE upang magkaloob ng pamamagitan at mga serbisyong pagdinig sa mga kaso ng espesyal na edukasyon. Ang OAH ay nagsasagawa ng mga pagdinig at nagkakaloob ng isang walang-kinikilingang talakayan para sa makatarungan at independiyenteng paglutas ng mga bagay
OCR	Opisina ng mga Karapatang Sibil ng US (US Office of Civil Rights)	Isang ahensiya ng tagapagpaganap na sangay ng pederal na pamahalaan sa loob ng Kagawaran ng Edukasyon. Ito ay pinagtalagahan ng pagpapatupad ng maraming karapatang sibil kabilang ang Seksyon 504.
OSEP	Opisina ng mga	Isang pederal na opisina na pinagtalagahan ng pagtiyak na ang iba't ibang estado ay

	Programa sa Espesyal na Edukasyon ng US (US Office of Special Education Programs)	sumusunod sa IDEA.
OHI	Ibang Pinsala sa Kalusugan (Other Health Impaired)	Ito ay isang kategorya ng pagiging karapat-dapat para sa mga serbisyong espesyal na edukasyon; Ito ay nangangahulugang pagkakaroon ng limitadong lakas, sigla o pagkaalerto, kabilang ang isang mataas na pagkaalerto sa pamukaw ng kapaligiran, na nagreresulta sa mga limitadong pagkaalerto tungkol sa kapaligirang pang-edukasyon, na :(1) dahil sa hindi gumagaling o malalang mga problemang pangkalusugan tulad ng hika, ADD o ADHD, diabetes, epilepsy, isang kondisyon ng puso, hemophilia, pagkalason ng tingga, leukemia, nephritis, rheumatic fever, sickle cell anemia, at Tourette syndrome; at (2) masamang nakakaapekto sa pagganap na pang-edukasyon ng isang bata. (20 U.S.C. § 1401(3) & (30); 34 C.F.R. § 300.8(c)(9).)
OH	May Handikap sa Buto (Orthopedically Handicapped)	Isang matinding kapansanan sa buto na masamang nakakaapekto sa pagganap na pang-edukasyon ng isang bata, kabilang ang mga kapansanang dulot ng anomalyang congenital (halimbawa, clubfoot, pagkawala ng ilang bahagi, at ang katulad), sakit (halimbawa, poliomyelitis, tuberkulosis ng buto, at ang katulad), at ibang mga dahilan (halimbawa, paralisis ng utak, pagkaputol, at mga bali o paso na nagiging sanhi ng mga contracture). (20 U.S.C. § 1401(3) & (30); 34 C.F.R. § 300.8(c)(8).) Ito ay isang kategorya ng pagiging karapat-dapat para sa mga serbisyong espesyal na edukasyon;
PT	Pisikal na Paggamot (Physical Therapy)	Nangangahulugang mga serbisyong ipinagkakaloob ng isang kuwalipikadong physical therapist. (34 C.F.R. § 300.34(c)(9).) Ang PT ay binubuo ng paggamot ng mga kapansanan ng katawan na ibinibigay ng isang sinanay na physical therapist na kabilang ang paggamit ng masahe, ehersisyo, atbp., upang tulungan ang tao na pabutihin ang paggamit ng mga buto, kalamnan, kasukasuan at mga nerbiyo. Ang Physical Therapy ay maaaring isang kaugnay na serbisyo, o DIS, sa ilalim ng Ed. Code, § 56363.
PDD	Lumaganap na mga Sakit sa Pag-unlad (Pervasive Developmental Disorders)	Kilala rin bilang autistic spectrum disorders. Ang autismo ay isang uri ng Pervasive Developmental Disorder. Kung ang isang bata ay nagpakita ng ilang katangian ng autismo pero hindi nakakatugon sa lahat ng mga pamantayan, ang isa pang posibleng pagsusuri ay PDD-NOS (hindi tinukoy sa ibang paraan). Ang isang batang may PDD ay maaaring karapat-dapat para sa espesyal na edukasyon.
PECS	Palitan ng Larawan na Sistema ng Komunikasyon (Picture Exchange Communication System)	Programa kung saan ang mga batang may limitadong kakayahan sa komunikasyon ay gumagamit ng mga larawan ng mga bagay upang sabihin ang kanilang mga gusto at pangangailangan. Ang mga guro ay maaari ring magtatag ng isang iskedyul ng larawan upang maunawaan ng bata kung ano ang kanyang pang-araw-araw na iskedyul.
	Paglalagay	Kodigo ng mga Regulasyon ng California, titulo 5, seksyon 3042, ay nagpapakahulugan sa "paglalagay na pang-edukasyon" bilang "iyong natatanging kombinasyon ng mga pasilidad, tauhan, lugar o kagamitan na kailangan upang magkaloob ng mga serbisyong pagtuturo sa isang indibidwal na may mga hindi pangkaraniwang pangangailangan," gaya ng tinukoy sa IEP. (Tingnan din ang 34 C.F.R. § 104.35.)
	Patakaran	Tumutukoy sa isang pamamaraan, pilosopiya o pamantayan na pormal na ginamit at hinahangad na tumulong sa pamamahala at pagkakaloob ng mga programa sa distrito ng paaralan.
	Mga kasalukuyang antas ng pagganap na pang-edukasyon	Isang iniaatas na bahagi ng IEP
PWN	Naunang nakasulat na paunawa (Prior written notice)	Kapag ang isang distrito ng paaralan ay nagmungkahi na magpasimula o magbago, o *tumangging* magpasimula o magbago, ang pagtukoy, pagtimbang, o paglalagay na pang-edukasyon ng isang bata, o ang pagkakaloob ng isang libreng angkop na pampublikong edukasyon (free appropriate public education, FAPE) sa isang bata, ang distrito ng paaralan ay dapat magbigay ng nakasulat na paunawa sa mga magulang ng estudyante, karaniwang tinatawag na "naunang nakasulat na paunawa." (20 U.S.C. § 1415(b)(3)(A); 34 C.F.R. § 300.503(a)(1)(2006); Ed. Code, § 56500.4, subd. (a).)
	Pagrekomenda	Ang paghiling na tukuyin at tayahin ang posibleng mga pangangailangan ng espesyal na edukasyon ng isang bata: ang isang pagrekomenda ay maaaring gawin ng isang magulang,

		guro, tauhang medikal, o sinumang may partikular na kaalaman sa bata. Paunawa sa isang distrito ng paaralan na ang isang bata ay maaaring nangangailangan ng espesyal na edukasyon. Ang isang pagrekomenda ay nagbubunsod ng pagpatakbo ng mga partikular na takdang panahon para sa pagtaya at pagsasagawa ng isang pulong ng IEP.. (Ed. Code, § 56029.)
RC	Mga Panrehiyong Sentro (Regional Centers)	Ang mga ahensiya ng komunidad sa buong California na inuutusang magkaloob ng mga serbisyo sa mga indibidwal na may mga kuwalipikadong kapansanan. Ang mga Panrehiyong Sentro ay nagkakaloob ng mga serbisyong maagang pamamagitan sa mga sanggol at toddler na may mga kapansanan alinsunod sa bahagi C ng IDEA, pero hindi nagkakaloob ng mga serbisyo ng espesyal na edukasyon sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA, ang bahagi ng IDEA na sinasakop ng ating mga angkop na paaran ng pagdinig.. Ang mga Panrehiyong Senro ay hindi maaaring maging mga partido sa mga pagdinig sa espesyal na edukasyon; may isang hiwalay na paraan ng pagdinig.
	Regresyon/Pagbawi	Ang dami ng pagkawala ng kasanayan na nararanasan ng isang bata sa isang pahinga sa pagtuturo (pangunahin sa bakasyon sa tag-init) ang damit ng oras na kailangan niya upang mabawi ang mga nawalang kasanayan. Ang mga pamantayan na ang regresyon at pagbawi na inaalala ay nangangailangan ng paaralan sa tag-init ay binuo sa batas sa kaso at sa mga letra ng pang-estado at pederal na patakaran..
	Sesyon ng Paglutas	Tumutukoy sa IDEA 20 U.S.C. § 1415 (f)(1)(B). Ito ay isang iniaatas na pulong ng mga magulang at "may-kaugnayan" na mga miyembro ng pangkat ng IEP. Pagkatapos ng isang paghiling ng pamamagitan at angkop na paraan ng pagdinig ay naiharap, ang mga distrito ng paaralan ay dapat mag-ayos ng sesyong ito at subukang lunasan ang anumang mga problema sa loob ng 30 araw. Kung hindi nilunasan ng distrito ng paaralan ang isyu sa loob ng 30 araw, ang isang pagdinid ay itinatakda at ang 45 araw na takdang panahon ng pagdinig ay magsisimula.
	Paglalagay ng Tagatulong	(Tingnan ang RSP sa ibaba). Ang isang paglalagay ng espesyal na edukasyon para sa kulang sa kalahati ng araw ng paaralan ng isang bata. Ang naturang silid-aralan ay karaniwang tinatawag ng isang "silid ng tagatulong."
RSP	Programang Tagatulong na Espesyalista (Resource Specialist Program)	Nagkakaloob sa mga estuyante ng pagtuturo sa espesyal na edukasyon para sa kulang sa 50 porsiyento ng kanilang araw. Isang paglalagay/serbisyo kung saan ang isang bata ay tumatanggap ng indibidwal o maliit-na-grupo na pagtuturo mula sa isang "tagatulong na espesyalista," na isang may kredensiyal na guro ng espesyal na edukasyon.
	Pangangalagang Pagpapahinga (Respite Care)	Isang serbisyong nagkakaloob sa mga pamilya ng mga bata na nangangailangan ng mga hindi pangkaraniwang anyo ng pangangalaga upang ang pamilya ay makapagbakasyon, hawakan ang mga gawaing pangnegosyo, at makapagpahinga sa mga tungkulin ng pag-aalaga ng bata. (Ito ay madalas na ipinagkakaloob ng mga Panrehiyong Sentro. Gayunman, ito ay hindi isang serbisyong pang-edukasyon, kaya hindi ito dapat lumitaw sa ilalim sa IDEA.)
	Seksyon 504	Ang Seksyon 504 ng Rehabilitation Act of 1973 ay isang pederal na batas na nagbabawal sa mga tumatanggap ng mga pederal na pondo mula sa diskriminasyon laban sa mga taong may mga kapansanan. (Ang Seksyon 504 na mga reklamo ay dapat iharap sa OCR. Ang mga angkop na paraan ng pagdinig sa ilalim ng IDEA ay hindi kaugnay ang Seksyon 504 na mga kahilingan, at ang OAH ay walang hurisdiskiyon na dinggin ang mga kahilingan na Seksyon 504.)
	Matinding Pagkakaiba	Bahagi ng pamantayan na ginagamit upang ipasiya kung ang isang bata ay karapat-dapat sa espesyal na edukasyon dahil sa isang partikular na kapansanan sa pag-aaral (specific learning disability, SLD). Ang Kodigo sa mga Regulasyon ng California, titulo 5, seksyon 3030(j) ay gumagamit ng pariralang "matinding pagkakaiba sa pagitan ng kakayahan ng isip at nakakamit sa isa o higit ng mga lugar ng akademiko na tinukoy sa Seksyon 56337(a) ng Kodigo ng Edukasyon".
SDL	Matinding Kapansanan sa Wika (Severe Disorder of Language)	Mga estudyanteng may matinding kapansanan sa kakayahang gamitin o maintindihan ang wika.
SLD	Mga Partikular na Kapansanan sa Pag-aaral (Specifi Learning Disabilities)	Isang karamdaman sa isa o higit ng mga basikong paraang pag-isipan na may kaugnayan sa pag-unawa o sa paggamit ng wika, pasalita o nakasulat na maaaring ipahayag sa isang hindi perpektong kakayahan na makinig, mag-isip, magbasa, magsulat, magbaybay, o gumawa ng mga kalkulasyong matematikal. (20 U.S.C. § 1401(30); 34 CFR § 300.8(c)(10);

		Ed. Code, §§ 56337 & 56338.) SLD ay isang kategorya ng pagiging karapat-dapat para sa espesyal na edukasyon;
SELPA	Lugar ng Lokal na Plano sa Espesyal na Edukasyon (Special Education Local Plan Area)	Ang isang entidad ng serbisyo na tinukoy ng CDE at pinondohan upang magkaloob ng mga serbisyo sa espesyal na edukasyon para sa mga distrito ng paaralan na kasama sa SELPA. (Ed. Code, § 56440.) Ang mga SELPA ay tumatakbo gaya ng inilarawan sa plano sa pag-unawa para sa espesyal na edukasyon, na iniharap ng ahensiya sa Kagawaran ng Edukasyon ng California. Ang isang SELPA ay isang entidad ng pamahalaan na nagkakaloob ng mga serbisyo ng espesyal na edukasyon para sa mga distrito ng paaralan na kasama sa SELPA. (Ed. Code, § 56440.)
SDC	Espesyal na Klase sa Araw (Special Day Class)	Mga espesyal na klase na naglilingkod sa mga mag-aaral na may mga katulad at mas intensibong mga pangangailangang pang-edukasyon. Ang mga SDC ay maaari lamang mag-enrol ng mga mag-aaral kapag ang kalikasan o katindihan ng kapansanan ng mag-aaral ay nagpapakita na ang edukasyon sa mga regular na klase na ginagamitan ng mga suplementong tulong at serbisyo ay hindi makakamit. (Ed. Code, § 56364.2.)
SEA	Ahensiya ng Edukasyon ng Estado (State Education Agency)	Iyon ay, Kagawaran ng Edukasyon ng California. Nangngahulugang ang lupon ng edukasyon ng estado o ibang ahensiya o opisyal na pangunahing responsable sa pangangasiwa ng estado ng pampublikong elementarya at sekundaryong paaralan, o, kung wala naturang opisyal o ahensiya, ang isang opisyal o ahensiyang itinalaga ng gobernador o ng batas ng estado. (20 U.S.C. § 1401(32); 34 C.F.R. § 300.41.)
SLP	Pathologist ng Pagsasalita at Wika (Speech and Language Pathologist)	Isang taong binigyan ng kredensiyal ng estado upang magkaloob ng mga serbisyong paggamot ng pagsasalita at wika, na maaaring isang kaugnay na serbisyo, o DIS, sa ilalim ng Ed. Code, § 56363.
SST	Pangkat ng Tagugmpay ng Estudyante o Pangkat ng Pag-aaral ng Estudyante (Student Success Team or Student Study Team)	Isang pangkat ng mga edukador, tinipon sa kahilingan ng isang guro sa silid-aralan, magulang, o tagapayo na nagdidisenyo ng mga paraan ng pamamagitan sa klase upang matugunan ang mga pangangailangan ng isang partikular na estudyante, bago ang pagbuo ng isang IEP.
	Mga Pagsubok na Ayon sa Pamantayan (Standardized Tests)	Ang mga pagsubok na may mga pamantayan na nagpapakita ng mas malaking populasyon. Karaniwan ang mga ito ay mga batay sa edad o grado na mga pamantayan na nagpapakita ng pagganap ng mga bata sa buong bansa sa mga katulad na pagsubok.
	Manatili	Sa ilalim ng batas sa espesyal na edukasyon ng pederal na pamahalaan at California, ang isang estudyante ng espesyal na edukasyon ay karapat-dapat na manatili sa kanyang kasalukuyang paglalagay na pang-edukasyon habang hinihintay ang pagkumpleto ng mga pamamaraan ng angkop na paraan ng pagdinig maliban kung iba ang napagkasunduan ng mga partido.. (20 U.S.C. § 1415(j); 34 C.F.R. § 300.518(a) (2006); Ed. Code, §§ 48915.5, 56505, subd. (d).) Ang layunin na manatili ay panatilihin ang kasalukuyang kalagayan ng programang pang-edukasyon ng estudyante habang hinihintay ang paglutas ng angkop na paraan ng pagdinig. Para sa mga layunin na manatili, ang kasalukuyang paglalagay na pang-edukasyon ay pangkaraniwang ang paglalagay na tinatawag sa IEP ng estudyante, na ipinatupad bago lumitaw ang hidwaan.
	Mga Suplementaryong Tulong at Serbisyo	Ang mga kaluwagan na maaaring magpahintulot sa isang estudyante na makinabang sa kapaligirang pinakamababa ang paghadlang. Ang mga ito ay iniaatas sa ilalim ng IDEA. Partikular na nilinaw bilang mga tulong, serbisyo, at ibang mga suporta na ipinagkakaloob sa mga klase ng regular na edukasyon o ibang mga tagpuan na may kaugnayan sa edukasyon upang mabigyan ng kakayahan ang mga indibidwal na may mga namumukod na pangangailangan na turuang kasama ng mga batang walang kapansanan sa abot ng angkop na makakaya alinsunod sa talataan (5) ng subseksyon (a) ng Seksyon 1412 ng Titulo 20 ng Kodigo ng Estados Unidos. (20 U.S.C. § 1401(33); Ed. Code, § 56033.5.)
	Panghaliling Magulang	Isang indibidwal na hinirang upang gamitin ang mga karapatan sa espesyal na edukasyon sa ngalan ng mga batang may mga kapansanan na walang magulang na kakatawan sa kanila, sa pangkalahatan ay dahil ang bata ay isang ward ng hukuman. (Cal. Gov. Code § 7579.5; 20 U.S.C. § 1415(b)(2).)
TEACCH	Paggamot at Edukasyon ng mga Batang Autistiko at May Kaugnay na	Isang paraan ng pagtuturo na ginagamit para sa mga batang may autismo.

	Handikap sa Komunikasyon (Treatment and Education of Autistic and Related Communication Handicapped Children)	
	Programang Paggamot sa Araw (Therapeutic Day Program)	Isang paglalagay para sa pagtuturo para sa mga estudyanteng may kaguluhan sa damdamin (emotional disturbance, ED) kung saan ang mga bahagi ng paggamot para sa paghihirap ng damdamin ay isinasama sa programa ng paaralan. Depende sa oryentasyong teoretikal ng paaralan, ang mga serbisyong ito ay maaaring kabilang ang psychotherapy, pamamahala ng asal, positibong kultura ng kapantay, o ibang mga uri ng pamamagitan.
	Kabuuang Komunikasyon	Isang istratehiya ng pagtuturo kung saan ang mga guro ay nagtuturo sa mga batang may matinding kawalan ng pagdinig sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa kanila at sa pamamagitan ng paggamit ng pasenyas na wika.
	Plano sa Paglipat	Sa pinakamamaba, ito ay isang pagpaplano para sa mga buhay pagkatapos ng paaralan ng mga adolesente at dapat magsimula bago lumampas ang edad na 16. Ito ay may kaugnayan sa paghahanda ng isang dokumentong tinatawag na Indibidwal na Programa sa Paglipat (Individual Transition Program, ITP). Ang mabuting gawain ay maaaring may kasamang pagpaplano para sa mas maagang mga paglipat gayon din ng pagsasama ng mga naturang plano sa IEP ng bata. (Ed. Code, § 56045, *et seq.*)
TBI	Traumatikong Pinsala sa Utak (Traumatic Brain Injury)	Ang TBI ay isang nakukuhang pinsala sa utak na dulot ng panlabas na pisikal na puwersa, nagreresulta sa buo o bahaging kapansanan sa pagganap o kahinaang pangkaisipan at panlipunan, o pareho, na masamang nakakaapekto sa pagganap na pang-edukasyon ng isang estudyante. (20 U.S.C. § 1401(3)& (30); 34 C.F.R. § 300.8(c)(12)
	Pangkaraniwang Umuunlad na mga Kapantay (Typically Developing Peers)	Mas gustong terminolohiya na ginagamit upang matukoy ang mga antas-ng-edad na mga kapantay na walang mga kapansanan. Kung minsan ay tinatawag din na mga kapantay sa pangkalahatang edukasyon o mga kapantay na walang kapansanan.
	Isang-panig na Paglalagay	Paglalagay ng mga magulang na umaaktong isang panig, nang walang pag-aproba ng paaralan. Ang isang-panig na paglalagay ay hindi bumubuo ng pagpapanatili ng estudyante. Ang mga magulang ay pangkaraniwang hindi tumatanggap ng bayad para sa mga isang-panig na paglalagay maliban kung nagbigay sila sa LEA ng sampung araw na naunang paunawa ng paglalagay.
VI	May Kapansanan sa Paningin (Visually Impaired)	Isang kapansanan sa paningin na, kahit na may pagwawasto, ay masamang nakakaapekto sa pagganap na pang-edukasyon ng isang estudyante. (20 U.S.C. § 1401(3) & (30); 34 C.F.R. § 300.8(c)(13).)

BAHAGI 14: Mga pormularyo sa espesyal na edukasyon

Pormularyo 1: Kahilingan sa pamamagitan lamang

Pormularyo 2: Kahilingan para sa pamamagitan at angkop na paraan ng pagdinig

Pormularyo 3: Katunayan ng paghahain

Pormularyo 4: Utos na pagtatakda at paunawa ng angkop na paraan ng pagdinig at pamamagitan

Pormularyo 5. Kahilingan para sa pagpapaliban ng unang petsa ng pagdinig sa espesyal na edukasyon

Pormularyo 6: Kahilingan para sa pagpapaliban batay sa magandang dahilan

Pormularyo 7. Utos na pagtatakda at paunawa ng DOBLENG angkop na paraan ng pagdinig at pamamagitan

Pormularyo 8: Utos na pagtatakda para sa pamamagitan lamang

Pormularyo 9: Pinagsamang pagtalikdan sa pulong ng paglutas

Pormularyo 10: Kahilingan sa nauunang mga petsa ng pagdinig

Pormularyo 11: Paunawa ng komperensiya sa pag-aayos

Pormularyo 12: Halimbawang pahayag sa komperensiya bago ang pagdinig

Pormularyo 13: Subpoena

Pormularyo 14: Halimbawang utos kasunod ng komperensiya bago ang pagdinig

Pormularyo 15: Halimbawang kahilingan para sa pagpapaliban ng komperensiya bago ang pagdinig

Pormularyo 16: Halimbawang paunawa ng di-kasapatan (notice of insufficiency, NOI)?

Pormularyo 17: Halimbawang mungkahi para manatili

PORMULARYO 1: KAHILINGAN SA PAMAMAGITAN LAMANG

Pormularyo sa Kahilingan sa Pamamagitan Lamang

Mahalagang impormasyong kailangan ninyong malaman bago humiling ng Pamamagitan Lamang:

- Ang paglahok sa isang pamamagitan sa kahilingan bago ang pagdinig ay boluntaryo. Kung ang isa sa mga partido ay tumangging lumahok, ang pamamagitan ay hindi mangyayari. Gayunman, ang alinmang partido ay makakapili pa rin na humiling ng isang pagdinig sa antas ng estado.
- Ang batas ay nagtatadhana na ang mga abugado at ibang mga independiyenteng kontratista na nagkakaloob ng mga serbisyong pagtataguyod na pambatas ay hindi hindi dapat dumalo o lumahok sa isang "pamamagitan sa kahilingan bago ang pagdinig." Gayunman, sila ay maaaring lumahok sa lahat ng mga yugto ng paraan ng pagdinig. Ito ay nangangahulugang sa pamamagitan ng paghiling ng isang pamamagitan lamang, hindi ka maaaring magdala ng abugado o tagapagtaguyod sa pamamagitan.
- Itatalaga ng Opisina ng Pagdinig sa Espesyal na Edukasyon ang iyong kahilingan sa isang partikular na tagapamagitan. Lahat ng mga tagapamagitan ay nasa ilalim ng kontrata sa Opisina ng Pagdinig sa Espesyal na Edukasyon at makaranasan sa lugar ng Pamamagitan sa Espesyal na Edukasyon.

Kung nais mong magharap ng kahilingan para sa Pamamagitan lamang, kumpletuhin at ilimbag ang isang kopya nitong Pormularyo ng Paghiling ng Pamamagitan Lamang (TALA: Ang iniaatas na impormasyon ay dapat ipagkaloob para sa maayos ang kahilingan.) at ipakoreo o i-fax sa:

Office of Administrative Hearings, Special Education Unit
2349 Gateway Oaks Drive, Suite 200
Sacramento, CA 95833
Telepono: (916) 263-0880 – Fax: (916) 376-6319

Sa sandaling maayos ang nakumpletong kahilingan kayo ay bibigyan ng paunawa sa pamamagitan ng koreo.

IMPORMASYON TUNGKOL SA ESTUDYANTE:

PANGALAN, Una at Apelyido (Kinakailangan) _____

DIREKSIYON (Kinakailangan) _____

_____

PETSA NG KAPANGANAKAN _____

ANTAS NG GRADO _____
PAARALANG PINAPASUKAN
(Kinakailangan) _____
DISTRITO NG TIRAHAN
(Kinakailangan) _____

Pormularyo ng Paghiling ng Pamamagitan Lamang

IMPORMASYON TUNGKOL SA MAGULANG

PANGALAN, Una at Apelyido (Kinakailangan) _____

DIREKSIYON (Kinakailangan) _____

_____

TELEPONO SA BAHAY ( ) _____

TELEPONO SA TRABAHO ( ) _____

FAX ( ) _____

WIKA _____

MGA PARTIDONG TUTUKUYIN:

DISTRITO NG TIRAHAN
(Kinakailangan) _____
MGA KARAGDAGANG PARTIDO
_____

(Alinmang ibang distrito ng paaralan, kabilang ang paaralang pinapasukan, o pampublikong ahensiya na responsable sa pagkakaloob ng mga serbisyo na dapat na isang partido sa pamamagitan at pagdinig.)

HUMILING NA PARTIDO (Bilugan) (Kinakailangan)

MAGULANG KINATAWAN NG MAGULANG
DISTRITO NG PAARALAN KINATAWAN NG DISTRITO NG PAARALAN
IBANG AHENSIYA
Kung ang humiling na partido ay hindi ang magulang, mangyaring kumpletuhin ang mga sumusunod:

PANGALAN _____

DIREKSIYON _____

_____

ORGANISASYON _____

TELEPONO ( )
FAX _____

Pormularyo ng Paghiling ng Pamamagitan Lamang

MAIKLING BUOD NG DAHILAN NG PAGHILING (Ilarawan ang dahilan ng problema kabilang ang mga lahat ng bagay na may kaugnayan.)

IMINUMUNGKAHING PAGLUTAS NG PROBLEMANG IPINAHAYAG SA ITAAS

PORMULARYO 2: KAHILINGAN PARA SA PAMAMAGITAN AT ANGKOP NA PARAAN NG PAGDINIG

PAMAMAGITAN AT MGA ANGKOP NA PARAAN NG PAGDINIG SA ILALIM NG BATAS NG 2004 SA PAGPAPABUTI NG EDUKASYON NG MGA INIDIBIDWAL NA MAY MGA KAPANSANAN (INDIVIDUALS WITH DISABILITIES EDUCATION IMPROVEMENT ACT OF 2004, IDEA)

Ang IDEA ay nagtatadhana ng pamamagitan at mga angkop na paraan ng pagdinig upang lutasin ang mga hidwaan na may kaugnayan sa edukasyon ng mga batang may mga kapansanan upang matiyak na ang bawat bata ay tumatanggap ng isang Libreng Angkop na Pampublikong Edukasyon (Free Appropriate Public Education, FAPE) na ibinagay sa kanyang mga natatanging pangangailangan. Ang paraan ay sinisimulan sa pamamagitan ng paghahain ng isang kinumpletong Kahilingan para sa Angkop na Paraan ng Pagdinig at Pamamagitan (pangkaraniwang tinatawag na Reklamo) sa mga tao o entidad na tinukoy mo bilang mga partido sa pagdinig.

Kalakip nito ay isang pormularyo na maaari mong gamitin upang humiling ng isang angkop na paraan ng pagdinig at pamamagitan para sa isang partikular na bata. Dapat mong malaman na ang IDEA ay may lubos na ispesipikong iniaatas tungkol sa impormasyong isasama sa kahilingan. Kung ang impormasyong hiniling ay mali, hindi kumpleto o hindi ibinigay, ang iyong kahilingan para sa angkop na paraan ng pagdinig ay maaaring maantala hanggang ang kahilingan ay makatugon sa mga iniaatas na pambatas.

Ang iyong kahilingan ay dapat ipadala sa lahat ng mga partidong tinukoy mo at ang isang kopya ay dapat ibigay sa Opisina ng mga Pagdinig na Pampangasiwaan.

Kung kailangan mo ng tulong sa pagkumpleto ng pormularyong ito o may mga katanungan tungkol sa angkop na paraan ng pagdinig at paraan ng pamamagitan, makukuha ang tulong sa pamamagitan ng pagtawag sa Opisina ng mga Pagdinig na Pampangasiwaan sa mga numerong tinukoy sa ibaba.

Opisina ng mga Pagdinig na Pampangasiwaan (Office of Administrative Hearings)
Tel. (916)263-0880
Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon (Special Education Division)
Fax (916)376-6319
2349 Gateway Oaks Drive, Suite 200
Sacramento, CA 95833

BAGO KUMPLETUHIN ANG KAHILINGANG ITO MANGYARING MAG-UKOL NG ORAS UPANG BASAHIN ANG MGA SUMUSUNOD NA SIPI MULA SA MGA ANGKOP NA PEDERAL NA BATAS:

Ang Kahilingan para sa Angkop na Paraan ng Pagdinig at Pamamagitan (Reklamo) ay dapat kabilang ang:

"ang pangalan ng bata, ang direksiyon ng tirahan ng bata (impormasyon tungkol sa matatawagan sa kaso ng isang batang walang-bahay), at ang pangalan ng paaralan na pinapasukan ng bata…" (20 U.S.C. § 1415 (b)(7)(A)(ii)(I));

"isang paglalarawan ng dahilan ng problema ng bata na may kaugnayan sa naturang iminumungkahing pagpapasimula o pagbabago, kabilang ang mga bagay na may kaugnayan sa naturang problema…."(20 U.S.C. § 1415 (b)(7)(A)(ii)(III)) and

"isang iminumungkahing paglutas ng problema kung alam at makukuha ng partido sa panahong iyon." (20 U.S.C. § 1415 (b)(7)(A)(ii)(IV))

Ang alinmang partido ngayon ay may karapatang salungatin ang kasapatan ng anumang Reklamo. (20 U.S.C. § 1415 (c)(2)(A))

Ang partidong naghaharap ng Reklamo ay hindi karapat-dapat sa angkop na paraan ng pagdinig kung ang Reklamo ay hindi sumusunod sa 20 U.S.C. § 1415 (b)(7)(A). (20 U.S.C. § 1415 (b)(7)(B))

Ang pagpapasiya ng kung ang isang Reklamo ay sapat at sumusunod sa mga iniaatas ng 20 U.S.C. § 1415 (b)(7)(A), ay dapat gawin ng isang hukom ng batas na pampangasiwaan tangi sa nilalaman ng Reklamo. (20 U.S.C. § 1415 (c)(2)(D))

Maaaring baguhin ng isang partido ang Reklamo lamang nito kung: (I) ang ibang partido ay sumasang-ayon sa sulat at ang isang Sesyon ng Paglutas ay ginanap; o (II) kung ipinahihintulot ng Hukom ng Batas na Pampangasiwaan. (20 U.S.C. § 1415 (c)(2)(E)(i))

Lahat ng mga takdang panahon, kabilang ang para sa isang Sesyon ng Paglutas, magsimula sa paghaharap ng isang binagong Reklamo. (20 U.S.C. § 1415 (c)(2)(E)(ii))

KAHILINGAN PARA SA PAMAMAGITAN AT ANGKOP NA PARAAN NG PAGDINIG

MAHALAGA: Ang pormularyong ito ay idinisenyo upang tulungan ang mga partido sa paghiling ng mga serbisyong pamamagitan at isang angkop na paraan ng pagdinig. Ibigay ang lahat ng impormasyong hiniling. Ang kabiguang magbigay ng lahat ng impormasyon ay maaaring magresulta sa pagkaantala o pagpapawalang-saysay ng iyong kahilingan na pagdinig. Ang OAH ay magpapadala sa iyo ng paunawa na tumutukoy sa mga Petsa ng iyong Pamamagitan at Pagdinig. Ang OAH sy magpapadala rin sa iyo ng listahan ng mga abugado at tagapagtaguyod na magkakaloob ng libre at binawasan ang halaga na mga serbisyo.

Ito ay isang kahilingan para sa Pagdinig at Pamamagitan ☐ ☐ Pagdinig Lamang

Ang Kahilingang ito ay sinisimulan ng ☐ Magulang ☐ Distrito ng Paaralan (o ibang LEA)

IMPORMASYON TUNGKOL SA ESTUDYANTE

Pangalan at Apelyido (Kinakailangan)

Kalyeng Direksiyon (Kinakailangan)

Lunsod, Zip Code (Kinakailangan)

Petsa ng Kapanganakan:

IMPORMASYON TUNGKOL SA MAGULANG

Pangalan at Apelyido

Kalyeng Direksiyon

Lunsod, Zip Code

Telepono sa Bahay

Antas ng Grado

Telepono sa Trabaho

Pangunahing Wika ng Estudyante (Kinakailangan)

Selular na Telepono

Paaralang Pinapasukan (Kinakailangan)

Fax

Distrito ng Tirahan (Kinakailangan)

Ang Estudyante ay isang taong may kulay? Mangyaring markahan ang angkop na kahon. (Iniaatas ng Kagawaran ng Edukasyon ng California)

☐ Oo ☐ Hindi ☐ Tumangging Ipahayag

MGA PARTIDONG TUTUKUYIN:

MGA TAGUBILIN: mangyaring ilista ang mga Partidong tutukuyin sa Kahilingan sa Angkop na Paraan ng Pagdinig. Kabilang dito ang alinmang distrito ng paaralan, opisina ng edukasyon ng county o ibang mga pampublikong ahensiya na responsable sa pagkakaloob ng mga serbisyong nadarama ninyo na dapat na partido sa pagdinig. (Gumamit ng mga karagdagang papel kung kailangan)

Partido at Direksiyon

Partido at Direksiyon

Partido at Direksiyon

PAHAYAG NG (MGA) DAHILAN PARA SA KAHILINGAN: Ang pederal at pang-estadong batas ay nag-aatas sa iyo na ilarawan nang detalyado ang dahilan ng (mga) problema/(mga) reklamo. Ang payak na paglalarawan ng isang problema bilang isang "Pinagkaitan ang estudyante ng FAPE para sa taon ng paaralan 2005-2006" ay hindi sapat. Isama ang mga bagay, petsa, pagtukoy sa partikular na mga tadhana ng IEP, atbp. Ang kawalan ng katiyakan sa pagtukoy sa (mga) problema/(mga) reklamo ay maaaring magresulta sa pagpapawalang-saysay dito sa Angkop na Paraan ng Pagdinig.

IMINUMUNGKAHING PAGLUTAS PARA SA BAWAT PROBLEMA/REKLAMO: Ang pederal na batas ay nag-aatas sa iyo ng magbigay ng isang iminumungkahing paglutas sa bawat tinukoy na problema/reklamo kung alam. Muli, mangyaring maging tiyak hanggang magagawa. Isang iminumungkahing paglutas na ang Distrito ay "magkaloob ng isang Libreng Angkop na Pampublikong Edukasyon (Free Appropriate Public Education, FAPE)" ay hindi sapat.

Sa espasyo sa ibaba mangyaring tukuyin ang ispesipikong (mga) problema/(mga) reklamo at isang iminumungkahing paglutas para sa bawat isa kung alam. Ang tanging iniaatas at inirerekomenda ay isang simple, malinaw, maikli ngunit malaman na pahayag ng problema/reklamo. Kung maubusan ka ng espasyo, gamitin ang mga karagdagang papel na may kaparehong format. Ang mahahabang salaysay ay madalas na lumilikha ng karagdagang kaguluhan kaysa kalinawan at hindi isang panghalili para sa isang malinaw na pahayag ng hidwaan. Kung ang isang salaysay ay isinama, ilakip ito sa iyong Kahilingan.

Problema/Reklamo #1:_____

_____

_____

_____

Iminumungkahing Paglutas #1:_____

_____

_____

_____

Problema/Reklamo #2:_____

_____

_____

_____

Iminumungkahing Paglutas #2:_____

_____

_____

_____

Problema/Reklamo #3:_____

_____

_____

_____

Iminumungkahing Paglutas #3:_____

_____

_____

_____

Problema/Reklamo #4:_____

_____

_____

_____

Iminumungkahing Paglutas #4:_____

_____

_____

_____

Problema/Reklamo #5:_____

_____

_____

_____

*Iminumungkahing Paglutas #5:*_____

_____

_____

_____

PANGANGAILANGAN NG INTERPRETER

(Mga) taong nangangailangan ng mga serbisyo ng interpreter: Wika:

PIRMA NG PARTIDONG HUMILING NG ANGKOP NA PARAAN NG PAGDINIG

Mangyaring Ilimbag ang Pangalan sa blokeng ito

Petsa:

Mangyaring Ipirma ang Pangalan sa blokeng ito

PAHAYAG NG SERBISYO

MGA TAGUBILIN: Ang pederal ang pang-estadong batas ay nag-aatas sa iyo na ipadala o ihatid ang isang kopya ng Kahilingang ito sa bawat isa ng mga tinukoy na partido. Dagdag dito, dapat mong ipadala o ihatid ang isang kopya sa Opisina ng mga Pagdinig na Pampangasiwaan. Magpanatili ng isang kopya para sa iyong sarili. Mangyaring ipabatid ang iyong pagsunod sa iniaatas na ito sa pamamagitan ng pagmarka sa angkop na kahon sa ibaba.

Nagbigay ng isang kopya nitong Kahilingan para sa Angkop na Paraan ng Pagdinig at Pamamagitan sa lahat ng mga tinukoy ng mga partido at sa Opisina ng mga Pagdinig na Pampangasiwaan sa pamamagitan ng:

☐ Primera Klaseng Koreo

☐ Paghahatid sa Pamamagitan ng Facsimile

☐ Serbisyo ng Mensahero (UPS, FedEx, Ibang tagadala na serbisyo) Mangyaring ilakip ang katunayan ng paghahain

☐ Personal na Paghahatid (Kung iba sa humiling mangyaring tukuyin ang taong naghain)

_____

Pirma ng Taong Kumumpleto nitong Pahayag ng Paghahain

PORMULARYO 3: HALIMBAWANG KATUNAYAN NG PAGHAHAIN

KATUNAYAN NG PAGHAHAIN

Noong [PETSA] inihain ko ang isang kopya ng sumusunod na [mga] dokumento sa bawat [mga] mga taong tinukoy sa ibaba sa mga direksiyong nakalista:

[TITULO NG DOKUMENTO: Iyon ay, KAHILINGAN PARA SA PAMAMAGITAN AT ANGKOP NA PARAAN NG PAGDINIG

[PANGALAN NG TAO]
XXXXXX Unified School District
1234 North Street
Any City, CA 91234
Fax No: (XXX) XXX-XXXX

[Kung ang distrito ng paaralan ay kinakatawan ng isang abugado, ilista ang pangalan ng abugado at ang direksiyon (at mga numero ng fax kung ipinadala sa pamamagitan ng fax) at ipadala ang isang kopya ng dokumento at katunayan ng serbisyo sa abugado ring iyon.]

[Kung ang alinmang ibang mga partido ay kasangkot, ilista ang mga pangalan at direksiyon ng mga partidong ito (at mga numero ng fax kung ipinadala sa pamamagitan ng fax) at ipadala ang isang kopya ng dokumento at katunayan ng paghahain sa mga partidong iyon.]

Inihain ko ang dokumentong ito sa pamamagitan ng sumusunod na paraan:

____Personal na inihatid

____Koreo ng U.S.

____Paghahatid ng fax [mag-ingat ng isang kopya ng ulat ng paghahatid upang ipakita na ang fax ay natanggap.]

Ipinahahayag ko sa ilalim ng parusa sa pagbibigay ng hindi totoong sinumpaang pahayag sa ilalim ng mga batas ng Estado ng California na ang nauna ay totoo at tumpak. Ang pahayag na ito ay isinagawa sa [Pangalan ng lunsod], California, noong [PETSA].

_____
Nakalimbag na Pangalan at Pirma

PORMULARYO 4: UTOS NA PAGTATAKDA AT PAUNAWA NG ANGKOP NA PARAAN NG PAGDINIG AT PAMAMAGITAN

SA HARAP NG
OPISINA NG MGA PAGDINIG NA PAMPANGASIWAAN
ESTADO NG CALIFORNIA

Sa Bagay ng: , (mga) Magulang sa ngalan ng , Estudyante, v. .	OAH CASE NO. xxxxxxxxxxxx UTOS NA PAGTATAKDA AT PAUNAWA NG ANGKOP NA PARAAN NG PAGDINIG AT PAMAMAGITAN

Mangyaring basahing mabuti ang dokumento ito. Ito ay naglalarawan ng iba't ibang hakbang sa paraan na susundin sa bagay na ito, at kabilang ang iyong mga karapatan at responsibilidad sa bawat yugto. Para sa mga katanungan na may kaugnayan sa kasong ito maaari kang tumawag sa (916) 263-0880.

I. MGA NAKASERBANG PETSA

PAMAMAGITAN

PETSA:
ORAS:
LUGAR:
TAGAPAMAGITAN:

KOMPERENSIYA BAGO ANG PAGDINIG SA PAMAMAGITAN NG TELEPONO

PETSA:
ORAS:

ANGKOP NA PARAAN NG PAGDINIG

PETSA:
ORAS:
LUGAR:

II. PAMAMAGITAN

Ang pamamagitan ay isang boluntaryo, kompidensiyal na paraan na isinasagawa ng isang walang-kinikilingang tagapamagitan sa isang hindi naglalaban, hindi pormal na atmospera. Ang pamamagitan sa mga kaso sa mga espesyal na edukasyon ay nakagawa ng mga paglutas na kasiya-

siya sa bawat isa sa malaking mayoriya ng mga kaso. Kung ang pamamagitan ay hindi matagumpay, ang bagay ay tutuloy sa Komperensiya Bago ang Pagdinig at Angkop na Paraan ng Pagdinig.

Kung ang pamamagitang ito ay itinakda sa isang panahon na hindi ka makakarating, dapat mong tawagan ang kabilang (mga) partido upang makakuha ng mapagkakasunduang petsa at kumpletuhin ang KAHILINGAN PARA SA PAGPAPALIBAN NG UNANG PETSA NG ANGKOP NA PARAAN NG PAGDINIG SA ESPESYAL NA EDUKASYON AT UNANG PETSA NG PAMAMAGITAN na bahagi ng pormularyong isinama sa Paunawang ito.

Ang pamamagitan ay napatunayang matagumpay sa isang malaking mayoriya ng mga kaso, kung piliin mong huwag lumahok sa nakatakdang pamamagitan, mangyaring markahan ang kahon na "Please cancel the mediation without resetting" sa ilalim ng ilalim ng bahagi ng pormularyo ng KAHILINGAN PARA SA PAGPAPALIBAN NG UNANG PETSA NG ANGKOP NA PARAAN NG PAGDINIG SA ESPESYAL NA EDUKASYON AT UNANG PETSA NG PAMAMAGITAN na kasama sa Paunawang ito.

III. KOMPERENSIYA BAGO ANG PAGDINIG

Ang isang komperensiya bago ang pagdinig ay isang komperensiya sa telepono na isinasagawa ng Hukom ng Batas na Pampangasiwaan at mga partido upang talakayin at linawin ang mga isyu sa angkop na paraan ng pagdinig, mga testigo, at ibang mga bagay bago ang pagdinig. Ang komperensiya bago ang pagdinig sa telepono ay sisimulan ng isang ALJ at OAH.

Ang bawat partido ay iniaatas na magharap ng isang PAHAYAG NG KOMPERENSIYA BAGO ANG PAGDINIG na dapat iharap nang hindi kukulangin sa **tatlong araw ng trabaho bago ang KOMPERENSIYA BAGO ANG PAGDINIG** sa Office of Administrative Hearings, Special Education Division, 2349 Gateway Oaks Drive, Suite 200, Sacramento, CA 95833. Ang pahayag ng komperensiya bago ang pagdinig ay maaaring iharap at ihain sa pamamagitan ng fax sa (916) 376-6319. Ang mga partido ay hindi kailangang magpakoreo ng isang papel na kopya ng anumang dokumentong ipinadala sa pamamagitan ng fax. Ang mga partido ay hindi dapat magpadala sa pamamagitan ng koreo o fax ng mga kopya ng dokumentaryong ebidensiya na nakalaan para sa angkop na paraan ng pagdinig sa OAH. Sa Pahayag ng Komperensiya Bago ang Pagdinig ay dapat kabilang ang mga sumusunod:

a. Tantiya ng bawat partido ng oras na kailangan upang makumpleto ang Angkop na Paraan ng Pagdinig;

b. Isang maikli ngunit malaman na pahayag ng mga isyu na pagpapasiyahan pa sa Angkop na Paraan ng Pagdinig at ang iminumungkahing paglutas ng mga naturang isyu, batay sa mga isyung ito na ipinahayag sa kahilingan na angkop na paraan ng pagdinig;

c. Ang pangalan ng bawat testigo na maaaring tawagan ng partido sa Angkop na Paraan ng Pagdinig, isang maikling buod ng paksa ng inaasahang testimonya ng testigo, at isang paglalarawan ng isyu na may kaugnayan ang testimonya ng testigo;

c. Ang pangalan at direksiyon ng bawat ekspertong testigo na hangad na tawagan ng partido sa Angkop na Paraan ng Pagdinig, isang maikling buod ng paksa ng inaasahang ibigay ng eksperto ng testigo, at isang paglalarawan ng isyu na may kaugnayan ang testimonya ng eksperto;

e. Isang listahan ng dokumentaryong ebidensiya na hangad iharap ng partido, at isang paglalarawan ng anumang pisikal o nagpapakitang ebidensiya; at

f. Ang pangangailangan ng isang interpreter o espesyal na kaluwagan sa angkop na paraan ng pagdinig.

IV. ANGKOP NA PARAAN NG PAGDINIG

Isang walang-pinapanigang Hukom ng Batas na Pampangasiwaan ng Opisina ng mga Pagdinig na Pampangasiwaan ay magsasagawa ng pagdinig. May karapatan kang katawanin ang iyong sarili o katawanin ng isang abugado o ibang angkop na tao.

a. Mga Isyu: Ang pagdinig ay dapat na limitado sa mga isyung ipinahayag sa paunawa ng reklamo sa angkop na paraan. Hindi ka pahihintulutan na magpahayag ng ibang mga isyu maliban kung sumang-ayon ang ibang partido (o mga partido).

b. Pagkatawan ng Abugado: Dapat mo ring ipagbigay-alam sa kabilang partido (o mga partido) **nang hindi kukulangin sa sampung (10) araw ng kalendaryo nang maaga,** kung plano mong katawanin ng isang abugado sa pagdinig.

c. Ebidensiya: Hindi kukulangin sa **limang (5) araw ng trabaho** bago ang pagdinig, dapat kang magbigay sa ibang mga partido ng isang kopya ng lahat ng mga dokumento at isang listahan ng mga testigo na plano mong iharap sa pagdinig. Ang kabiguang gawin ito ay maaaring magresulta sa hindi pagsasama ng iyong mga dokumento at testigo sa pagdinig. Ang mga eksibit ay dapat na minarkahan bago ang pagdinig, at dapat ilagay sa mga tagabigkis at may etiketa. Ang bawat may-etiketang tagabigkis ng eksibit ay dapat magtaglay ng isang detalyadong indise ng mga nilalaman nito, kabilang ang mga numero ng pahina. Ang alinmang dokumentaryong eksibit na higit sa apat na pahina ay dapat na may selyong Bates o may pahina sa loob. Kung may mga duplikadong eksibit, ang pinakamalinaw na bersiyon ang gagamitin. Ang bawat panig ay dapat maghanda at dalhin sa pagdinig ang karagdagang tagabigkis ng eksibit para gamitin ng mga testigo, at isa pang karagdagang tagabigkis ng eksibit para gamitin ng ALJ.

V. PAGPAPALIBAN

Kung nais mong ipagpaliban ang angkop na paraan ng pagdinig o komperensiya bago ang pagdinig, dapat mong iharap ang iyong kahilingan sa Office of Administrative Hearings, Special Education Division sa lugar sa Sacramento, sa pamamagitan ng koreo ng U.S. o paghahatid ng fax sa (916) 376-6319 at ihain ang kahilingan sa kalabang partido. Ang mga partido ay hinihimok

na magkita at magpulong tungkol sa mga petsa para sa Angkop na Paraan ng Pagdinig. **Kung ang mga partido ay maaaring magkasundo sa mga petsa para sa Angkop na Paraan ng Pagdinig at Komperensiya Bago ang Pagdinig, ang mga partido ay dapat magkumpleto ng pormularyo ng KAHILINGAN PARA SA PAGPAPALIBAN NG UNANG PETSA NG ANGKOP NA PARAAN NG PAGDINIG AT UNANG PETSA NG PAMAMAGITAN na kasama sa Paunawang ito.**

VI. MGA MUNGKAHI BAGO ANG PAGDINIG

Lahat ng mga mungkahi bago ang pagdinig ay dapat ihain sa kalabang partido at iharap sa Office of Administrative Hearings, Special Education Division sa lugar sa Sacramento, sa pamamagitan ng paghahatid ng fax sa (916) 376-6319. Ang mga mungkahi bago ang pagdinig para sa pagpapaliban, pagpapawalang-saysay, pagpapanatili, o anumang ibang kahilingan para sa isang pasiya ng ALJ, na nakakaapekto sa mga karapatan ng mga partido. **Kung nais ng isang partido na salungatin ang isang mungkahi, ang naturang pagsalungat ay dapat matanggap ng OAH sa lugar sa Sacramento nang hindi lalampas sa 3 araw ng trabaho pagkatapos ihain ang mungkahi.**

VII. MGA PEREMPTORY CHALLENGE

Kodigo ng mga Regulasyon ng California, titulo 1, Seksyon 1034, mga subdibisyon (a) at (b) nagtatadhana sa kaugnay na bahagi na, alinsunod sa seksyon 425.40 ng Kodigo ng Pamahalaan, subdibisyon (d), ang isang partido ay karapat-dapat sa isang peremptory challenge (diskuwalipikasyon nang walang dahilan) ng isang ALJ na itinalaga sa Pagdinig ng OAH. Gayunman, hindi kailangan pahihintulutan ang isang peremptory challenge na gawin pagkatapos magsimula ang pagdinig.

Ang isang peremptory challenge ay dapat iukol sa Namamatnugot na Hukom, inihain sa lahat ng mga partido kung ginawa sa paraang nakasulat, at iniharap na sumusunod sa mga iniaatas sa seksyon 1034. Mahalagang tandaan na, kung sa panahon ng isang nakatakdang komperensiya bago ang pagdinig, ang isang ALJ ay itinalaga sa Pagdinig, anumang hamon ng itinalagang ALJ ay dapat gawin nang hindi lalampas sa pagsisimula ng komperensiyang iyon bago ang pagdinig.

Ang mga partido ay maaaring tumukoy sa Hukom ng Batas na Pampangasiwaan na didinig sa kanilang bagay sa pamamagitan ng pagtawag sa **(OAH, Special Education Division) sa (916) 263-0880, o sa pamamagitan ng pagrepaso sa on-line na kalendaryo sa www.oah.dgs.ca.gov (sundin ang pagkakaugnay sa Espesyal na Edukasyon para sa calendar option).**

VIII. PAG-AAYOS

Kung ang mga partido ay nagkaayos sa bagay, ang OAH ay dapat bigyan kaagad ng paunawa. Ang paunawa ay dapat na nakasulat, pero hindi kailangang kasama ang buong mga nilalaman ng kasunduan sa pag-aayos. Dapat na sapat na magbigay ng isang pahina na tumutukoy

sa kalikasan ng dokumento at mga kalahok at pahina ng pirma na may pirma ng bawat kalahok. Ang isang kahilingan para sa pagpapawalang-saysay batay sa pag-aayos ng lahat ng mga isyu na iniharap ng partido na humiling ng pagdinig ay dapat na sapat. Ang bagay ay dapat manatili sa kalendaryo at hindi dapat pawalang-saysay hanggang matanggap ng OAH ang wastong paunawa.

Kung ang mga partido ay nagkaayos at ginawang pangwakas ang kasunduan pagkatapos ng mga regular na oras (Lunes hanggang Biyernes sa pagitan ng 5:00 p.m. at 8:00 a.m. o sa araw ng Sabado o Linggo) maaari nilang tawagan ang OAH sa (916) 274-6035 at mag-iwan ng mensahe na ang pag-aayos ay naabot at ang isang ALJ ay hindi kailangang dumalo sa pagdinig. Ang katunayan ng pag-aayos sa pamamagitan ng isang kopya ng pinirmahang pahina ng pirma, stipulasyon ng mga partido, o paunawa ng pag-urong mula sa Nagpetisyon ay dapat na sabay na i-fax sa OAH sa (916) 376-6319.

IX. PAGKATAWAN

Seksyon 56502 ng Kodigo ng Edukasyon ng California, subdibisyon (h), ay nagtatadhana ng mga sumusunod: "Ang Superintendente o ang kanyang itinalaga ay dapat magkaloob sa parehong partido ng isang listahan ng mga tao at organisasyon sa loob ng lugar na maaaring magkaloob ng libre o binawasan ang halaga na pagkatawan o ibang tulong sa paghahanda para sa angkop na paraan ng pagdinig. Ang listahang ito ay dapat magsama ng isang maikling paglalarawan ng iniaatas upang maging kuwalipikado para sa mga serbisyo. **Ang listahang ito ay makukuha sa website ng OAH (http://www.oah.dgs.ca.gov) o sa pamamagitan ng kahilingan sa pamamagitan ng pagtawag sa OAH Sacramento Special Education Division sa (916) 263-0880.**

X. PAGHAHAIN NG LAHAT NG MGA DOKUMENTONG KAUGNAY SA IYONG KASO

Sa halip na hainan ng mga kopya ng lahat ng mga dokumentong may-kaugnayan sa iyong kaso ng koreo ng Estados Unidos, makakapili ka na ihain sa iyo ang mga dokumentong sa pamamagitan ng facsimile sa isang numero na pinili mo.

Upang mapili ang paghahain ng mga dokumento sa pamamagitan ng facsimile, mangyaring kumpletuhin ang kalakip na pormularyo at isumite ito sa:

Office of Administrative Hearings
2349 Gateway Oaks Drive, Suite 200
Sacramento, California 95833
Facsimile: (916) 376-6319

Petsa:

/p/

RICHARD CLARK
Namamatnugot na Hukom ng Batas na Pampangasiwaan
Opisina ng mga Pagdinig na Pampangasiwaan (Office of Administrative Hearings)

KAHILINGAN PARA SA PAGHAHAIN NG MGA DOKUMENTO

_____ **SA PAMAMAGITAN NG PAGHAHATID NG FACSIMILE**

Pangalan ng Kaso:

Numero ng Kaso:

Partidong Humiling na Makatanggap ng mga Dokumento:

Numero ng Facsimile para sa Paghahain ng mga Dokumento:

Sa pagpirma sa pormularyong ito, sumasang-ayon akong matanggap ang paghahain ng mga dokumento sa bagay na ito sa pamamagitan ng facsimile sa numero ng facsimile na nakalagay sa itaas na pinananatili.

_____
Pirma

Petsa: Hulyo 22, 2009

/p/
RICHARD M. CLARK
Namamatnugot na Hukom ng Batas na
Pampangasiwaan ng Dibisyon
Opisina ng mga Pagdinig na Pampangasiwaan
(Office of Administrative Hearings)

PORMULARYO 5: KAHILINGAN PARA SA PAGPAPALIBAN NG UNANG PETSA NG ANGKOP NA PARAAN NG PAGDINIG SA ESPESYAL NA EDUKASYON

OPISINA NG MGA PAGDINIG NA PAMPANGASIWAAN
ESTADO NG CALIFORNIA

MGA TAGUBILIN - MANGYARING BASAHING MABUTI

KAHILINGAN PARA SA PAGPAPALIBAN NG UNANG PETSA NG ANGKOP NA PARAAN NG PAGDINIG SA ESPESYAL NA EDUKASYON

Pagkatapos matanggap ang isang kahilingan para sa angkop na paraan ng pagdinig at/o pamamagitan, ang Opisina ng mga Pagdinig na Pampangasiwaan ay naglalabas ng isang Utos na pagtatakda na tumutukoy sa isang petsa ng pamamagitan, ang pangalan ng itinalagang tagapamagitan, isang petsa ng pagdinig, at ang petsa na dapat ibaba ng desisyon. Ang mga petsang ito ay nakatakda upang tiyakin ang pagsunod sa mga takdang panahon na pederal na ipinag-uutos.

Ang pederal na batas ay nagtatadhana ng eksepsiyon sa mga takdang panahon na pederal na ipinag-uutos. Ang OAH ay lumikha ng isang pormularyo na nilalayong makatulong sa mga partidong nais sumang-ayon na ipagpaliban ang mga takdang panahon para sa pagdinig at paglabas ng isang desisyon. Ang pormularyong ito ay maaari lamang gamitin kung ikaw ay sumasang-ayon na ipagpaliban ang mga naunang petsa na tinukoy sa utos na pagtatakda.

Kung hindi ka sumasang-ayon sa pagpapaliban ng mga petsang tinukoy sa utos na pagtatakda o gumawa ng ikalawang kahilingan para sa pagpapaliban dapat kang magsumite ng isang mungkahi o liham na humihiling ng isang pagpapaliban at tukuyin ang iyong dahilan para sa paghiling ng pagpapaliban. Ang OAH ay magbibigay sa mga partido ng tatlong araw ng trabaho upang sumagot sa iyong kahilingan para sa pagpapaliban bago maglabas ng isang pasiya. Rerepasuhin ng OAH ang liham o mungkahi upang ipasiya kung ang magandang dahilan para sa hiniling na pagpapaliban ay naipakita.

Pagpapatuloy ng Petsa ng Pagdinig

Ang mga partido ay maaaring sumang-ayon na ipagpaliban ang petsa ng pagdinig sa mga petsa na hindi hihigit sa 60 araw pagkaraan ng unang petsa ng angkop na paraan ng pagdinig. Dapat ka ring sumang-ayon sa bilang ng mga araw ng pagdinig na kakailanganin at tukuyin ang kabuuang bilang mga araw ng pagdinig na kailangan. Ang isang halimbawa ng kahilingan ay

Mga Hiniling na Petsa ng Pagdinig: Hunyo 1-3, 2008 (3 araw na kabuuan)

Pagpili ng isang Petsa ng Komperensiya Bago ang Pagdinig

Bilang karagdagan sa pagpili ng mga petsa para sa angkop na paraan ng pagdinig, ang mga partido ay dapat ring sumang-ayon sa isang petsa para sa komperensiya bago ang pagdinig. Ang petsang pinili para sa isang komperensiya bago ang pagdinig ay dapat na Lunes o Biyernes at hindi hihigit sa 14 na araw bago ang unang araw ng pagdinig. Ang araw na pinili ay dapat na 10 am o 1:30 pm.

Pagkatapos repasuhin at aprobahan ang kahilingang ito, tatanggap ka ng isang kopya ng dokumentong pinirmahan ng isang Hukom ng Batas na Pampangasiwaan.

OPISINA NG MGA PAGDINIG NA PAMPANGASIWAAN
ESTADO NG CALIFORNIA

KAHILINGAN PARA SA PAGPAPALIBAN NG UNANG PETSA NG ANGKOP NA PARAAN NG PAGDINIG SA ESPESYAL NA EDUKASYON

Numero ng Kaso: _____

Pangalan ng Estudyante:
_____

Unang Petsa ng Pagdinig: _____

Mga Hiniling na Petsa ng Pagdinig: _____

Petsa/Oras ng Komperensiya Bago ang Pagdinig:
_____

Naiintindihan at sumasang-ayon ang parehong partido na sa pagbabago ng mga petsa ng angkop na paraan ng pagdinig sila ay sumasang-ayon na palawigin ang takdang-panahon para sa paglabas ng isang desisyon.

_____ _____
(Pirma ng Magulang/Kinatawan) Petsa:

_____ _____
(Pirma ng Distrito/Kinatawan ng Ahensiya) Petsa:

_____ _____
(Pirma ng Kabilang Partido/Kinatawan) Petsa

FOR OAH USE ONLY
PARA LAMANG SA PAGGAMIT NG OAH

SINURI AT INAPROBAHAN

Ang kahilingan ng mga partido ay sinuri at dahil naipakita ang magandang dahilan ang bagay ay ipinagpapaliban sa mga petsang hiniling ng mga partido.

Ang Hukom ng Batas na Pampangasiwaan na itinalaga upang dinggin ang bagay na ito ay si _____.

Ang petsa na dapat matanggap ang deisyon sa bagay na ito ay pinalawig sa:_____.

Ipinag-utos ito ngayong ____ araw ng _____, 2010.

_____
Hukom ng Batas na Pampangasiwaan

PORMULARYO 6: HALIMBAWA NG KAHILINGAN PARA SA PAGPAPALIBAN BATAY SA MAGANDANG DAHILAN

[PETSA]

Office of Administrative Hearings
2349 Gateway Oaks Drive
Suite 200
Sacramento, CA 95833

Tungkol kay: John and Joanne Doe, Mga magulang para kay Jane Doe, Estudyante v. XXXX Unified School District, OAH Case Number 2009XXXXXX

Mahal na Namamatnugot na Hukom:

Ang angkop na paraan ng pagdinig sa bagay na ito ay nakatakda para sa Lunes, [petsa], hanggang Biyernes [petsa]. Hinihingi namin na ipagpaliban ang pagdinig dahil sa mga sumusunod na dahilan:

[IPAHAYAG ANG MGA DAHILAN]

[IPAHAYAG KUNG NAKIPAG-UGNAYAN KAYO SA DISTRITO O ABUGADO PARA SA DISTRITO AT SINUBOK NA PUMILI NG MGA BAGONG PETSA PARA SA KOMPERENSIYA BAGO ANG PAGDINIG AT PAGDINIG, AT IPAHAYAG ANG MGA PETSANG ITO.]

Ipinahahayag ko sa ilalim ng parusa sa pagbibigay ng hindi totoong sinumpaang pahayag sa ilalim ng mga batas ng Estado ng California na ang nauna ay totoo at tumpak at isinagawa sa [Lunsod, California] noong [petsa].

_____
Nakalimbag na Pangalan at Pirma

cc: Distrito ng paaralan
[Alinmang ibang mga partido]
[kumpletuhin at ilakip ang katunayan ng paghahain (Pormularyo 3), at ilakip ito sa iyong kahilingan para sa pagpapaliban.]

PORMULARYO 7: UTOS NA PAGTATAKDA AT PAUNAWA NG DOBLENG ANGKOP NA PARAAN NG PAGDINIG AT PAMAMAGITAN

SA HARAP NG
OPISINA NG MGA PAGDINIG NA PAMPANGASIWAAN
ESTADO NG CALIFORNIA

Sa Bagay ng: , , v. .	OAH CASE NO. PAUNAWA NG UTOS NA PAGTATAKDA NG MGA PETSA NG DOBLENG PAGDINIG KABILANG ANG PINADALING PAGDINIG, BAGO ANG PAGDINIG AT PAMAMAGITAN

Mangyaring basahing mabuti ang dokumento ito. Ito ay naglalarawan ng iba't ibang hakbang sa paraan na susundin sa bagay na ito, at kabilang ang iyong mga karapatan at responsibilidad sa bawat yugto.

Dahil ang mga isyung ipinahayag sa kahilingan, ang bagay ay itinakda para sa DALAWANG PETSA NG PAGDINIG. Ang unang petsa ng pagdinig ay haharap lamang sa mga isyu na paksa para sa "pinadaling" pagdinig at ang ikalawang petsa ng pagdinig ay haharap sa lahat ng mga isyu na ipinahayag sa reklamo.

Ang isang pinadaling pagdinig ay dapat kumpletuhin sa loob ng dalawampung (20) araw ng paaralan mula sa petsa ng kahilingan at isang desisyon sa loob ng sampung (10) araw ng paaralan para sa pagkumpleto ng pagdinig. Dahil dito, ang mga partido **AY HINDI MAAARING** magkasundo sa magkaibang petsa ng pagdinig at ang mga pagpapaliban ay hindi igagawad maliban sa mga natatanging pangyayari. Ang mga tanong tungkol sa kasong ito ay dapat itawag sa (916) 263-0880.

I. MGA NAKARESERBANG PETSA

PINADALING PAMAMAGITAN

PETSA:
ORAS:
LUGAR:

HINDI-PINADALING PAMAMAGITAN

PETSA:
ORAS:
LUGAR:

PINADALING KOMPERENSIYA BAGO ANG PAGDINIG

PETSA:
ORAS:
LUGAR: Sa Telepono – Ang OAH ay magpapasimula sa tawag

HINDI-PINADALING KOMPERENSIYA BAGO ANG PAGDINIG

PETSA:
ORAS:
LUGAR: Sa Telepono – Ang OAH ay magpapasimula sa tawag

PINADALING ANGKOP NA PARAAN NG PAGDINIG

PETSA:
ORAS:
LUGAR:

HINDI-PINADALING ANGKOP NA PARAAN NG PAGDINIG

PETSA:
ORAS:
LUGAR:

II. PAMAMAGITAN

Ang pamamagitan ay isang boluntaryo, kompidensiyal na paraan na isinasagawa ng isang walang-kinikilingang tagapamagitan sa isang hindi naglalaban, hindi pormal na atmospera. Ang pamamagitan sa mga kaso sa mga espesyal na edukasyon ay nakagawa ng mga paglutas na kasiya-siya sa bawat isa sa malaking mayoriya ng mga kaso.

III. KOMPERENSIYA BAGO ANG PAGDINIG

Ang isang komperensiya bago ang pagdinig ay isang komperensiya sa telepono na isinasagawa ng Hukom ng Batas na Pampangasiwaan at mga partido upang talakayin at linawin ang mga isyu sa angkop na paraan ng pagdinig, mga testigo, at ibang mga bagay bago ang pagdinig.

Ang bawat partido ay iniaatas na magharap ng isang PAHAYAG NG KOMPERENSIYA BAGO ANG PAGDINIG na dapat iharap nang hindi kukulangin sa **tatlong araw ng trabaho bago ang KOMPERENSIYA BAGO ANG PAGDINIG** sa Office of Administrative Hearings, Special Education Division, 2349 Gateway Oaks Drive, Suite 200, Sacramento, CA 95833. Ang pahayag ng komperensiya bago ang pagdinig ay maaaring iharap at ihain sa pamamagitan ng paghahatid ng fax sa (916) 376-6319. Ang mga partido ay hindi kailangang magpakoreo ng isang papel na kopya ng anumang dokumentong ipinadala sa pamamagitan ng fax. Ang mga partido ay hindi dapat magpadala sa pamamagitan ng koreo o facsimile ng mga kopya ng dokumentaryong ebidensiyang inilalaan para sa angkop na paraan ng pagdinig sa OAH. Sa Pahayag ng Komperensiya Bago ang Pagdinig ay dapat kabilang ang mga sumusunod:

a. Tantiya ng bawat partido ng oras na kailangan upang makumpleto ang Angkop na Paraan ng Pagdinig;

b. Isang maikling ngunit malaman na pahayag ng mga isyu na pagpapasiyahan pa sa Angkop na Paraan ng Pagdinig at ang iminumungkahing paglutas ng mga naturang isyu, batay sa mga isyung ito na ipinahayag sa kahilingan na angkop na paraan ng pagdinig;

c. Ang pangalan ng bawat testigo na maaaring tawagan ng partido sa Angkop na Paraan ng Pagdinig, isang maikling buod ng paksa ng inaasahang testimonya ng testigo, at isang paglalarawan ng isyu na may kaugnayan ang testimonya ng testigo;

d. Ang pangalan ng bawat testigo na maaaring tawagan ng partido sa Angkop na Paraan ng Pagdinig, isang maikling buod ng paksa ng inaasahang testimonya ng testigo, at isang paglalarawan ng isyu na may kaugnayan ang testimonya ng testigo;

e. Isang listahan ng dokumentaryong ebidensiya na hangad iharap ng partido, at isang paglalawaran ng anumang pisikal o nagpapakitang ebidensiya; at

f. Ang pangangailangan ng isang interpreter o espesyal na kaluwagan sa angkop na paraan ng pagdinig.

IV. ANGKOP NA PARAAN NG PAGDINIG

Isang walang-pinapanigang Hukom ng Batas na Pampangasiwaan ng Opisina ng mga Pagdinig na Pampangasiwaan ay magsasagawa ng pagdinig. May karapatan kang katawanin ang iyong sarili o katawanin ng isang abugado o ibang angkop na tao.

d. Mga Isyu: Ang pagdinig ay dapat na limitado sa mga isyung ipinahayag sa paunawa ng reklamo sa angkop na paraan. Hindi ka pahihintulutan na magpahayag ng ibang mga isyu maliban kung sumang-ayon ang ibang partido (o mga partido).

e. Pagkatawan ng Abugado: Dapat mo ring ipagbigay-alam sa kabilang partido (o mga partido) **nang hindi kukulangin sa sampung (10) araw ng kalendaryo nang maaga,** kung plano mong katawanin ng isang abugado sa pagdinig.

f. Ebidensiya: Hindi kukulangin sa **limang (5) araw ng trabaho** bago ang pagdinig, dapat kang magbigay sa ibang mga partido ng isang kopya ng lahat ng mga dokumento at isang listahan ng mga testigo na plano mong iharap sa pagdinig. Ang kabiguang gawin ito ay maaaring magresulta sa hindi pagsasama ng iyong mga dokumento at testigo sa pagdinig ng Hukom ng Batas na Pampangasiwaan. Ang mga eksibit ay dapat na minarkahan bago ang pagdinig, at dapat ilagay sa mga tagabigkis at may etiketa. Ang bawat may-etiketang tagabigkis ng eksibit ay dapat magtaglay ng isang detalyadong indise ng mga nilalaman nito, kabilang ang mga numero ng pahina. Ang alinmang dokumentaryong eksibit na higit sa apat na pahina ay dapat na may selyong Bates o may pahina sa loob, Kung may mga dumplikadong eksibit, ang pinakamalinaw na bersiyon ang gagamitin. Ang bawat panig ay dapat maghanda at dalhin sa pagdinig ang karagdagang tagabigkis ng eksibit para gamitin ng mga testigo, at isa pang karagdagang tagabigkis ng eksibit para gamitin ng ALJ.

Kung nais mong ipagpaliban ang angkop na paraan ng pagdinig upang mabisang lumahok sa pamamagitan o para sa ibang magandang dahilan, dapat mong iharap ang iyong kahilingan sa Opisina ng mga Pagdinig na Pampangasiwaan at ihain ang kahilingan sa kalabang partido. Ang mga partido ay hinihimok na magkita at magpulong tungkol sa mga petsa para sa Angkop na Paraan ng Pagdinig. Kung ang mga partido ay magkakasundo sa mga petsa para sa Angkop na Paraan ng Pagdinig at Komperensiya Bago ang Pagdinig,dapat isama ng mga partido ang mga petsang ito sa mungkahi na magpaliban.

V. MGA MUNGKAHI BAGO ANG PAGDINIG

LAHAT NG MGA MUNGKAHI BAGO ANG PAGDINIG ay dapat ihain sa kalabang paartido at iharap sa Opisina ng mga Pagdinig na Pampangasiwaan, Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon sa lugar sa Sacramento. ANG MGA MUNGKAHI BAGO ANG PAGDINIG ay kabilang ang mga mungkahi para sa pagpapaliban, pagpapawalang-saysay, pagpapanatili, o anumang ibang kahilingan para sa isang pagdinig ng isang ALJ, na nakakaapekto sa mga karapatan ng mga partido. **Kung nais ng isang partido na salungatin ang isang mungkahi, ang naturang pagsalungat ay dapat matanggap ng OAH sa lugar sa Sacramento nang hindi lalampas sa 3 araw ng trabao pagkatapos ihain ang mungkahi.**

VI. MGA PEREMPTORY CHALLENGE

Seksyon 1034 ng Kodigo sa Regulasyon ng California, mga subdibisyon (a) at (b) nagtatadhana sa kaugnay na bahagi na, alinsunod sa seksyon 425.40 ng Kodigo ng Pamahalaan, subdibisyon (d), ang isang partido ay karapat-dapat sa isang peremptory challenge (diskuwalipikasyon nang walang dahilan) ng isang ALJ na itinalaga sa Pagdinig ng OAH.

Ang isang peremptory challenge ay dapat iukol sa Namamatnugot na Hukom, inihain sa lahat ng mga partido kung ginawa sa paraang nakasulat, at iniharap na sumusunod sa mga iniaatas sa seksyon 1034. Mahalagang tandaan na, kung sa panahon ng isang nakatakdang komperensiya bago ang pagdinig, ang isang ALJ ay itinalaga sa Pagdinig, anumang hamon ng itinalagang ALJ ay dapat gawin nang hindi lalampas sa pagsisimula ng komperensiyang iyon bago ang pagdinig. Gayunman, hindi kailangan pahihintulutan ang isang peremptory challenge na gawin pagkatapos magsimula ang pagdinig.

Ang mga partido ay maaaring tumukoy sa Hukom ng Batas na Pampangasiwaan na didinig sa kanilang bagay sa pamamagitan ng pagtawag sa **(OAH, Special Education Division) sa (916) 263-0880, o sa pamamagitan ng pagtingin sa on-line na kalendaryo sa www.oah.dgs.ca.gov (sundin ang pagkakaugnay sa Espesyal na Edukasyon para sa calendar option).**

VII. PAGKATAWAN:

Seksyon 56502 , subdibisyon (h), ay nagtatadhana ng mga sumusunod: "Ang Superintendente o ang kanyang itinalaga ay dapat magkaloob sa parehong partido ng isang listahan ng mga tao at organisasyon sa loob ng lugar na maaaring magkaloob ng libre o binawasan ang halaga na pagkatawan o ibang tulong sa paghahanda para sa angkop na paraan ng pagdinig. Ang listahang ito ay dapat magsama ng isang maikling paglalarawan ng iniaatas upang maging kuwalipikado para sa mga serbisyo. Ang Superintendente o ang kanyang itinalaga ay dapat magkaroon ng kumpletong pagpapasiya sa pagtiyak kung aling mga indibidwal o grupo ang dapat isama sa listahan." Sa ilalim na naunang tadhana, "Superintendente" ay tumutukoy sa Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo ng Estado, at "itinalaga" ay kasalukuyang tumutukoy sa Office of Administrative Hearings (OAH) na, sa ilalim ng Interagency Agreement No. 4227, ay nangangasiwa ng mga ipinag-uutos na programa sa paglutas ng hidwaan sa espesyal na edukasyon. **Ang listahang ito ay makukuha kapag hiniling sa pamamagitan ng pagtawag sa (916) 263-0880.**

Petsa:

/p/
RICHARD CLARK
Namamatnugot na Hukom ng Batas na Pampangasiwaan ng Dibisyon
Opisina ng mga Pagdinig na Pampangasiwaan (Office of Administrative Hearings)

PORMULARYO 8: UTOS NA PAGTATAKDA PARA SA PAMAMAGITAN LAMANG

SA HARAP NG
OPISINA NG MGA PAGDINIG NA PAMPANGASIWAAN
ESTADO NG CALIFORNIA

PAUNAWA NG PAMAMAGITAN

ESTUDYANTE:
DISTRITO NG PAARALAN:
NUMERO NG KASO:

HUMILING NA PARTIDO:

Ang isang kahilingan ng pamamagitan mula sa tinukoy sa itaas na partido a natanggap ng Office of Administrative Hearings, Special Education Division. Ang seksyon 56500.3 ng Kodigo ng Edukasyon ng California ay nag-aatas na magtakda kami ng petsa ng pamamagitan sa loob ng labinlimang (15) araw mula nang matanggap ang kahilingan. Ang pamamagitan ay dapat kumpletuhin sa loob ng 30 araw mula sa petsa na natanggap, maliban kung sumang-ayon ang mga partido na palawigin ang panahon para sa pamamagitan.

Ang paglahok sa pamamagitan sa boluntaryo, bagaman malakas na hinihimok namin ang paglahok, dahil ang paraan ay nagreresulta sa isang paglutas ng napapailalim na hidwaan sa karamihan ang ma bagay na ito. Ang pamamagitan ay ginaganap sa isang hindi naglalabang atmospera ng isang walang-pinapanigang tagapamagitan. Upang itaguyod ang kapaligirang ito, ang mga abugado at ibang mga tagapayong pambatas na independiyenteng kontratista ay hindi pinahihintulutan na dumalo o lumahok sa ibang paraan. Maaari kang sumangguni sa isang abugado o tagapayong pambatas bago o pagkaraan ng pamamagitan. Maaari ka ring samahan sa pamamagitan ng isang taong tumutulong sa iyo na hindi isang abugado o tagapayong pambatas na independiyenteng kontratista o tagapayo.

PETSA:
ORAS:
LUGAR
TAGAPAMAGITAN:

Kung hindi ka makakadalo sa pamamagitan sa petsa at oras na nakatakda, dapat mong tawagan ang Office of Administrative Hearings, Special Education Division, sa (818) 904-2383, sa pinakamaagang panahon na magagawa. Babaguhin namin ang iskedyul ng pamamagitan sa isang petsa at oras na katanggap-tanggap sa lahat ng mga partido.

Kung ang tagapamagitan ay itinakda sa isang panahon na hindi ka makakarating, dapat kang makipag-ugnayan sa (mga) kalabang partido upang makakuha ng katanggap-tanggap na petsa at telepono.

Pagkatawan. Seksyon 56502 ng Kodigo ng Edukasyon ng California, subdibisyon (h), ay nagtatadhana ng mga sumusunod: "Ang Superintendente o ang kanyang itinalaga ay dapat magkaloob sa parehong partido ng isang listahan ng mga tao at organisasyon sa loob ng lugar na maaaring magkaloob ng libre o binawasan ang halaga na pagkatawan o ibang tulong sa paghahanda para sa angkop na paraan ng pagdinig. Ang listahang ito ay dapat magsama ng isang maikling paglalarawan ng iniaatas upang maging kuwalipikado para sa mga serbisyo. Ang Superintendente o ang kanyang itinalaga ay dapat magkaroon ng kumpletong pagpapasiya sa pagtiyak kung aling mga indibidwal o grupo ang dapat isama sa listahan." Sa ilalim na naunang tadhana, "Superintendente" ay tumutukoy sa Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo ng Estado, at "itinalaga" ay kasalukuyang tumutukoy sa Office of Administrative Hearings (OAH) na, sa ilalim ng Interagency Agreement No. CN088015, ay nangangasiwa ng mga ipinag-uutos na programa sa paglutas ng hidwaan sa espesyal na edukasyon. **Ang listahan ay makukuha kapag hiniling.**

Petsa:

OPISINA NG MGA PAGDINIG NA PAMPANGASIWAAN
2349 GATEWAY OAKS DRIVE, SUITE 200
SACRAMENTO, CA 95833-4231
TEL (916) 263-0880
FAX (916) 376-6319

PORMULARYO 9: HALIMBAWANG PINAGSAMANG PAGTALIKDAN NG SESYON NG PAGLUTAS

PINAGSAMANG PAGTALIKDAN NG SESYON NG PAGLUTAS

Office of Administrative Hearings
2349 Gateway Oaks Drive
Suite 200
Sacramento, CA 95833

Tungkol kay: John and Joanne Doe, Mga magulang para kay Jane Doe, Estudyante v. XXXX Unified School District, OAH Case Number 2009XXXXXX

Mahal na Namamatnugot na Hukom

Ang XXXXXX School District at mga Magulang, John and Joanne Doe, sa ngalan ni Jane Doe, Estudyante, dito ay magkasamang tinatalikdan ang sesyon ng paglutas sa bagay na ito.

_____
Nakalimbag na Pangalan at Pirma ng Magulang

_____
Nakalimbag na Pangalan at Pirma ng Kinatawan ng Distrito

cc: Distrito ng paaralan
[Alinmang ibang mga partido]
[kumpletuhin at ilakip ang katunayan ng paghahain (Pormularyo 3), at ilakip ito sa inyong pinagsamang pagtalikdan ng sesyon ng paglutas.]

PORMULARYO 10: HALIMBAWANG KAHILINGAN SA NAUUNANG MGA PETSA NG PAGDINIG

Office of Administrative Hearings)
2349 Gateway Oaks Drive
Suite 200
Sacramento, CA 95833

Tungkol kay: John and Joanne Doe, Mga magulang para kay Jane Doe, Estudyante v. XXXX Unified School District, OAH Case Number 2009XXXXXX
HALIMBAWANG KAHILINGAN SA NAUUNANG MGA PETSA NG PAGDINIG

Mahal na Namamatnugot na Hukom

Nagharap ako ng kahilingan para sa angkop na paraan ng pagdinig (reklamo) sa ngalan ng aking anak noong XXX XX, 2009. Naghain ako ng kopya ng reklamong iyon sa Distrito noong XXX XX, 2009. Ang Distrito ay nabigong magtakda ng isang sesyon ng paglutas sa loob ng 15 araw pagkatapos matanggap ang aking reklamo.

Ang isang lokal na ahensiyang pang-edukasyon (local educational agency, LEA) ay inaatasang magsagawa ng isang pulong ng paglutas sa mga magulang at mga may-kaugnayang miyembro ng pangkat ng Programang Ibinabagay na Edukasyon (Individualized Education Program, IEP) sa loob ng 15 araw pagkatapos matanggap ang paunawa ng reklamo ng Estudyante. (20 U.S.C. § 1415(f)(1)(B)(i)(I);[1] 34 C.F.R. § 300.510(a)(1) (2006).)

Ang 45-araw ng takdang panahon para sa angkop na paraan ng pagdinig ay nagsisimula sa araw pagkatapos ng isang pulong ng paglutas, maliban kung ang mga partido ay sumang-ayon sa liham na talikdan ang pulong ng paglutas. (34 C.F.R. § 300.513(b) & (c) (2006).) Kung ang LEA ay nabigong gumawa ng pulong ng paglutas sa loob ng 15 araw pagkatapos matanggap ang paunawa ng reklamo sa angkop na paraan o nabigong lumahok sa pulong ng paglutas, ang magulang ay maaaring humingi ng pamamagitan ng isang opisyal ng pagdinig upang simulan ang takdang panahon ng angkop na paraan ng pagdinig. (34 C.F.R. § 300.510(b)(5) (2006).)

Dahil dito, hiniling ko na ang mga petsa ng pagdinig sa bagay na ito ay paagahin, at ang angkop na paraan ng pagdinig ay isagawa sa pinakamaagang panahon na magagawa [o tukuyin ang mga mas gustong petsa.]

Nakalimbag na Pangalan at Pirma ng Magulang

cc: Distrito ng paaralan
[Alinmang ibang mga partido]

[1] Lahat ng pagbanggit ng batas ay sa Titulo 20 ng Kodigo ng Estados Unidos maliban kung iba ang ipinababatid.

[kumpletuhin at ilakip ang katunayan ng paghahain (Pormularyo 3), at ilakip ito sa iyong mungkahi na paagahin ang mga petsa ng pagdinig.]

PORMULARYO 11: PAUNAWA NG KOMPERENSIYA SA PAG-AAYOS

SA HARAP NG
OPISINA NG MGA PAGDINIG NA PAMPANGASIWAAN
ESTADO NG CALIFORNIA

Sa Bagay ng: , v. , (mga) Magulang sa ngalan ng, Estudyante,	OAH CASE NO. UTOS NA NAGTATATAG NG BOLUNTARYONG KOMPERENSIYA NG PAG-AAYOS

Batay sa mga talakayan sa mga partido, ang sumusunod na utos ay inilabas:

1. **KOMPERENSIYA SA BOLUNTARYONG PAG-AAYOS.** Ang isang Komperensiya sa Boluntaryong Pag-aayos ay isasagawa sa harap ng isang Hukom ng Batas na Pampangasiwaan ng Opisina ng mga Pagdinig na Pampangasiwaan. Ang mga pangangatwiran sa komperensiya para sa pag-aayos ay hindi kinakailangan, pero maaaring iharap alinsunod sa Kodigo ng mga Regulasyon ng California, titulo 1, seksyon 1028, subdibisyon (f).

PETSA:
ORAS:
LUGAR:

2. Lahat ng mga taong kailangan sa paglutas ng kasong ito ay dapat humarap sa lahat ng mga komperensiya sa pag-aayos, maliban kung pinahintulutang hindi humarap ng isang Hukom ng Batas na Pampangasiwaan ng Opisina ng mga Pagdinig na Pampangasiwaan.

3. Ang mga partido ay dapat patuloy na makipagpulong at makipagtulungan sa isa't isa (1) upang padaliin ang palitan ng ebidensiya, (2) upang maabot ang mga kondisyon ng mga katotohanan, batas at ang pagiging katanggap-tanggap ng ebidensiya upang itaguyod ang mahusay na pagsasagawa ng pagdinig, at (3) upang itaguyod ang mga produktibong talakayan ng pag-aayos.

4. Ang opisinang ito ay hindi mag-aalis ng anumang nakatakdang petsa sa kalendaryo batay sa pag-aayos ng kaso, maliban kung ang mga partido ay nagharap ng isang kopya ng isang lubos na isinagawang kasunduan sa pag-aayos na naglulutas ng lahat ng mga

isyu sa kaso bago ang nakatakdang petsa. Sa panghalili, ang nagpetisyon ay maaaring magharap at maghain ng isang liham na humihingi sa opisinang ito na maglabas ng utos na nagpapawalang-saysay batay sa isang pangwakas na pag-aayos ng lahat ng mga isyu sa kaso.

5. Lahat ng iba pang mga paghaharap sa kasong ito ay dapat gawin sa Office of Administrative Hearings, Special Education Division, Gateway Oaks Drive, Suite 200, Sacramento, CA 95833 o sa pamamagitan ng facsimile sa (916) 376-6319. (Walang kopya ng anumang dokumento na iniharap sa pamamagitan ng facsimile ang dapat ipakoreo sa OAH.)

Petsa:

/p/
RICHARD CLARK
Namamatnugot na Hukom ng Batas na Pampangasiwaan ng Dibisyon
Opisina ng mga Pagdinig na Pampangasiwaan (Office of Administrative Hearings)

PORMULARYO 12: HALIMBAWANG PAHAYAG SA KOMPERENSIYA BAGO ANG PAGDINIG

PAHAYAG G KOMPERENSIYA BAGO ANG PAGDINIG SA OAH CASE #2008XXXXXX
XXXXX at XXXXX XXXXX, Mga Magulang para kay XXXX XXXXX, Estudyante
v.
XXXX XXXX School District

A. Sa panahong ito tinatantiya ko ang dalawang araw upang makumpleto ang Angkop na Paraan ng Pagdinig. Tinatantiya ko ang isang araw para makumpleto ang aking bahagi ng pagdinig, at isang araw para sa DIstrito upang makumpleto ang bahaging ito ng pagdinig.

B. Ang mga isyung hindi pa napagpapasiyahan sa Angkop na Paraan ng Pagdinig ay nakalista sa ibaba:

1. **Isyu 1 ng Estudyante:** Ang estudyante ba ay karapat-dapat sa independiyenteng mga pagtayang pang-edukasyon (independent educational assessments, IEE) sa mga lugar ng pagsasalita at wika at paggamot na pagtatrabaho dahil hindi sumang-ayon ang magulang ng Estudyante sa mga pagtaya ng Disrito sa mga lugar na ito, hiniling ng mga IEE, at ang mga pagtaya ng Distrito sa mga lugar na ito ay hindi angkop.
   Iminumungkahing Paglutas: Utos ng OAH na ang pondohan ng Distrito ang mga IEE sa mga lugar ng pagsasalita at wika at paggamot na pagtatrabaho.

2. **Isyu 2 ng Estudyante:** Nangangailangan ba ang estudyante ng indibidwal na sesyon na paggamot at indibidwal na sesyon ng paggamot na pagtatrabaho upang makatanggap ng isang libreng angkop na pampublikong edukasyon?
   Iminumungkahing Paglutas: Indibidwal na paggamot sa pagsasalita at wika na ipagkakaloob tatlumpung minuto bawat linggo, at indibidwal na OT na ipagkakaloob tatlumpung minuto bawat linggo. Gayon din, ang kompesatoryong edukasyon sa mga lugar ng paggamot ng pagsasalita at wika at OT.

3. **Isyu 1 ng Distrito:** Ang mga pagtaya ba ng mga Distrito ng Estudyante sa mga lugar ng pagsasalita at wika at paggamot na pagtatrabaho ay angkop sa ilalim ng batas ng California? **Iminumungkahing Paglutas:** Utos ng OAH na ang mga pagtaya ng mga Distrito sa mga lugar ng pagsasalita at wika at paggamot na pagtatrabaho ay hindi angkop sa ilalim ng batas ng California? Utos ng OAH na pondohan ng Distrito ang mga IEE sa lugar ng pagsasalita at sa lugar ng paggamot na pagtatrabaho.

4. **Isyu 2 ng Distrito:** Ang mga panggrupong sesyon sa pagsasalita at wika at paggamot na pagtatrabaho, gaya ng iniaalok ng Distrito, ay nakakatugon sa mga pangangailangan ng Estudyante sa mga lugar na ito at bumubuo ng isang libreng angkop na pampublikong edukasyon para sa Estudyante.
   Iminumungkahing Paglutas: Utos ng OAH na ang mga panggrupong sesyon sa pagsasalita at wika at paggamot na pagtatrabaho na inialok ng Distrito ay hindi

nakakatugon sa mga pangangailangan ng Estudyante sa mga lugar na ito, at hindi bumubuo ng isang libreng angkop na FAPE para sa Estudyante. Utos ng OAH para sa mga indibidwal na serbisyo sa bawat isa ng mga lugar na ito, at mga kompensatoryong edukasyon sa bawat isa ng mga lugar na ito.

C. Hangad kong tawagan ang mga sumusunod na testigo upang magbigay ng testimonya sa Angkop na Paraan ng Pagdinig:
    1. XXXX XXXX, guro ng SDC 3,4,5 grado sa XXXXXXXX Elementary School. Inaasahan ko na tetestigo siya na ang mga pagtaya ng Distrito ng Estudyante ay hindi angkop, na ang Estudyante ay nangangailangan ng indibidwal na paggamot sa pagsasalita at wika at indibidwal na paggamot na pagtatrabaho, at ang panggrupong paggamot ay hindi nakakatugon sa mga pangangailangan ng Estudyante o magkaloob sa Estudyante ng isang libreng angkop na pampublikong edukasyon.
    2. XXXX XXXX, ang occupational therapist na kinuha ng Distrito na nagkumpleto ng pagtaya ng paggamot na pagtatrabaho ng Estudyante. Inaasahan ko na tetestigo siya tungkol sa kanyang pagtaya ng Estudyante.
    3. XXXX XXXX, ang speech therapist na kinuha ng Distrito na nagkumpleto ng pagtaya ng pagsasalita at wika ng Estudyante. Inaasahan ko na tetestigo siya tungkol sa kanyang pagtaya ng Estudyante.
    4. Ang parehong magulang ay tetestigo rin tungkol sa lahat ng mga isyu sa kasong ito.

D. Tatawagin ko ang mga sumusunod na ekspertong testigo:
    1. XXXXX XXXX, na isang occupational therapist. Inaasahan ko na magbibigay siya ng ekspertong opinyon na kailangan ng Estudyante ng indibidwal na sesyon sa paggamot na pagtatrabaho upang makinabang sa kanyang edukasyon, at ang ulat ng paggamot na pagtatrabaho na ginawa ng Distrito ay hindi angkop.
    2. XXXXX XXXX, na isang speech and language therapist. Inaasahan ko na magbibigay siya ng ekspertong opinyon na kailangan ng Estudyante ng indibidwal na sesyon sa paggamot ng pagsasalita at wika upang makinabang sa kanyang edukasyon, at ang ulat sa paggamot sa pagsasalita at wika na ginawa ng Distrito ay hindi angkop.

E. Ang dokumentaryo, pisikal o nagpapakitang ebidensiya na hangad ng partidong ito na iharap ay nakalista sa ibaba:

    1. Transcript mula sa inirekord na teyp na pulong ng IEP ng XX/XX/XX.
    2. Tuwing Tatlong Taon na IEP na may petsang XX/XX/XX, kabilang ang Pagtimbang ng Isipan-Edukasyon, Planong Ibinabagay na Edukasyon, Ulat sa Pagsasalita at Wika, at Ulat sa Paggamot na Pagtatrabaho.
    3. Planong Ibinabagay na Edukasyon na may petsang XX/XX/XX.

F. Walang interpreter o mga espesyal na kaluwagan na kailangan.

cc: Distrito ng paaralan
[Alinmang ibang mga partido]
[kumpletuhin at ilakip ang katunayan ng paghahain (Pormularyo 3), at ilakip ito sa iyong komperensiya bago ang pagdinig.]

FORM 13: SUBPOENA

BEFORE THE
OFFICE OF ADMINISTRATIVE HEARINGS

In the Matter of:	Agency / Agency Case No. OAH No.

☐ **SUBPOENA:** *Requesting Testimony* ☐ **SUBPOENA DUCES TECUM:** *Requesting the Production of Records or Things*

THE PEOPLE OF THE STATE OF CALIFORNIA SEND GREETINGS TO:	*(name and address of person being subpoenaed)*
1. At the request of ☐ Petitioner ☐ Respondent *(party name)* _____	*(name, address and telephone number of contact person)*

2. **You are hereby commanded, business and excuses being set aside, to appear as a witness on:**

(date) _____, **at** *(time)* _____, **and then and there to testify at:** *(location)*

☐ OAH, 2349 Gateway Oaks Drive, Suite 200, Sacramento CA 95833
☐ OAH, 320 West Fourth Street, Room 630, Los Angeles CA 90013
☐ OAH, 1515 Clay Street, Suite 206, Oakland CA 94612
☐ OAH, 1350 Front Street, Room 6022, San Diego CA 92101
☐ Other: _____, California.

☐ 3. You are not required to appear in person if you produce the records described in the accompanying affidavit and a completed declaration of custodian of records in compliance with Evidence Code sections 1560, 1561, 1562, and 1271. (1) Place a copy of the records in an envelope (or other wrapper). Enclose your original declaration with the records. Seal them. (2) Attach a copy of this subpoena to the envelope or write on the envelope the case name and number, your name and date, time, and place from item 2 (the box above). (3) Place this first envelope in an outer envelope, seal it, and mail it to the Office of Administrative Hearings at the address checked in item 2. (4) Mail a copy of your declaration to the attorney or party shown in item 1.

☐ 4. You are not required to appear in person if you produce the records described in the accompanying affidavit and a completed declaration of custodian of records in compliance with Evidence Code section 1561.
By _____ *(date)*, **send the records to**:

NOTE: This manner of production may not satisfy the requirements of Evidence Code section 1561 for admission at hearing.

☐ 5. You are ordered to appear in person and to produce the records described in the accompanying affidavit. The personal appearance of the custodian or other qualified witness and the production of the original records is required by this subpoena. The procedure authorized by subdivision (b) of section 1560, and sections 1561 and 1562 of the Evidence Code will not be deemed sufficient compliance by this subpoena.

6. **Disobedience to this subpoena will be punished as contempt of court in the manner prescribed by law.**
7. **Witness Fees**: Upon service of this subpoena, you are entitled to witness fees and mileage actually traveled both ways, as provided by law, if you so request. You may request them before your scheduled appearance from the person named in item 1. *See Government Code sections 11450.05, 11450.50, 68092.5-68093, and 68096.1-68097.10.*
8. **IF YOU HAVE ANY QUESTIONS ABOUT WITNESS FEES OR THE TIME OR DATE YOU ARE TO APPEAR, OR TO BE CERTAIN THAT YOUR PRESENCE IS REQUIRED ON THE DATE AND TIME SPECIFIED ABOVE, CONTACT THE PERSON REQUESTING THIS SUBPOENA, LISTED IN ITEM 1 ABOVE, BEFORE THE DATE LISTED IN ITEM 2 ABOVE.**

*(Date Issued)*_____ *(Signature of Authorizing Official)*_____

*(Printed Name)*_____ *(Title)*_____

OAH-1 (Rev. 10/06)

PORMULARYO 14: SAMPLE ORDER KASUNOD NG KOMPERENSIYA BAGO ANG PAGDINIG

SA HARAP NG
OPISINA NG MGA PAGDINIG NA PAMPANGASIWAAN
ESTADO NG CALIFORNIA

Sa Bagay ng: XXXXXXXXXXXXX, Nagpetisyon, v. XXXXXXXXXXXXXXXXX, Respondent.	OAH CASE NO. 20XXXXXXXXX UTOS KASUNOD NG KOMPERENSIYA BAGO ANG PAGDINIG

Noong [XXXXX XX, 20XX,] isang komperensiya bago ang pagdinig sa pamamagitan ng telepono (telephonic prehearing conference, PHC) ay ginanap sa harap ng Administrative Law Judge (ALJ) [XXXXXXX XXXXXXX,] Office of Administrative Hearings, Special Education Division (OAH). [XXXX XXXX,] Abugado, humarap para kay/sa [XXXXXX (Estudyante/Distrito).] [XXXXXX XXXX,] Abugado, humarap para kay/sa [XXXXX (Estudyante/Distrito)]. Ang PHC [ay/ay hindi] inirekord.

Batay sa mga talakayan sa mga partido, ang ALJ ay naglabas ng mga sumusunod na utos:

1. Mga Petsa, Oras, at Lugar ng Pagdinig. Ang pagdinig [ay ipinagpaliban sa mungkahi ni XXXX/magkasamang mungkahi ng mga partido at dapat ganapin sa [XXXXXX XX, XX at XX, 20XX.] Ang pagdinig ay dapat magsimula bawat araw sa [XX:XX a.m./p.m.] at matapos sa [XX:XX a.m./p.m.] [hindi kasama ang unang araw ng pagdinig, kung kailan ang pagdinig ay dapat magsimula sa XX:XX a.m./p.m.], maliban kung iniutos, sa mga opisina ng [XXXXXXXXXXXX,] na matatagpuan sa [XXXXXXXXXXXX].[2]

[2] Isang silid ng komperensiya sa iisang mesa ng komperensiya ay hindi angkop. Sa pinakamababa, ang silid ay may (1) isang mesa para sa abugado at (mga) magulang na Estudyante; (2) isang mesa para sa abugado ng Distrito at kinatawan ng Distrito; (3) isang mesa para sa ALJ; at (4) isang mesa para sa testigo. [Ang silid ay dapat na mayroon ding speakerphone.] Ang isang silid ng lupon ay karaniwang nakakaya ang isang angkop na paraan ng pagdinig.

Ang mga partido ay dapat magbigay kaagad ng paunawa sa lahat ng mga maaaring maging testigo ng mga petsa ng pagdinig, at dapat padalhan ng subpoena ang mga testigo kung kailangan, upang matiyak na ang mga testigo ay darating upang tumestigo. Ang isang testigo ay hindi itituring na hindi makakarating para sa mga layunin na magpakita ng "magandang dahilan" upang ipagpaliban ang pagdinig kung ang testigo ay hindi wastong nabigyan ng petsa ng pagdinig o wastong binigyan ng subpoena, gaya ng angkop.

2. Mga Isyu at Iminumungkaing Resolusyon. Ang mga isyu sa angkop na paraan ng pagdinig ay ang mga ipinaratang sa angkop na paraan ng reklamo, gaya ng nilinaw ng mga partido at ng ALJ sa PHC:

a)

b)

c)

3. Mga Eksibit. Ang mga eksibit ay dapat na namarkahan na at inilagay sa tatlong-ring na mga tagabigkis ng eksibit bago ang pagdinig. Dapat gamitin ng [Estudyante/Distrito] ang mga numero at dapat gamitin ng [Distrito/Estudyante] ang mga letra upang tukuyin ang mga eksibit. Ang bawat eksibit ay dapat na may panloob na numero, batay sa eksibit, o lahat ng mga eksibit ng isang partido ay na may selyong Bates. Ang bawat tagabigkis ng eksibit ay dapat magtaglay ng isang detalyadong talaan ng mga nilalaman. Ang bawat partido ay dapat maghain ng isang tagabigkis ng eksibit na nagtataglay ng mga kani-kanyang eksibit sa kabilang partido bago lumampas ang 5:00 p.m. sa XXXXXXXX XX, 20XX. Sa pagdinig, ang mga partido ay dapat magkaloob ng tagabigkis ng eksibit na nagtataglay ng kani-kanyang mga eksibit para gamitin ng ALJ, at isang ikalawang tagabigkis ng eksibit para gamitin ng mga testigo. Ang mga partido ay hindi maaaring maghain ng mga eksibit sa OAH bago ang pagdinig. Kung may mga duplikadong eksibit, ang pinakamalinaw na bersiyon ay gagamitin.

Maliban sa magandang dahilan na ipinakita, o maliban kung ginamit lamang para sa pagpapabulaan o impeachment, alinmang eksibit na hindi kasama sa mga listahan ng eksibit at hindi dapat ibinahagi ay hindi dapat tanggapin bilang ebidensiya sa pagdinig maliban kung ito ay sinusuportahan ng nakasulat na pahayag sa ilalim ng parusa sa pagbibigay ng hindi totoong sinumpaang pahayag, at nagpasiya ang ALJ na ito ay matatanggap.

4. Mga Testigo. Ang bawat partido ay responsable sa pagtiyak ng pagdalo sa pagdinig ng mga sarili nitong testigo. Dapat gawin ng bawat partido ang mga testigo na nasa kanilang kontrol na makatwirang makakadalo. Dapat itakda ng mga partido ang kanilang mga testigo upang iwasan ang mga pagkaantala sa pagdinig at upang paliitin hanggang maaari o alisin ang pangangailangan na tawagin ang mga testigo na wala sa kaayusan. Alinmang partido ay dapat pahintulutan na tawagin ang alinmang testigo na hindi isiniwalat sa pahayag ng komperensiya bago ang pagdinig maliban sa magandang dahilan na ipinakita, sinusuportahan ng nakasulat na pahayag sa ilalim ng parusa sa pagbibigay ng hindi totoong sinumpaang pahayag, at sa pagpapasiya ng ALJ.

[Ang mga partido ay inuutusan na magkita at magpulong bago lumampas ang XXXX XX, 20XX, tungkol sa iskedyul ng mga testigo/Ang mga partido ay sumang-ayong makipag-ugnayan tungkol sa kahandaan at utos ng testimonya ng mga testigo na mayroong testigo upang magbigay ng

testimonya sa lahat ng oras sa panahon ng pagdinig, at upang matiyak na ang pagdinig ay kumpleto gaya ng nakatakda.]

[Ang mga sumusunod na testigo ay tatawagin upang magbigay ng testimonya bago ang XXXXXX:]

[Ang mga sumusunod na testigo ay tatawagin upang magbigay ng testimonya bago ang XXXXXX:]

[Ang iskedyul ng testigo ay gagawing pangwakas sa simula ng angkop na paraan ng pagdinig.]

[XXXXX ay tumukoy sa XX testigo na tatawagin sa pagdinig, at XXXXX ay tumukoy sa XX testigo. Ang ilan sa mga testigo ay inilista ng parehong partido.. Sa katotohanan na XXX araw ang itinakda para sa pagdinig sa bagay na ito, magiging mahirap na kumpletuhin ang pagdinig gaya ng nakatakda. Dahil dito, bago lumampas ang XX:XX p.m. sa XXXXXX XX, 20XX, ang bawat partido ay dapat maghain sa kabilang patido at sa OAH na isang pansamantalang listahan ng testigo, kabilang ang isang tantiya ng tagal ng direct examination na testimonya, at mga notasyon tungkol sa mga testigo na hangad tawagin ng partido, kasalungat ng mga testigong maaaring tawagin ng partido, depende sa daloy ng pagdinig at ng ebidensiya. Bago ang pagsisimula ng angkop na paraan ng pagdinig, ang ALJ at ang mga partido ay tatalakay sa haba ng oras na inaasahan para sa cross-examination ng bawat testigo at mga isyu sa pag-iskedyul para sa mga indibidwal na testigo, at gagawing pangwakas ng ALJ ang iskedyul ng testigo. Ang ALJ ay may pagpapasiya na limitahan ang bilang ng mga testigong magbibigay ng testimonya at sa oras na ipinahihintulot sa testimonya ng mga testigo.]

5. Testimonya sa Pamamagitan ng Telepono. [Ang isang partidong naghahangad na tumawag ng testigo upang magbigay ng testimonya sa pamamagitan ng telepono ay dapat mangmungkahi nang maaga para gawin ito.] [Ang mungkahi ni XXXXX na pahintulutan si XXXXX na magbigay ng testimonya sa pamamagitan ng telepono ay iginawad/ipinagkait.] [XXXXX ay dapat magbigay ka XXXXX ng isang kumpletong tagabigkis ng eksibit mula sa bawat partido, nagtataglay ng lahat ng mga eksibit ng bawat partido, bago ang pagdinig, at dapat tiyakin na ang silid ng pagdinig ay may kagamitan para sa tunog na nagpapahintulot sa lahat ng nasa silid na marinig ang testigo.]

6. Napapanahong Pagsisiwalat ng mga Testigo/Eksibit. [Ang kahilingan ni XXXX na antalahin ang pagsisiwalat ng mga testigo/eksibit hanggang XXXXXXXXXXXX araw bago ang pagdinig ay ipinagkait/iginawad, at ang mga testigo/eksibit ay dapat ibahagi bago lumampas ang XXXXXX sa XX:XX a.m./p.m.] [Seksyon 56505 ng Kodigo ng Edukasyon, subdibisyon (e)(7), ay natatadhana ng pagsisiwalat ng mga testigo at eksibit nang "hindi kukulangin" sa limang araw ng trabaho bago ang pagdinig.] [Ang utos ng OAH noong XXXXX XX, 20XX, ay ispesipikong nag-utos na pagbibigay ng mga listahan ng lahat ng mga testigo/dokumneto sa mas maagang petsa, upang sabihin: hindi kukulangin ang tatlong araw ng trabaho bago ang PHC na ito.]

7. Utos na Paghaharap ng Ebidensiya. [Ang bagay na ito ay pinag-isa, at kaugnay dito ang ang XXX partido. Ang utos na paghaharap ng ebidesiya ay dapat na gaya ng mga sumusunod: XXXXX] [Kung ang isang testigo ay tatawagin ng higit sa isang partido, XXXXXX.]

8. Mga Mungkahi. [Mga pasiya sa mga mungkahing ginawa sa PHC.] [Walang mga mungkahi ang paglilitis na nakabinbin o pinag-iisipan. Anumang mungkahi na iniharap pagkatapos ng petsang ito ay dapat na sinusuportahan ng isang deklarasyon sa ilalim ng parusa sa pagbibigay ng hindi totoong sinumpaang pahayag na itinatag ang magandang dahilan kung bakit ang mungkahi ay hindi ginawa bago ang o sa panahon ng komperensiya bago ang pagdinig ng XXXXX XX, 20XX.]

9. Mga Kondisyon Ang mga kondisyon sa mga may-kaugnayang bagay, mga palagay o paglutas ay hinihimok. Anumang iminumungkahing kondisyon ay dapat isumite sa itinalagang ALJ sa nakasulat na pormularyo.

10. Pagsasagawa ng Pagpapayo at Decorum ng Silid ng Pagdinig. Mga payo, lahat ng mga partido, at lahat ng testigo ay dapat kumilos sa isang propesyonal at magalang na paraan sa lahat ng oras. Ang mga selular na telepono, mga pager, mga tagarekord, at ibang mga kagamitang elektroniko sa paggawa ng ingay ay dapat sarhan o ilagay sa vibrate sa panahon ng pagdinig maliban kung ang permiso na kasalungat ay nakuha mula sa ALJ.

11. Pagbabayad. Alinmang partido na naghahangad ng pagbabayad ng mga paggasta ay dapat magharap ng tinatanggap na ebidensiya ng mga paggastang ito, o isang kondisyon ng halaga ng mga paggasta, bilang bahagi ng kaso.

12. Mga Espesyal na Pangangailangan at Kaluwagan. Ang isang [XXXXXX] interpreter ng wika [para sa ibang kaluwagan] ay iniaatas.

13. Pagdinig Bukas/Sarado sa Publiko. [Sa kahilingan ng magulang, ang pagdinig ay magiging bukas sa publiko.]

14. Pag-aayos. Ang mga partido ay hinihimok na ipagpatuloy ang kanilang mga pagtatangka na magkasundo bago ang angkop na paraan ng pagdinig. Dapat sulatan kaagad ng mga partido ang OAH kung nagkasundo sila o nalutas ang hidwaan bago ang nakatakdang pagdinig. Ang pag-aayos ay nagawa limang araw o mas kaunti kaysa limang araw bago ang angkop na paraan ng pagdinig ay nakatakdang magsimula, ang mga partido ay dapat, bilang karagdagan, na ipagbigay-alam kaagad sa OAH ang katotohanan sa pamamagitan ng telepono sa (916) 263-0880. KUNG ANG ISANG BUO AT PANGWAKAS NA PAG-AAYOS AY NAGAGAWA PAGKARAAN NG 5:00 P.M. ANG ARAW BAGO ANG PAGDINIG, ANG MGA PARTIDO AY DAPAT MAG-IWAN NG VOICEMAIL MESSAGE TUNGKOL SA PAG-AAYOS SA (916) 274-6035, AT DAPAT DING MAG-IWAN NG MGA NUMERO NG SELULAR NA TELEPONO NG [BAWAT PARTIDO/ABUGADO PARA SA BAWAT PARTIDO.] Titingnan ng ALJ ang mga mensahe sa gabi bago ang pagdinig at umaga ng pagdinig.

13. Ang Kabiguang sumunod sa utos na ito ay maaaring magresulta sa hindi pagsasama ng ebidensiya o ibang mga parusa.

ITO AY IPINAG-UUTOS.

Petsa: XXXXXX XX, 20XX.

_____

XXXXXXXXX XXXXXXXX

Hukom ng Batas na Pampangasiwaan

Opisina ng mga Pagdinig na Pampangasiwaan (Office of Administrative Hearings)

PORMULARYO 15: HALIMBAWA NG KAHILINGAN PARA SA PAGPAPALIBAN NG KOMPERENSIYA BAGO ANG PAGDINIG BATAY SA MAGANDANG DAHILAN

[PETSA]

Office of Administrative Hearings
2349 Gateway Oaks Drive
Suite 200
Sacramento, CA 95833

Tungkol kay: John and Joanne Doe, Mga magulang para kay Jane Doe, Estudyante v. XXXX Unified School District, OAH Case Number 2009XXXXXX

Mahal na Namamatnugot na Hukom:

Ang komperensiya bago ang pagdinig sa bagay na ito ay nakatakda sa sa Lunes, [petsa], hanggang Biyernes [petsa]. Hinihingi namin na ipagpaliban ang pagdinig dahil sa mga sumusunod na dahilan:

[IPAHAYAG ANG MGA DAHILAN]

[IPAHAYAG KUNG NAKIPAG-UGNAYAN KAYO SA DISTRITO O ABUGADO PARA SA DISTRITO AT SINUBOK NA PUMILI NG MGA BAGONG PETSA PARA SA KOMPERENSIYA BAGO ANG PAGDINIG AT PAGDINIG, AT IPAHAYAG ANG MGA PETSANG ITO.]

Ipinahahayag ko sa ilalim ng parusa sa pagbibigay ng hindi totoong sinumpaang pahayag sa ilalim ng mga batas ng Estado ng California na ang nauna ay totoo at tumpak at isinagawa sa [Lunsod, California] noong [petsa].

_____
Nakalimbag na Pangalan at Pirma

cc: Distrito ng paaralan
[Alinmang ibang mga partido]
[kumpletuhin at ilakip ang katunayan ng paghahain (Pormularyo 3), at ilakip ito sa iyong kahilingan para sa pagpapaliban.]

PORMULARYO 16: HALIMBAWANG PAUNAWA NG DI-KASAPATAN (NOTICE OF INSUFFICIENCY, NOI)

Sa: Namamatnugot na Hukom:
Opisina ng mga Pagdinig na Pampangasiwaan (Office of Administrative Hearings)

Tungkol kay Case No. XXXXXXXX
Pangalan ng Estudyante v. Distrito
PAUNAWA NG KADI-KASAPATAN

Ang distrito ng paaralan ay nagharap ng kahilingan para sa angkop na paraan ng pagdinig na tinukoy ng aking anak. Hindi ako naniniwala na ang reklamong ito ay sapat, at hinihiling ko na ituring ng OAH na ito ay hindi sapat.

Ang isang partido na ang angkop na paraan ng reklamo ay iniharap ay may karapatang salungatin ang kasapatan ng reklamo. (20 U.S.C. § 1415(b) & (c); Ed. Code § 56502, subd. (d)(1).) Ang partidong naghaharap ng reklamo ay hindi karapat-dapat sa isang pagdinig maliban kung ang reklamo ay nakatugon sa mga iniaatas ng seksyon 1415(b)(7)(A) at seksyon 56502 ng Kodigo ng Edukasyon, subdibisyon (c)(1). Seksyon 1415(c)(2)(D) ay nag-aatas na ang kasapatan ng reklamo ay timbangin batay sa harap ng reklamo.

Ang isang reklamo ay sapat kung ito ay nagtataglay ng: (1) isang paglalarawan ng kalikasan ng problema ng bata na may kaugnayan sa iminungkahing pagpapasimula o pagbabago na nauukol sa pagtukoy, pagtaya, o paglalagay na pang-edukasyon ng bata, o ang pagkakaloob ng isang libreng angkop na pampublikong edukasyon (free appropriate public education, FAPE) sa bata; (2) mga bagay na may kaugnayan sa problema; at (3) isang iminungkahing paglutas ng problema kung alam at makukuha ng partido sa panahong iyon. (§ 1415(b)(7)(A)(ii)(III) & (IV).) Ang layunin ng mga iniaatas ay itaguyod ang pagiging makatarungan sa pamamagitan ng pagkakaloob sa mga respondent ng isang ispesipikong pagkaunawa ng mga paratang at magkaloob sa distrito ng paaralan ng sapat na impormasyon upang gumawa ng ispesipikong sagot sa reklamo gaya ng iniaatas ng seksyon 1415(c)(2)(B), at upang lumahok sa isang sesyon ng paglutas at pamamagitan sa ilalim ng seksyon 1415, mga subseksyon (e) at (f). Karapat-dapat malaman ng partido na nilalabanan ng reklamong iniharap ang kalikasan ng mga ispesipikong paratang na ginagawa laban sa kanya, upang magawa niyang maghanda ng depensa. (*Tadano v. Manney* (9th Cir. 1947) 160 F.2d 665, 667; *Hornsby v. Allen* (5th Cir. 1964) 326 F.2d 605, 608.)

Hindi ko matiyak ang sinasabi ng distrito ng paaralan. [Mas ispesipikong detalye, kung nais mo.] Dahil dito, hinihiling ko na ituring ng OAH ang reklamo na hindi sapat.

Matapat,

XXXXXXXXXX

cc: Distrito ng paaralan

[Alinmang ibang mga partido]
[kumpletuhin at ilakip ang katunayan ng paghahain (Pormularyo 3), at ilakip ito sa iyong mungkahi.]

PORMULARYO 17: HALIMBAWANG MUNGKAHI PARA MANATILI

Sa: Namamatnugot na Hukom:
Opisina ng mga Pagdinig na Pampangasiwaan (Office of Administrative Hearings)

Tungkol kay: Case No. XXXXXXXX
Pangalan ng Estudyante v. Distrito
MUNGKAHI PARA MANATILI

Hinihiling ko na ang paglalagay ng aking anak, nilinaw ng kanyang pinakahuling ipinatupad na IEP, ay ituring na nagpapanatili ng paglalagay para sa panahon ng mga angkop na paraan ng pagdinig.

Sa ilalim ng batas sa espesyal na edukasyon ng pederal na pamahalaan at California,ang isang estudyante ng espesyal na edukasyon ay karapat-dapat na manatili sa kanyang kasalukuyang paglalagay na pang-edukasyon habang hinihintay ang pagkumpleto ng mga pamamaraan ng angkop na paraan ng pagdinig maliban kung iba ang napagkasunduan ng mga partido.. (20 U.S.C. § 1415(j); 34 C.F.R. § 300.518(a) (2006); Ed. Code, §§ 48915.5, 56505, subd. (d).) Ang layunin na manatili ay panatilihin ang kasalukuyang kalagayan ng programang pang-edukasyon ng estudyante habang hinihintay ang paglutas ng angkop na paraan ng pagdinig. (*Stacey G. v. Pasadena Independent School Dist.* (5th Cir. 1983) 695 F.2d 949, 953; *D. v. Ambach* (2d Cir. 1982) 694 F.2d 904, 906.) Para sa mga layunin na manataili, ang kasalukuyang paglalagay na pang-edukasyon ay pangkaraniwang ang paglalagay na tinatawag sa IEP ng estudyante, na ipinatupad bago lumitaw ang hidwaan. (*Thomas v. Cincinnati Bd. of Educ.* (6th Cir. 1990) 918 F.2d 618, 625.)

Kalakip nito pinakahuling ipinatupad ng IEP ng aking anak na nagpapakita ng kanyang paglalagay at ng mga serbisyong isasama:

[Ilista ang mga ito]

Ang Distrito ay tumangging magkaloob ng XXXXX na paglalagay o XXXX serbisyo sa aking anak.

Ipinahahayag ko sa ilalim ng parusa sa pagbibigay ng hindi totoong sinumpaang pahayag sa ilalim ng mga batas ng Estado ng California na ang nauna ay totoo at tumpak at isinagawa sa [Lunsod, California] sa [petsa].

Dahil dito, hinihiling ko na maglabas ang OAH ng utos na manatili.

Matapat,

XXXXXXXXXX

cc: Distrito ng paaralan
[Alinmang ibang mga partido]
[kumpletuhin at ilakip ang katunayan ng paghahain (Pormularyo 3), at ilakip ito sa iyong mungkahi.] Ilakip din ang isang kopya ng pinakahuling ipinatupad na IEP.]